

Lungsod at County ng San Francisco Pamplet ng Impormasyon para sa Botante



Inyong Lungsod. Inyong Pagpili.

Eleksyon sa Nobyembre 6, 2018

Bumoto sa pamamagitan ng Koreo:
Humiling bago o sa Oktubre 30

Bumoto sa City Hall:
Oktubre 9 – Nobyembre 6

Bumoto sa inyong Lugar ng Botohan:
Nobyembre 6, Araw ng Eleksyon

Para sa Halimbawang Balota para sa eleksyong ito, mangyaring tingnan ang bersiyong Ingles nitong pamplet, na ipinadala sa lahat ng nakarehistrong botante. Kung gusto ninyo ng isa pang kopya ng bersiyong Ingles nitong pamplet, mangyaring tumawag sa (415) 554-4310. Maaari din ninyong matingnan ang inyong Halimbawang Balota sa selections.org.



**SAN FRANCISCO
ELECTIONS**

Inilathala ng:
Departamento ng mga Eleksyon
Lungsod at County ng San Francisco

Mga Importanteng Petsa

Magbubukas ang City Hall Voting Center
(Sentro ng Botohan sa City Hall)

Martes, Oktubre 9

Huling araw para magparehistro upang makaboto

Lunes, Oktubre 22

- Hindi umabot sa deadline? Bisitahin ang sfelections.org, "Rehistrasyon para sa mga Espesyal na Kalagayan"
- Maaaring magparehistro at bumoto ang mga bagong mamamayan ng Estados Unidos sa City Hall hanggang sa Araw ng Eleksyon

Pagboto sa weekend sa City Hall Voting Center

Sabado at Linggo, Oktubre 27–28

Huling araw para humiling ng vote-by-mail (pagboto sa pamamagitan ng koreo) na balota

Martes, Oktubre 30

Pagboto sa weekend sa City Hall Voting Center

Sabado at Linggo, Nobyembre 3–4

Bukas ang mga Drop-off Station (Lugar na Paghuhulugan) ng Balota sa ilang pasukan ng City Hall

Sabado–Martes, Nobyembre 3–6

Oras ng botohan sa Araw ng Eleksyon (lahat ng mga lugar ng botohan at sa City Hall Voting Center)

**Martes, Nobyembre 6,
mula 7 a.m. hanggang 8 p.m.**

Makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon

TELEPONO

Filipino: (415) 554-4310
TTY: (415) 554-4386

KOREO

Department of Elections
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place
City Hall, Room 48
San Francisco, CA 94102-4634

EMAIL

Gamitin ang form para sa email sa
sfelections.org/sfvote

Ang mga oras na bukas ang opisina ay Lunes hanggang Biyernes (maliban sa mga pista opisyal) mula 8 a.m. hanggang 5 p.m.

Tingnan ang *sfelections.org* para:

- I-check ang status ng inyong pagpaparehistro bilang botante
- Magparehistro upang makaboto o i-update ang inyong rehistrasyon
- Dagdagan ang kaalaman tungkol sa ranked-choice voting (pagboto na aantasin ang mga piniling kandidato)
- Humiling ng vote-by-mail (pagboto sa pamamagitan ng koreo) na balota
- I-check ang status ng inyong vote-by-mail na balota
- Tingnan ang lokasyon ng inyong lugar ng botohan
- Tingnan ang inyong halimbawang balota

Return Address:

Napirmahan na ba ninyo ang kabila
ng inyong Aplikasyon para sa
Vote-by-Mail na balota?



Dikitan ng isang
first-class
selyo dito.
Hindi ihahatid
ng Post Office
kung wala nito.



**DIRECTOR OF ELECTIONS
DEPARTMENT OF ELECTIONS
1 DR CARLTON B GOODLETT PLACE ROOM 48
SAN FRANCISCO CA 94102-4608**



Talaan ng mga Nilalaman

Pamplet ng Impormasyon para sa Botante Pinagsamang Pangkalahatang Eleksyon — Nobyembre 6, 2018

Pangkalahatang Impormasyon

Mga importanteng petsa ng eleksyon . . . (loob ng harap na pabalat)	
Sulat mula sa Direktor	2
Layunin ng Pamplet ng Impormasyon para sa Botante at Gabay ng Impormasyon para sa Botante	3
Komite para Gawing mas Simple ang Balota	3
Kumpirmahin ang lokasyon ng inyong lugar ng botohan	4
Pagboto ng mga Hindi-Mamamayan sa Eleksyon para sa Lupon ng Edukasyon	4
Kung saan at kailan boboto	5
Kung paano bumoto	6
Ranked-choice voting	7
Paano makakuha ng bagong balota kapag nagkamali kayo	8
Mga eleksyon sa California	9
Accessible na Sistemang Vote-by-Mail	11
Access para sa mga botanteng may kapansanan	12
Tulong sa wikang Filipino	15
Libreng mga klase sa Ingles	15
Be a poll worker	16
Mga madalas na itanong	78
Batas sa mga karapatan ng botante	81
Pagiging kumpidensiyal at mga rekord ng botante	81
Programang Ligtas sa Tahanan	81
Talatuntunan	82
Worksheet ng Balota(huling pahina)	
Makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon (loob ng likod na pabalat)	
Website ng Departamento ng mga Eleksyon (loob ng likod na pabalat)	
Address ng inyong lugar ng botohan(likod na pabalat)	
Aplikasyon para sa vote-by-mail na balota(likod na pabalat)	
Aplikasyon para sa permanenteng vote-by-mail na estado(likod na pabalat)	

Mga Pahayag ng mga Kuwalipikasyon ng Kandidato

Impormasyon tungkol sa kandidato at katungkulan	17
Mga pag-endorso ng partido	18
Mga Kandidato para sa Kinatawan ng Estados Unidos	20
Mga Kandidato para sa Asembleya ng Estado	22
Mga Kandidato para sa Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad	24
Mga Kandidato para sa Direktor ng BART	26
Mga Kandidato para sa Lupon ng Edukasyon	29
Mga Kandidato para sa Assessor-Recorder (Tagatasa-Tagatala)	39
Mga Kandidato para sa Public Defender (Pampublikong Tagapagtanggol)	40
Mga Kandidato para sa Lupon ng mga Superbisor	41

Mga Lokal na Panukalang-Batas sa Balota

Impormasyon tungkol sa mga lokal na panukalang-batas na nasa balota at mga argumento	53
Pangkalahatang buod ng utang ng San Francisco	54
Mga salitang dapat ninyong malaman	56
A: Earthquake Safety Bond (Utang na Pangkaligtasan mula sa Lindol) para sa Embarcadero Seawall	58
B: Mga Gabay ng Lungsod ukol sa Pagiging Pribado ng Impormasyon	62
C: Karagdagang mga Buwis sa Negosyo para Mapondohan ang mga Serbisyo sa Homeless o Walang Tahanan	66
D: Karagdagang Buwis sa mga Negosyo ng Cannabis; Paggpapalawak sa mga Negosyong Pinapatawan ng mga Buwis sa Negosyo	70
E: Alokasyon ng Bahagi ng Buwis sa mga Hotel para sa Paggamit sa Sining at Kultura	74



Pamplet ng Impormasyon para sa Botante ng San Francisco

Inilathala ng Departamento ng mga Eleksyon
Lungsod at County ng San Francisco
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place, City Hall, Room 48
San Francisco, CA 94102-4634
sfelections.org

Mga Pagsasalín at layout/typesetting ng InterEthnica
Inilimbag ng Merrill Communications LLC



Mangyaring i-recycle ang pamplet na ito.



CITY AND COUNTY OF SAN FRANCISCO DEPARTMENT OF ELECTIONS

John Arntz, Direktor

Mahal na Botante ng San Francisco,

Agosto 22, 2018

Ang **Araw ng Eleksyon** ay sa Nobyembre 6, 2018 na, at magbubukas ang **mga lugar ng botohan nang 7 a.m. at magsasara nang 8 p.m.**, sa kabuuan ng lungsod. Handa na ang Departamento ng mga Eleksyon para sa pagboto ng lahat sa lugar ng botohan, sa pamamagitan ng koreo, o sa City Hall. Nakagawa na rin kami ng maraming impormasyon para sa mga botante tungkol sa Consolidated General Election (Pinagsamang Pangkalahatang Eleksyon) na ito, at makukuha ang impormasyon ito sa aming website, na sfelections.org.

Impormasyon tungkol sa Non-citizen Voting (Pagboto ng Hindi-Mamamayan)

Kaugnay ng eleksyon ngayong Nobyembre ang pagpapatupad ng Departamento ng non-citizen voting (pagboto ng hindi-mamamayan) sa eleksyon para sa Board of Education (Lupon ng Edukasyon), ayon sa pag-apruba ng mga botante sa ilalim ng "Prop N" sa eleksyon noong Nobyembre 2016. Upang makapagparehistro at bumoto sa eleksyon para sa Board of Education, kailangang nakatira ang non-citizen sa San Francisco, at isang magulang, legal na tagapatnubay, o tagapag-alaga o caregiver (ayon sa pagbibigay-depinisyon ng California Family Code o Kodigo ng Pamilya Seksyon 6550) ng mga batang mas bata sa edad na 19, na nakatira din sa San Francisco. Sinumang nakakulong o nakaparle dahil nahatulan na batay sa kriminal na pagkakasala, o kasalukuyang napagpasyahan ng korte na may kakulangan sa pag-iisip, ay hindi kuwalipikado para magparehistro at bumoto.

Boboto ang mga botanteng non-citizen ng balotang iisa lamang ang card at mga kandidato lamang para sa labanan na Board of Education ang nakalista. Hindi kuwalipikado ang non-citizen na bumoto sa iba pang labanan bukod sa Board of Education.

Multi-Card na mga Balota

Gayon pa man, bobotong muli ang karamihan sa mga botante gamit ang balotang multi-card (maraming card), na binubuo ng apat na card. May makikitang labanan para sa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) sa kanilang mga balota ang mga botanteng nakatira sa mga Superbisoryal na Distrito na even ang numero (2, 4, 6, 8, at 10).

Ballot Worksheet (Worksheet ng Balota)

Gaya ng bawat eleksyon, kasama sa Voter Information Pamphlet (Pamplet ng Impormasyon para sa Botante) ang "Worksheet ng Balota," na nagkakaloob ng espasyo upang maisulat ninyo ang mga napili para sa bawat labanan at panukalang-batas bago ninyo markahan ang inyong balota. Makatutulong ang paggamit ng Worksheet sa tamang pagmamarka sa inyong balotang vote-by-mail (pagboto sa pamamagitan ng koreo). Puwede rin ninyong dalhin ang inyong Worksheet sa lugar ng botohan para mabawasan ang oras na kakailanganin ninyo sa pagmamarka ng inyong balota sa ginagamit na booth sa pagboto.

Online na Voter Information Pamphlet (Pamplet ng Impormasyon para sa mga Botante)

Makukuha rin ang Voter Information Pamphlet sa mga digital na bersyon sa voterguide.sfelections.org sa magagamit na HTML at open XML na format sa Ingles, Tsino, Espanyol, at Filipino. Naka-format ang nilalaman para sa smart devices (elektronikong kagamitan na konektado sa iba pang kagamitan), na nagpapahintulot sa mga botante ng maraming pagkakataon na mapag-aralan ang Pamplet at pag-isipan ang mga pipiliin sa pagboto.

Voting Center sa City Hall (Sentro ng Botohan sa City Hall)

Puwedeng bisitahin ng lahat ng rehistradong botante sa San Francisco ang Voting Center sa City Hall ng Departamento simula Oktubre 9. Simula Oktubre 22, bukas ang Voting Center araw-araw, kasama na ang Araw ng Eleksyon, sa mga oras na nakalista sa ibaba. Puwede ring i-update o baguhin ng mga tao ang kanilang impormasyon sa pagpaparehistro bilang botante sa Voting Center at makatanggap ng mga balota sa pagbisita ring iyon. Tuwing Sabado at Linggo, pumasok sa City Hall sa pamamagitan ng pasukan sa Grove Street.

Puwede ring bumisita sa Voting Center ang mga kuwalipikadong bumoto pero hindi pa nakapagpaparehistro, at nang makapagbigay ng kanilang impormasyon sa pagpaparehistro at makakuha ng balota. Matapos magsara ang opisyal na panahon ng pagpaparehistro sa Oktubre 22, puwede pa ring makapagparehistro ang mga tao upang bumoto at makatanggap ng balota sa pamamagitan ng pagbisita sa Voting Center sa City Hall, hanggang sa Araw ng Eleksyon.

Mga Oras ng Voting Center

Sabado-Linggo, Oktubre 27-28, 10 a.m.-4 p.m.

Sabado-Linggo, Nobyembre 3-4, 10 a.m.-4 p.m.

Lunes, Nobyembre 5, 8 a.m.-5 p.m.

Araw ng Eleksyon, Martes, Nobyembre 6, 7 a.m.-8 p.m.

Vote-by-Mail Ballot Drop-Off Stations (Lugar ng Paghuhulugan ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo na Balota)

Simula Nobyembre 3, na Sabado bago ang Araw ng Eleksyon, magkakaloob ang Departamento ng mga Lugar ng Paghuhulugan ng Balota, at nang maihatid ng mga botante ang kanilang balota sa mga kawani ng Departamento. Matatagpuan ang mga estasyon sa mga bangketang nasa harapan ng City Hall sa Goodlett Place (Polk Street) at mga gilid ng gusali sa Grove Street, at puwedeng magamit ang mga ito hanggang Araw ng Eleksyon sa parehong mga oras na bukas ang Voting Center, ayon sa nakalista sa itaas.

At, tandaang repasuhin ang magkabilang bahagi ng lahat ng ballot card kapag bumoboto, at nang walang labanan o panukalang-batas ang malalagpasan at maiiwan nang hindi naiboboto – isa pa rin itong pahiwatig para gamitin ang Worksheet ng Balota, at nang alam ninyong lubos kayong nakalahok sa eleksyong ito!


Gumagalang,
John Arntz, Direktor



Layunin ng Pamplet ng Impormasyon para sa Botante at Gabay na Impormasyon para sa Botante

Makatatangap kayo ng *dalawang* gabay na impormasyon para sa botante para sa eleksiyong ito:

1 Pamplet ng Impormasyon para sa Botante ng San Francisco *(ang gabay na ito)*



Kasama sa pamplet na ito ang impormasyon tungkol sa pagboto sa San Francisco, mga kandidatong tumatakbo para sa lokal at ilang mga katungkulan sa estado at pederal, at lokal na mga panukala sa balota. Para sa detalye, tingnan ang Talaan ng mga Nilalaman o Index.

Inihahanda ng Departamento ng mga Eleksyon ng San Francisco ang Pamplet ng Impormasyon para sa Botante bago sumapit ang bawat


eleksyon at ipinadadala ito sa mail sa bawat rehistradong botante alinsunod sa batas.

Ang pamplet na ito ay may iba't ibang format:

- Sa sfelections.org sa PDF, HTML, at XML na mga format
- Malaking imprenta. Para humiling, tumawag sa (415) 554-4310.

Mahamanap ninyo ang halimbawang balota sa Ingles na bersiyon ng pamplet na ito, na ipinadala sa lahat ng nakarehistrong botante. Mahahanap rin ninyo ang kopya sa sfelections.org. Kung gusto ninyo ng ekstrang kopya ng Ingles na bersiyon ng pamplet na ito, tumawag sa (415) 554-4310.

2 Gabay na Impormasyon para Botante ng Estado ng California



Ang California Secretary of State (Kalihim ng Estado ng California) ay gumagawa ng Gabay na Impormasyon para sa Botante ng estado, na may impormasyon tungkol sa mga kandidato para sa ilang katungkulan ng estado at pederal at sa mga panukala ng estado. Maaari ninyo itong makita sa sos.ca.gov.



Maaari ninyong dalhin ang mga pamplet na ito sa inyong lugar ng botohan. May mga kopya rin ang bawat lugar ng botohan. Tanungin ang isang manggagawa sa lugar ng botohan kung nais ninyong makakita ng isa.



Magtipid ng papel at sa halip, basahin ang pamplet na ito online: sfelections.org/viponline.

Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Nagtatrabaho ang Ballot Simplification Committee sa mga pampublikong pagpupulong para maghanda ng walang kinikilingang pagbuod sa simpleng salita ng bawat panukalang-batas sa balotang lokal. Sinusulat o sinusuri din ng Komite ang iba pang impormasyon na nasa pamplet na ito, pati ang glossary ng "Mga Salitang Dapat Ninyong Malaman" at ang "Mga Madalas Itanong" (FAQs).

Ang mga miyembro ng Komite ay may mga karanasan sa pamamahayag, edukasyon, at nakasulat na komunikasyon. Binoboluntaryo nila ang kanilang oras para ihanda ang mga materyales na ito para sa mga botante.

Ang mga miyembro ng Komite ay sina:

Betty Packard, Tagapangulo

Nominado ng:

National Academy of Television Arts and Sciences (Pambansang Akademiya ng Sining at Agham ng Telebisyon)

Scott Patterson

Nominado ng:

National Academy of Television Arts and Sciences (Pambansang Akademiya ng Sining at Agham ng Telebisyon)

Ashley Raveche

Nominado ng:

League of Women Voters (Liga ng mga Kababaihang Botante)

Michele Anderson

Nominado ng:

Pacific Media Workers Guild (Samahan ng mga Manggagawa sa Media sa Pacific)

Neha Gupta, *ex officio**

Deputy City Attorney (Kinatawang Abugado ng Lungsod)

Leila Mongan, *ex officio**

Deputy City Attorney (Kinatawang Abugado ng Lungsod)

*Ayon sa batas, ang City Attorney, o ang kinatawan niya, ay naglilingkod sa Ballot Simplification Committee at maaaring magsalita sa mga pagpupulong ng Komite ngunit hindi maaaring bumoto.



Tingnan ang Likod na Pabalat para sa Lokasyon ng Inyong Lugar ng Botohan

Maaaring nagbago ang inyong lugar ng botohan para sa eleksyong ito!

Sa likod na pabalat ng pamplet na ito, matatagpuan ninyo ang:

1 Address ng inyong lugar ng botohan

2

Indikasyon kung ang inyong lugar ng botohan ay **madaling mapuntahan at mapasukan ng mga botanteng may mga kapananan**. Para makahanap ng karagdagang impormasyon tungkol sa accessible voting (mga paraan para mapadali ang pagboto), tingnan ang Talaan ng mga Nilalaman.

DEPARTMENT OF ELECTIONS, City and County of San Francisco
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place, City Hall, Room 48
San Francisco, CA 94102-4696
Telephone: (415) 554-4375 TTY: (415) 554-4386
selections.org

NON-PROFIT ORG.
U.S. POSTAGE
PAID
SAN FRANCISCO, CA
PERMIT NO. 2750

OFFICIAL ELECTION MAIL
Authorized by the U.S. Postal Service

ELECTRONIC SERVICE REQUESTED

Notice: If the person below is not at this address, please help keep the voter rolls current and save taxpayer dollars by returning this pamphlet to your mail carrier.

Address ng inyong lugar ng botohan: Address na Pang-koreo / Mailing Address:

1

Madali bang makarating at makapasok sa pasukan at sa lugar ng botohan? **2**

Aplikasyon para sa Vote-by-Mail para sa Nobyembre 6, 2018, Pinagsamang Pangkalahatang Eleksyon
Dapat nasa tanggapan na ng Departamento ng mga Eleksyon itong Aplikasyon nang hindi lalampas ng 5 p.m. sa Oktubre 30.

Pangalan/Name:

Makikita rin ang address ng inyong lugar ng botohan sa selections.org/pollsite

Bakit Nagbabago ang mga Lugar ng Botohan?

Hindi pag-aari ng Departamento ng mga Eleksyon ang alinmang lugar na ginagamit bilang lugar ng botohan; umaasa ito sa komunidad na magbigay ng mga lokasyong mapupuntahan ng lahat ng mga botante. Kung may pag-aari kayong lugar na maaaring naaangkop bilang lugar ng botohan para sa mga eleksyon sa hinaharap, mangyaring makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon sa (415) 554-4310.

Nahuling Pagbabago ng Lugar ng Botohan

Kung hindi na maaaring magamit ang isang lugar ng botohan pagkatakapos na ipadala sa mail ang Pamplet ng Impormasyon para sa Botante, ipagbibigay-alam ng Departamento ng mga Eleksyon sa mga botanteng naapektuhan sa pamamagitan ng:

- **Mga Card ng Pagbibigay-abiso para sa "Pagbabago ng Lugar ng Botohan"** na ipinadala sa mail sa lahat ng nakarehistrong botante sa presinto.
- **Mga Karatulang "Pagbabago ng Lugar ng Botohan"** na nakapaskil sa dating lokasyon.

Pagboto ng mga Hindi-Mamamayan sa Eleksyon para sa Lupon ng Edukasyon

Noong Nobyembre 2016 eleksyon, inaprobahan ng mga botante ng San Francisco ang Proposisyon N, na nag-aamyenda ng Tsarter ng Lungsod para pahintulutan ang mga hindi-mamamayan na residente ng San Francisco na nasa legal na edad sa pagboto; na hindi nakakulong o naka-parole dahil nahatulan ng isang peloni; na magulang, legal na guardian, o tagabigay ng pag-alaga o caregiver (ayon sa depinasyon sa ilalim ng California Family Code Seksyon 6550) ng batang nasa ilalim ng 19 na edad na nakatira sa San Francisco, na bumoto para sa mga miyembro ng Lupon ng Edukasyon. Mahahanap ang impormasyon tungkol sa rehistrasyon at pagboto ng hindi-mamamayan selections.org/noncitizen o sa pag-tawag sa (415) 554-4310.




Kung Saan at Kailan Boboto



Bumoto sa City Hall Voting Center (Sentro ng Botohan sa City Hall)

Simula sa Oktubre 9 hanggang sa Araw ng Eleksyon, maaaring bumoto ang sinumang botante ng San Francisco sa City Hall Voting Center, sa labas ng Room 48:

- **Lunes hanggang Biyernes**, Oktubre 9–Nobyembre 5, 8 a.m. hanggang 5 p.m.
- **Sabado at Linggo**, Oktubre 27–28 at Nobyembre 3–4, 10 a.m. hanggang 4 p.m. (pumasok sa Grove Street)
- ★ **Araw ng Eleksyon**, Martes, Nobyembre 6, mula 7 a.m. hanggang 8 p.m.



Pagboto sa Pamamagitan ng Pag-Mail (Koreo)

Maaaring humiling ang sinumang botante ng vote-by-mail na balota, para sa eleksyong ito lamang o para sa lahat ng eleksyon.

- Kung palagi kayong bumoboto sa pamamagitan ng mail, ipadadala ang balota ninyo sa unang bahagi ng Oktubre. Kung hindi pa ninyo natatanggap ang inyong balota pagdating ng Oktubre 12, mangyaring tumawag.
- **Bagong serbisyo para sa mga botanteng may kapansanan:** Ang accessible na sistemang vote-by-mail ay isang opsiyon sa pagpapadala ng balota na pinapayagan ang mga botanteng may kapansanan na i-access ang kanilang balota gamit ang anumang kompyuter na may internet access (tingnan ang pahina 11).
- Pagkatanggap ninyo ng inyong balota, basahin nang mabuti at sundin ang mga instruksiyon na kalakip nito.
- Mayroong **tatlong paraan para sa pagbabalik ng inyong balota:**
 - I-mail ito sa Departamento ng mga Eleksyon. Ang pambalik na sobre ay dapat ma-postmark ng U.S. postal service o matatakan ng petsa ng kompanyang naghahatid ng sulat bago o sa Araw ng Eleksyon, Martes, Nobyembre 6, AT matanggap ng Departamento ng mga Eleksyon nang hindi lalampas ng Biyernes, Nobyembre 9.
 - Ihulog ito sa City Hall Drop-off Station (Lugar na Paghuhulugan sa City Hall).
 - Ihulog ito sa anumang lugar ng botohan sa California sa Araw ng Eleksyon.

Hanapin ang mga detalye sa mga instruksiyong kalakip ng inyong balota, o tingnan ang sfelections.org/vbm.

- Para tiyakin ang status ng inyong vote-by-mail na balota anumang oras mula sa panahon ng pagpapadala sa mail hanggang sa matapos itong bilangin, tingnan ang sfelections.org/vbmstatus o tumawag sa (866) 325-9163 toll free (walang bayad na tawag). Kung **hindi maaaring** bilangin ang inyong

balota, ipakikita ng tool na ito kung paano ninyo itatama ang isyu bago ang Araw ng Eleksyon para mabilang namin ang inyong balota.

- Simula sa Oktubre 23, maaari ninyong panoorin ang pagbukas at pagproseso ng mga vote-by-mail na balota sa Departamento ng mga Eleksyon sa sfelections.org/observe.

Iwasan ang mga isyung ito para matiyak na mabililang ang inyong balota!

Ang mga pinakakaraniwang dahilan kung bakit hindi maaaring bilangin ang mga vote-by-mail na balota ay mga isyu sa pirma at mga nahuling pagbabalik:


- Hindi pinirmahan ng botante ang pambalik na sobre,
- Hindi magkatugma ang pirma ng botante sa sobre, sa pirma ng botante sa mga rekord ng Departamento ng mga Eleksyon,
- Na-postmark ang balota ng botante matapos ang Araw ng Eleksyon, o natanggap nang lampas sa tatlong araw matapos ang Araw ng Eleksyon.

Kung Paano Humiling na Bumoto sa Pamamagitan ng Mail

Kung gusto ninyong bumoto sa pamamagitan ng vote by mail para sa eleksyon sa Nobyembre 6, dapat matanggap ng Departamento ng mga Eleksyon ang inyong kahilingan nang Oktubre 30. Mayroong ilang paraan para hilingin ang pagboto sa pamamagitan ng mail:

- Sagutan at ibalik ang aplikasyon na nasa likod na pabalat ng pamplet na ito.
- Tingnan ang sfelections.org/vbm.
- Tumawag sa (415) 554-4310, o pumunta sa Departamento ng mga Eleksyon sa City Hall, Room 48.
- I-mail, i-fax, o i-email ang naka-scan na kahilingan sa Departamento ng mga Eleksyon kasama ang inyong pangalan, petsa ng kapanganakan, ang address ng inyong tirahan, ang address kung saan ninyo gustong i-mail ang inyong balota, at ang inyong pirma.

Kung gusto ninyong bumoto sa pamamagitan ng mail sa lahat ng mga eleksyon, tukuyin na gusto ninyong maging permanenteng vote-by-mail na botante.



Bumoto sa Inyong Lugar ng Botohan sa Araw ng Eleksyon

- Ang lugar kung saan kayo nakatira ang batayan kung aling mga labanan at mga kandidato ang lilitaw sa inyong balota. Para matanggap ang balotang may wastong mga labanan at kandidato, bumoto sa lugar ng botohan na itinalaga sa inyo.
- I-check ang address ng inyong lugar ng botohan sa likod na pabalat ng pamplet na ito, o tingnan ang sfelections.org/pollsite.
- Ang mga lugar ng botohan ay bukas sa Araw ng Eleksyon, Martes, Nobyembre 6, mula 7 a.m. hanggang 8 p.m.



Kung Paano Bumoto

Piliin Ang Inyong Pinapaborang Wika

Tatlong bersiyon ng balota ang nakahanda, ang bawat isa ay may Ingles at isa pang ibang wika:

- Ingles at Tsino
- Ingles at Espanyol
- Ingles at Filipino

Kung bumoboto kayo sa pamamagitan ng mail (koreo):

Kapag ipinaalam ninyo sa Departamento ng mga Eleksyon na mas gusto ninyo ng balota na may wikang Tsino, Espanyol o Filipino, tatanggap kayo ng balota sa Ingles at sa wikang binanggit ninyo. Para makasigurado na makatatanggap kayo ng mas pinapaboran ninyong bersiyon ng balota, i-check o i-update ang inyong language preference (mas pinapaborang wika) sa sfelections.org/language. Kung hindi ninyo nagawa ito at kapag hindi ninyo ipinaalam ang inyong pinapaborang wika bago i-mail ang inyong balota, nakasaad sa mga instruksiyong nakalakip kasama ng balota kung paano ipagpapalit ito para sa isang balota na nasa inyong pinapaborang wika.

Kung bumoboto kayo sa lugar ng botohan:

Ang mga balota sa Ingles at lahat ng mga sertipikadong wika (Tsino, Espanyol, at Filipino) ay makukuha sa City Hall Voting Center at sa lahat ng mga lugar ng botohan. Ang bawat lugar ng botohan ay magkakaroon din ng mga facsimile ballot sa Vietnamese at Koreano; ang mga ito ay eksaktong kopya ng opisyal na balota na may mga nilalamang salin, para sa mga botante, at nang magamit na sanggunian.

Kapag ipinaalam ninyo sa Departamento ng mga Eleksyon bago dumating ang Araw ng Eleksyon na mas gusto ninyo ang balota na may wikang Tsino, Espanyol o Filipino, bibigyan kayo ng manggagawa sa lugar ng botohan ng balota na may Ingles at ng wikang pinili ninyo. Ipaalam ninyo sa Departamento ng mga Eleksyon ang inyong pinapaborang wika sa sfelections.org/language. Kapag hindi ninyo nagawa ito, maaari ninyong hilingin ang inyong pinapaborang wika sa isang manggagawa sa lugar ng botohan sa Araw ng Eleksyon.

Piliin Ang Format ng Inyong Balota

- Tatanggap kayo ng balotang papel maliban na lamang kapag hiniling ninyong gamitin ang accessible voting machine (nagagamit na makinang pamboto) (tingnan ang pahina 12).
- Kung gagamitin ninyo ang accessible voting machine, magbigay ng mga instruksiyon ang makina.
- **Bagong serbisyo para sa mga botanteng may kapansanan:** Ang accessible na sistemang vote-by-mail ay isang opsiyon sa pagpapadala ng balota na pinapayagan ang mga botanteng may kapansanan na i-access ang kanilang balota

gamit ang anumang kompyuter na may internet access (tingnan ang pahina 11).

Markahan ang Inyong Balotang Papel

- Basahin ang mga instruksiyon na naka-print sa bawat balotang card.
- Basahin ang harap at likod ng bawat card para sa mga pinaglalabanan.
- Para sa bawat labanan, naka-print sa itaas ng talaan ng mga pangalan ang bilang ng mga kandidato na maaari ninyong piliin. Kapag mahigit sa pinahihintulatang kandidato ang minarkahan ninyo, o pareho ninyong minarkahan ng "00" at ng "HINDI" ang labanan para sa panukalang-batas, hindi mabibilang ang inyong boto para sa labanang iyon o para sa pinili ninyo.
- Gumamit ng panulat na may itim o dark blue na tinta, o #2 na lapis.
- Kumpletuhin ang arrow na nakaturo sa pinili ninyo para sa labanan o panukalang-batas, tulad ng naka-larawan sa litrato ①
- Kung ayaw ninyong bumoto sa isang labanan o panukalang-batas, iwanang blangko ang labanan o ang panukalang-batas na iyon. Bibilangin pa rin ang inyong mga boto para sa ibang labanan at panukalang-batas.

① Paano mamarkahan ang inyong pinili:

ELEANOR ROOSEVELT Incumbent Kasalukuyang nanunungkulan	←	<input type="checkbox"/>
CESAR CHAVEZ Labor Organizer Tagapag-ayos ng mga Manggagawa	←	<input checked="" type="checkbox"/>
WALTER LUM Publisher Tagapaglathala	←	<input type="checkbox"/>
MARTIN LUTHER KING, JR. Minister Ministro	←	<input type="checkbox"/>
	←	<input type="checkbox"/>



Ranked-Choice Voting (Pagboto na Aantasin ang Mga Piniling Kandidato)

Para sa eleksyong ito, gagamit ang lahat ng botante ng San Francisco ng ranked-choice voting para ihalal ang Tagatasa-Tagatala at ang Pampublikong Tagapagtanggol. Ihahalal din ng mga botante na naninirahan sa mga Superbisoryal na Distrito 2, 4, 6, 8, at 10 ang kanilang miyembro ng Lupon ng mga Superbisor gamit ang ranked-choice voting.

Paano Isinasagawa ang Ranked-Choice Voting

- Una, ang boto para sa unang pinili ng lahat ay bibilangin.
- Kung ang isang kandidato ay may pinakamaraming boto para sa unang pinili—mahigit sa kalahati—panalo ang kandidatong iyon.
- Kung walang kandidatong may pinakamaraming boto para sa unang pinili, ang kandidatong nasa huling puwesto ay tatanggalin.
- Ang mga boto para sa tinanggal na kandidato ay ililipat sa susunod na piniling kandidato na minarkahan sa mga balotang iyon.

- Kung may karamihan ng mga boto ang isang kandidato pagkatapos na mailipat itong mga boto, panalo ang kandidatong iyon.
- Kung wala pa ring kandidatong may pinakamaraming boto, itutuloy ang proseso ng pagtatanggal ng mga kandidato at paglilipat ng mga boto hanggang sa iisang kandidato ang may mayorya.

Paano Mamarkahan ang Labanan na Gumagamit ng Ranked-Choice Voting

- Para sa ranked-choice voting, ang mga pangalan ng lahat ng kandidato ay nakatala sa tatlong umuulit na hanay sa balota. Ito ay nagpapahintulot sa inyo na antasin ang hanggang sa tatlong kandidato para sa iisang katungkulan: isang paborito, at dalawang iba pa.
- Pumili ng **isa lamang na gusto** sa bawat hanay, tulad ng inilalarawan sa litrato **2**.
- Para antasin ang mas kaunti sa tatlong kandidato, iwanang blangko ang anumang natitirang mga hanay.
- Para bumoto sa kuwalipikadong isinusulat-lamang na kandidato, tingnan ang susunod na pahina.

2

Paano mamarkahan ang labanan sa ranked-choice voting:

1 FIRST CHOICE UNANG PINILI	2 SECOND CHOICE PANGALAWANG PINILI	3 THIRD CHOICE PANGATLONG PINILI
Vote for One Bumoto ng Isa	Vote for One: Must be different than your first choice Bumoto ng Isa: Dapat naiiba ito sa unang pinili ninyo	Vote for One: Must be different than your first and second choices Bumoto ng Isa: Dapat naiiba ito sa una at pangalawang pinili ninyo
OCEAN KARAGATAN	OCEAN KARAGATAN	OCEAN KARAGATAN
MOUNTAIN BUNDOK	MOUNTAIN BUNDOK	MOUNTAIN BUNDOK
LAKE LAWA	LAKE LAWA	LAKE LAWA
FOREST GUBAT	FOREST GUBAT	FOREST GUBAT
BEACH TABING-DAGAT	BEACH TABING-DAGAT	BEACH TABING-DAGAT



Paano ko mamarkahan ang aking balota kung mas kaunti sa tatlo ang mga kandidato para sa labanang ranked-choice?

Kung mas kaunti sa tatlo ang mga kandidato para sa isang katungkulan, markahan ang inyong (mga) pinili at iwanang blangko ang anumang natitirang mga hanay.

Para sa mga labanang gumagamit ng ranked-choice voting, itinatakda ng Batas ng San Francisco na payagan ang bawat botante na mag-antas ng hindi bababa sa tatlong mga pinili. Gayunman, minsan mas mababa sa tatlong mga kandidato ang naghahain ng papeles para kumandidato para sa isang katungkulan.


Maaaring may ibang mga taong naghain para maging mga isinusulat-lamang na kandidato. Para sa mas maraming impormasyon, tingnan sa ibaba.

Paano Bumoto para sa Kuwalipikadong Isinusulat-lamang na Kandidato

- Bukod sa mga kandidatong nakalista sa balota, maaaring mayroong mga kuwalipikadong isinusulat-lamang na mga kandidato. Ang ibig sabihin ng “kuwalipikado” ay mga kandidatong nagsumite ng mga dokumentong kailangan para tumakbo para sa isang katungkulan.
- Ang tanging mabibilang na mga botong isinusulat-lamang ay iyong mga boto para sa kuwalipikadong mga kandidato.
- Para sa listahan ng kuwalipikadong isinusulat-lamang na mga kandidato, tingnan ang sfelections.org/writein sa o pagkaraan ng Oktubre 26, o humiling sa isang manggagawa sa lugar ng botohan.
- Bago kayo maghain ng isinusulat-lamang na boto, tiyakin na:
 - **Hindi nakalista sa balota** ang kandidato.
 - **Nasa kuwalipikadong isinusulat-lamang na listahan** ang kandidato.
 - Isulat ang pangalan ng kandidato sa espasyong nasa kata-pusan ng listahan ng mga kandidato at **kumpletuhin ang arrow** na nakaturo sa espasyo, tulad ng inilalarawan sa litrato ³

3 Kung paano bumoto para sa kuwalipikadong isinusulat-lamang na kandidato:

ELEANOR ROOSEVELT Incumbent Kasalukuyang nanunungkulan	←	■
CESAR CHAVEZ Labor Organizer Tagapag-ayos ng mga Manggagawa	←	■
WALTER LUM Publisher Tagapaglathala	←	■
MARTIN LUTHER KING, JR. Minister Ministro	←	■
<i>John Hancock</i>	←	■



Kung Paano Makakukuha ng Bagong Balota Kapag Nagkamali Kayo

- **Kung bumoboto kayo sa pamamagitan ng mail:** sundin ang mga instruksiyon na kalakip ng inyong balota, o tumawag sa (415) 554-4310.
- **Kung bumoboto kayo nang personal:** humiling sa manggagawa sa lugar ng botohan para sa kapalit na balota.



Mga Eleksyon sa California

Noong 2010, inaprubahan ng mga botante ng California ang Proposisyon 14, na lumikha ng “pinamakataas na dalawa” o “bukas” na sistema ng primaryang eleksyon. Binago ng pagkakapasa ng proposisyong ito ang paraan kung paano isinasagawa sa California ang mga eleksyon para sa mga pang-estadong konstitusyunal at lehislatibong katungkulan at mga katungkulan para sa Kongreso ng U.S. Kilala na ngayon ang mga katungkulang ito bilang mga katungkulang “nominado ng botante.”

Ano ang ibig sabihin nito para sa mga botante sa pangkalahatang eleksyon sa Nobyembre 2018?

Sa pangkalahatang eleksyon para sa katungkulang nominado ng botante:

- Lyon lamang dalawang kandidato na nakatanggap ng pinakamaraming boto sa primaryang eleksyon—anuman ang kinakatigang partido—ang aabante sa pangkalahatang eleksyon.
- Hindi pinahihintulutan ang mga kandidatong write-in (kandidatong isinusulat-lamang ang pangalan), pero kung isa sa dalawang kandidatong nakatanggap ng pinakamaraming boto noong primaryang eleksyon ang kuwalipikadong write-in na kandidato, nakasulat na sa balota para sa pangkalahatang eleksyon ang kanyang pangalan.
- Walang proseso para sa independiyenteng nominasyon.

Ang mga puwestong nominado ng botante sa balota para sa Nobyembre ay:

- Gobernador
- Tenyente Gobernador
- Kalihim ng Estado
- Kontroler
- Ingat-Yaman
- Pangkalahatang Abugado
- Komisyonado ng Seguro
- Miyembro ng Lupon ng Tagasingil ng Buwis
- Senado ng Estados Unidos
- Kinatawan ng Estados Unidos
- Senador ng Estado (sa ilang distrito, ngunit hindi sa San Francisco)
- Miyembro ng Asembleya ng Estado

Nasa balota rin sa Nobyembre ang labanan para sa Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo. Isa itong katungkulan na hindi makapartido. Hindi rin makapartido ang labanan para sa mga lokal na katungkulan sa San Francisco.

Ano ang ibig sabihin ng “kinakatigang partido”?

Tinutukoy ng “kinakatigang partido” ang politikal na partido kung saan nakarehistro ang kandidato o ang botante.

Kapag may kinakatigan na kuwalipikadong politikal na partido ang kandidatong nominado ng botante para sa katungkulan, isinusulat ang pangalan ng partido nang katabi ang pangalan ng kandidato sa balota, ayon sa batas. Kung walang pinipili na kuwalipikadong politikal na partido ang kandidato, isinusulat ang, “Kinakatigang Partido: Wala” katabi ng pangalan ng kandidato.

Ang pagkakaroon ng kinakatigang partido ng kandidato ay hindi nangangahulugan na ineendorso ang kandidato ng partidong iyon. Puwedeng mag-endorso ang mga politikal na partido ng kandidato para sa mga katungkulang nominado ng botante; nakalista ang anumang pag-eendorso ng partido na natanggap ng Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon) bago sumapit ang deadline ng pagsusumite sa pahina 18 ng pamplet na ito.

Hindi nakasulat sa balota ang kinakatigang partido, kung mayroon man, ng kandidato para sa hindi maka-partidong puwesto.

Paano ko malalaman kung sa aling partido ako nakarehistro?

- Pumunta sa sfelections.org/reglookup, o
- Tumawag sa (415) 554-4310

Paano ko mapapalitan ang aking kinakatigang partido?

Upang palitan ang inyong kinakatigang partido, kumpletuhin at isumite ang voter registration card (kard para sa pagpaparehistro ng botante). Mayroon kayong tatlong opsiyon:

- Magparehistro online sa registertovote.ca.gov
- Hilingin na ipadala sa inyo ang registration card sa koreo sa pamamagitan ng pagkontak sa Department of Elections sa sfelections.org o pagtawag sa (415) 554-4310, o
- Sagutan ang registration card nang personal sa Department of Elections sa City Hall, Room 48.

Saan ako makahahanap ng karagdagang impormasyon tungkol sa sistema ng eleksyon ng California?

Para sa iba pang impormasyon tungkol sa sistema ng eleksyon sa California, tingnan ang Voter Information Guide (Opisyal na Patnubay na Impormasyon para sa Botante), na inilabas ng Kalihim ng Estado ng California, o bisitahin ang sos.ca.gov.



Nahhirapan ba kayong bumoto dahil sa inyong kapansanan?

TUMAWAG SA: 1-888-569-7955

Ang **Disability Rights California** ay magkakaroon ng Hotline (matatawagang numero) para sa Araw ng Eleksyon sa kabuuan ng estado:

**7:00 AM hanggang 8:00 PM sa Araw ng Eleksyon:
Nobyembre 6, 2018**

Tumatanggap rin ng mga tawag bago sa, o pagkatapos ng eleksyon.

Layunin namin ang tumulong sa mga botanteng may kapansanan na magkaroon ng matagumpay na ekspiryensya sa pagboboto, at tukuyin ang mga isyu na maaari naming tugunan.



Accessible na Sistemang Vote-by-Mail

Bagong Serbisyo para sa mga Botante na may Kapansanan

Kung mayroon kayong kapansanan, puwede ninyong magamit ang accessible na sistemang vote-by-mail, na bagong opsyon sa pagpapadala ng balota, at kung saan, pahihintulutan kayong i-access ang inyong balota at markahan ito gamit ang anumang kompyuter na may internet. Kailangan ding mayroon kayong magagamit na printer para ma-print ang inyong namarkahan nang balota.



Ipapakita ang inyong balota sa screen sa nababasang format na angkop sa mga screen para sa pagbasa. Puwede kayong gumamit ng assistive device (nakatutulong na kagamitan) upang markahan ang inyong mga boto. Matapos markahan ang inyong balota, kailangan ninyong i-print ito at isauli sa Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon) sa pamamagitan ng koreo o nang personal.

Nagkakaloob ang serbisyong ito ng oportunidad para sa pagbong madaling gawin nang hindi na kayo kailangang pumunta sa lugar ng botohan.



Upang magamit ang serbisyong ito, kailangan ninyong hilingin na bumoto sa pamamagitan ng koreo bago sumapit ang Oktubre 30.

Tingnan ang pahina 5 para sa mga detalye kung paano mag-aplay. Kung nakaboto na kayo sa pamamagitan ng koreo, hindi na ninyo kailangang magsumite ng bagong kahilingan.

Mananatiling Pribado ang mga Boto

Hindi itinatago ng accessible na sistemang vote-by-mail ang mga pinili ng botante o ipinadadala ang mga ito sa pamamagitan ng internet.

Kapag natanggap na ng Department of Elections ang inyong balota, lilipat (gagawan ng duplikasyon) ang inyong mga pinili tungo sa papel na balota upang mabilang sa pamamagitan ng kagamitan sa pagboto, ayon sa itinatakdang batas ng estado ukol sa mga eleksyon. Sa panahon ng prosesong ito, tatanggalin at ihihawalay ng Department of Elections ang balota mula sa isinasauling sobre na nagtataglay ng inyong pangalan, address, at lagda, at nang mapanatili ang pagiging sikreto ng mga boto.

Sinusunod ng Department of Elections ang proseso ng duplikasyon na binigyan ng awtorisasyon ng batas ng estado ukol sa mga eleksyon. Bukas ang prosesong ito sa obserbasyon ng publiko at mapapanood sa pamamagitan ng live-stream sa selections.org.

May mga tanong ba kayo?

Para sa iba pang impormasyon, kontakin ang Department of Elections.

Pag-access ng Inyong Balota

Makatatanggap kayo ng papel na balota, postage-paid return envelope (pambalik na sobre na bayad na ang selyo), at mga instruksiyon sa pagboto sa pamamagitan ng koreo. Kung gusto ninyong ma-access ang inyong balota at markahan ito sa pamamagitan ng accessible na sistemang vote-by-mail, puwede ninyong gamitin ang postage-paid return envelope upang ipadala ang inyong naka-print na balota sa Department of Elections. Puwede rin ninyong gamitin ang inyong sariling sobre o isauli ang inyong balota nang personal.

Puwede ninyong ma-access ang inyong balota sa anumang oras sa panahon ng maagang pagboto, na mula Lunes, Oktubre 8, hanggang sa Araw ng Eleksyon, Martes, Nobyembre 6, sa selections.org/access.



Accessible Voting at mga Serbisyo para sa mga Botanteng May Kapansanan

Makukuhang impormasyon para sa botante

Ang Pamplet ng Impormasyon para sa Botante ay makukuha sa mga accessible na format:

- Sa *sfelections.org* sa PDF, HTML, at XML na mga format
- Malaking imprenta

Para humiling, tumawag sa (415) 554-4310.

Accessible Voting

BAGO! Kung mayroon kayong kapansanan, maaari ninyong gamitin ang accessible na sistemang vote-by-mail para i-access at markahan ang inyong balota gamit ang anumang kompyuter na may internet access (tingnan ang pahina 11).

Ang sumusunod ang mga opsiyon ng lahat ng botante:

Bumoto sa Pamamagitan ng Mail (Koreo): Tingnan ang pahina 5.

Bumoto sa City Hall Voting Center: Madaling makapasok sa City Hall mula sa alinman sa apat na pasukan nito. Nasa Voting Center ang lahat ng kagamitang pantulong na nakalista sa ibaba. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang pahina 5.

Bumoto sa Inyong Lugar ng Botohan: Tingnan ang likod na pabalat para sa address at impormasyon tungkol sa accessibility (madaling pagpunta at pagpasok):

- Kung ang pasukan at ang bahagi kung saan bumoboto sa inyong lugar ng botohan ay accessible sa mga taong may kapansanan sa pagkilos, naka-print ang “YES” sa ibaba ng simbolo para sa accessibility na nasa likod na pabalat
- Kung hindi accessible ang inyong lugar ng botohan, tingnan ang *sfelections.org/pollsite* o tumawag sa (415) 554-4310 para sa lokasyon ng pinakamalapit na accessible na lugar ng botohan na nasa loob ng inyong distrito ng botohan



- May **accessible voting machine (magagamit na makinang pamboto)** sa bawat lugar ng botohan, pati na rin sa City Hall Voting Center
 - Pinahihintulutan ang mga botante na may kahinaan sa paningin o pagkilos, o may iba pang espesipikong pangangailangan, na bumoto nang mag-isa at nang pribado
 - Maaari kayong pumili ng wika sa balota: Ingles, Tsino (Cantonese o Mandarin audio), Espanyol, o Filipino
 - Kung gusto ninyong gamitin ang accessible voting machine, sabihin sa manggagawa sa lugar ng botohan kung aling format ang mas nagugustuhan ninyo:

Touchscreen na balota

- Ibinibigay ang mga instruksiyon sa screen
- Text na may malalaking letra ang ipinalalabas sa screen, at maaari ninyong palakihin pa ang mga letra
- Isagawa ang pagpili sa balota sa pamamagitan ng pagpindot sa screen
- Tingnan muli ang mga pinili ninyo sa record sa papel bago kayo maghain ng boto

Balotang Audio

- Naririnig na instruksiyon ang gumagabay sa inyo sa balota
- Mayroong magagamit na mga headphone
- Maaari ninyong ikonekta ang personal assistive device (personal na kagamitang pantulong) tulad ng isang sip/puff device (kagamitang gumagamit ng presyon ng hangin sa pamamagitan ng paghigop o pagbuga)
- Pumili ng iboboto ninyo sa balota na gamit ang hinahawakang keypad na may nakaumbok na Braille; may kahulugan ang mga kulay at hugis ng mga tipaan
- Pakinggang muli ang inyong mga pinili bago kayo bumoto; mayroon ding record sa papel ng mga boto ninyo
 - Maaari ding magbigay ang Departamento ng mga Eleksyon ng multi-user sip/puff switches (mga switch para sa pangmaramihang gamit ng sip/puff) o headpointers (panturo na nakasuot sa ulo).



Para humiling, tumawag sa (415) 554-4310. Kung posible, magbigay ng 72 oras na paunawa para matiyak na mayroong magagamit.

- Alinsunod sa ipinag-uutos ng California Secretary of State (Kalihim ng Estado ng California), ang mga boto galing sa accessible voting machine ay inililipat sa mga balotang papel, na binibilang sa City Hall pagkaraan ng Araw ng Eleksyon
- Mayroon pang mga ibang uri ng tulong:
 - **Personal na tulong:** maaari kayong magsama ng hanggang dalawang tao, kabilang na ang mga manggagawa sa lugar ng botohan, sa loob ng voting booth para tumulong sa inyo
 - **Pagboto sa gilid ng daan:** Kung hindi kayo makapasok sa inyong lugar ng botohan, maaaring dalhin sa inyo ng mga manggagawa sa lugar ng botohan ang mga materyales para sa pagboto sa labas ng lugar ng botohan
 - **Mga kagamitan para sa pagbabasa:** Ang bawat lugar ng botohan ay may mga instruksiyon na naka-print sa malalaking letra na nagsasaad kung paano mamarkahan ang balota at mga optical sheet para palakihin ang mga naka-print sa balotang papel
 - **Pagboto nang nakaupo:** Ang bawat lugar ng botohan ay may booth na nagpapahintulot na bumoto habang nakaupo
 - **Mga kagamitan sa pagboto:** Ang bawat lugar ng botohan ay may easy-grip pens (mga panulat na madaling hawakan) para sa pagpirma sa talaan at pagmarka ng balota
 - May naka-video na **Pagsasalin sa American Sign Language** na makukuha sa opisina ng Departamento ng mga Eleksyon



Matutulungan namin kayo: Tulong sa wikang Filipino

Alinsunod sa mga pederal at pang-estadong batas tungkol sa language access, nagkakaloob ang Departamento ng mga Eleksyon ng mga materyales at tulong sa mga wikang Tsino, Espanyol, at Filipino, pati na sa Ingles. Patuloy na binibigyang prayoridad ng Departamento ang programa nitong multilingual, at ang pagpapahusay ng serbisyo nito sa lahat ng botante, kabilang na ang mga may limitadong kaalaman sa wikang Ingles.

Kabilang sa mga serbisyo sa wikang Filipino ang:

- Impormasyon para sa botante sa wikang Filipino na nasa sfelections.org.
- Nakasalin sa wikang Filipino na mga materyales para sa eleksyon: mga balota, mga form para sa pagpaparehistro ng botante, mga paunawa sa botante, mga aplikasyon at instruksiyon para sa vote-by-mail na balota, at mga Pamplet ng Impormasyon Para sa Botante.

- Mga karatulang nagbibigay ng instruksiyon sa lahat ng mga lugar ng botohan sa Araw ng Eleksyon.
- Tulong ng bilingual na manggagawa sa botohan sa mga itinalagang lugar ng botohan sa Araw ng Eleksyon.
- Tulong sa telepono sa wikang Filipino; para sa tulong, tumawag sa (415) 554-4310.

Libreng mga Klase sa Ingles

Ang mga taong gustong matuto ng English as a Second Language (Ingles bilang Pangalawang Wika, ESL) ay maaaring pumunta o tumawag sa sumusunod na mga opisina para makakuha ng impormasyon tungkol sa libreng mga klase:

City College of San Francisco: ccsf.edu/esl

Civic Center Campus

1170 Market Street..... (415) 561-1875

Chinatown / North Beach Campus

808 Kearny Street (415) 395-8600 o (415) 395-8621

Downtown Campus

88 4th Street..... (415) 267-6500 o (415) 267-6543

Evans Campus

1400 Evans Avenue.....(415) 550-4440

John Adams Campus

1860 Hayes Street(415) 561-1835 o (415) 561-1954

Mission Campus

1125 Valencia Street ... (415) 920-6000 o (415) 920-6012

Ocean Campus

50 Phelan Avenue (415) 239-3427 o (415) 239-3003

Southeast Campus

1800 Oakdale Avenue(415) 550-4344

Volunteer! Be a Poll Worker!

Election Day, Tuesday, November 6

It takes more than 2,500 Poll Workers to conduct an election. Poll Workers operate polling places on Election Day and assist voters in many parts of the voting process. Some Poll Workers have volunteered during every election for decades. Poll Workers include high school students learning on-the-job civic lessons, retirees, and hundreds of people who take a day off from their regular lives to be of service to San Francisco voters.

To be a Poll Worker, you must be:

- A registered California voter, or
- A U.S. legal permanent resident, age 18 or older, or
- A San Francisco high school student at least 16 years old*

If you are bilingual in English and Spanish, Filipino, Vietnamese, Korean, Cantonese, or Mandarin, we encourage you to apply!

Earn a stipend of up to \$195 while helping your community.

How to apply:

Apply at the Poll Worker Recruitment Office (City Hall, Room 48), Monday through Friday, from 10 a.m. to 4 p.m.

* High school students can visit sfelections.org/student for instructions and to download an application.

**We look forward to
having you join our
poll worker team!**

For more information, visit sfelections.org/pw or call the Department of Elections Poll Worker Division at (415) 554-4395.





Impormasyon tungkol sa Kandidato

Paunawa tungkol sa mga Pahayag ng mga Kuwalipikasyon ng Kandidato

Hindi nagsusumite ang lahat ng mga kandidato ng mga pahayag tungkol sa kanilang mga kuwalipikasyon. Makikita ang kumpletong listahan ng mga kandidato sa halimbawang balota, na matatagpuan sa Ingles na bersiyon ng Pamplet na ito, na ipinadala sa lahat ng mga rehistradong botante. Maaari din kayong makakita ng kopya sa sfelections.org/pollsite. Kung gusto ninyo ng karagdagang kopya ng Ingles na bersiyon ng pamplet na ito, tumawag sa (415) 554-4310.

Ang bawat pahayag tungkol sa mga kuwalipikasyon ng mga kandidato, kung mayroon man, ay kusang-loob na ibinibigay ng kandidato at gastos ng kandidato ang pagpapalimbag.

Maaari ninyong makita ang mga impormasyon ng kandidato sa mga sumusunod:

- **Gabay ng Impormasyon para sa Botante ng California:** mga kandidato para sa:
 - Senado ng Estados Unidos
 - Gobernador
 - Tenyente Gobernador
 - Kalihim ng Estado
 - Kontroler

- Ingat-yaman
- Pangkalahatang Abugado
- Komisyonado ng Seguro
- Miyembro ng Lupon ng Tagasingil ng Buwis, Distrito 2
- Superintendente ng Pamublikong Pagtuturo
- Mga Mahistrado ng Korte Suprema

- **Pamplet ng Impormasyon para sa Botante ng San Francisco** (*gabay na ito*): mga kandidato para sa:

- Kinatawan ng Estados Unidos
- Asembleya ng Estado
- Lupon ng Edukasyon
- Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad
- Direktor ng BART, Distrito 8
- Assessor-Recorder (Tagatasa-Tagatala)
- Public Defender (Pamublikong Tagapagtanggol)
- Lupon ng mga Superbisor, mga Distrito 2, 4, 6, 8, 10



Inililimbag ang mga pahayag gaya ng isinumite ng mga kandidato, kabilang na ang anumang kamalian sa pagkaka-type, spelling, o grammar. Hindi sinisiyasat ang mga pahayag para sa kawastuhan ng Direktor ng Departamento ng mga Eleksyon o anumang iba pang ahensiya, opisyal, o empleyado.

Mga Limit sa Boluntaryong Gastos at mga Pahayag sa Kampanya ng mga Kandidato sa Lehislatura ng Estado

Noong Nobyembre 2000, inaprubahan ang Proposisyon 34 ng mga botante ng California, kung saan nakasaad na kapag tinanggap ng isang kandidato para sa Senado o Asembleya ng Estado ang mga boluntaryong limitasyon sa gastos sa kampanya na tinutukoy ng Section 85400 ng California Government Code, maaaring bumili ng espasyo ang kandidato para mailagay ang Pahayag ng Kandidato sa Pamplet ng Impormasyon para sa Botante.

Ang mga kandidato sa lehislatura na tinanggap ang mga boluntaryong limitasyon sa gastos sa kampanya, at dahil dito ay kuwa-

lipikadong magsumite ng pahayag ng kandidato para sa Nobyembre 6, Pinagsamang Pangkalahatang Eleksyon, ay sina:

Miyembro ng Asembleya ng Estado, Distrito 17
David Chiu

Miyembro ng Asembleya ng Estado, Distrito 19
Keith Bogdon
Phil Ting



Mga Pag-Endorso ng Partido

Pinapayagan ng batas ng Estado ang mga partidong politikal na mag-endorso ng mga kandidato para sa mga katungkulang nominado ng botante. Ang mga pag-endorso ng partidong natanggap ng Departamento ng mga Eleksyon sa deadline ng pagsusumite ay ang mga sumusunod:

Gobernador

Partidong Amerikanong Independiyente: John H. Cox
 Partidong Demokratiko: Gavin Newsom
 Partidong Republikano: John H. Cox

Kalihim ng Estado

Partidong Amerikanong Independiyente: Mark P. Meuser
 Partidong Demokratiko: Alex Padilla
 Partidong Republikano: Mark P. Meuser

Kontroler

Partidong Amerikanong Independiyente: Konstantinos Roditis
 Partidong Demokratiko: Betty T. Yee
 Partidong Republikano: Konstantinos Roditis

Ingat-Yaman

Partidong Amerikanong Independiyente: Greg Conlon
 Partidong Demokratiko: Fiona Ma
 Partidong Republikano: Greg Conlon

Pangkalahatang Abugado

Partidong Amerikanong Independiyente: Steven C Bailey
 Partidong Demokratiko: Xavier Becerra
 Partidong Republikano: Steven C Bailey

Komisyonado ng Seguro

Partidong Amerikanong Independiyente: Steve Poizner
 Partidong Demokratiko: Ricardo Lara

Senado ng Estados Unidos

Partidong Demokratiko: Kevin de León

Miyembro ng Lupon ng Tagasingil ng Buwis, Distrito 2

Partidong Amerikanong Independiyente: Mark Burns
 Partidong Demokratiko: Malia Cohen
 Partidong Republikano: Mark Burns

Kinatawan ng Estados Unidos, Distrito 12

Partidong Amerikanong Independiyente: Lisa Remmer
 Partidong Demokratiko: Nancy Pelosi
 Partidong Republikano: Lisa Remmer

Kinatawan ng Estados Unidos, Distrito 14

Partidong Demokratiko: Jackie Speier
 Partidong Republikano: Cristina Osmeña

Miyembro ng Asembleya ng Estado, Distrito 17

Partidong Demokratiko: David Chiu

Miyembro ng Asembleya ng Estado, Distrito 19

Partidong Demokratiko: Phil Ting
 Partidong Republikano: Keith Bogdon



Mga Katungkulan sa Lungsod at County ng San Francisco na Pagbobotohan sa Eleksyong Ito

Assessor-Recorder (Tagatasa-Tagatala)

Ang Assessor-Recorder (Tagatasa-Tagatala) ang nagdedesisyon kung aling ari-arian sa Lungsod ang papatawan ng buwis sa ari-arian, at kung ano ang halaga ng ari-ariang iyon para sa layunin ng pagbabayad ng buwis.

Apat na taon ang haba ng panunungkulan ng Tagatasa-Tagatala. Kasalukuyang binabayaran ang Tagatasa-Tagatala ng \$209,183 kada taon.

Public Defender (Pampublikong Tagapagtanggol)

Kinakatawan ng Public Defender (Pampublikong Tagapagtanggol) ang ilang tao na hindi kayang magbayad para sa kanilang sariling abugado. Kinakatawan ng Pampublikong Tagapagtanggol ang: mga taong naakusahan ng mga krimen, kabataang may kasong legal, at mga tao sa mga pagdinig para sa kalusugan ng isip.

Apat na taon ang haba ng panunungkulan ng Pampublikong Tagapagtanggol. Kasalukuyang binabayaran ang Pampublikong Tagapagtanggol ng \$255,098 kada taon.

Miyembro, Lupon ng mga Superbisor

Ang Lupon ng mga Superbisor ay ang sangay sa pagbabatas ng pamahalaan ng Lungsod at County ng San Francisco. Ang mga miyembro nito ay nagsasabatas at nag-aaprubang taunang budget para sa mga departamento ng Lungsod.

Ang takdang panahon ng panunungkulan para sa mga miyembro ng Lupon ng mga Superbisor ay apat na taon. Ang bayad sa mga Superbisor ay \$125,132 sa bawat taon.

Mayroong labing-isang mga miyembro ang Lupon ng mga Superbisor. Ang mga botante sa Distrito 2, 4, 6, 8, at 10 ay boboto para sa kanilang miyembro sa Lupon ng mga Superbisor para sa eleksyong ito.

Miyembro, Lupon ng Edukasyon

Ang Lupon ng Edukasyon ay ang pamunuang entidad para sa San Francisco Unified School District. Pinamamahalaan nito ang kindergarten hanggang sa ika-labindalawang baitang.

Apat na taon ang takdang panahon ng panunungkulan para sa mga miyembro ng Lupon ng Edukasyon. \$6,000 sa bawat taon ang bayad sa kanila.

Ang Lupon ng Edukasyon ay may pitong miyembro. Sa eleksyong ito, boboto ng tatlong miyembro ang mga botante.

Miyembro, Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad

Ang Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad ay ang pamunuang entidad para sa San Francisco Community College District. Pinamamahalaan nito ang City College at ang ibang sentro ng pag-aaral para sa mga nasa hustong gulang.

Apat na taon ang takdang panahon ng panunungkulan para sa mga miyembro ng Community College Board. \$6,000 sa bawat taon ang bayad sa kanila.

Ang Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad ay may pitong miyembro. Sa eleksyong ito, boboto ng tatlong miyembro ang mga botante.



Mga Kandidato para sa Representative (Kinatawan) ng Estados Unidos, Distrito 12

NANCY PELOSI

Ang aking trabaho ay Miyembro ng Kongreso.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Karangalan kong maglingkod bilang inyong Representative (Kinatawan) sa Kongreso, kung saan pinamumunuan ko ang pinaka-diverse o may pagkakaiba-ibang House Democratic Caucus sa kasaysayan. Pinagkakaisa tayo ng ating mga pinahahalagahan sa pagtatanggol sa mga pamilyang nasa gitnang uri, karapatan ng unyon, karapatan ng kababaihan, mga beterano, pampublikong edukasyon, mga taong may kapansanan, dignidad ng migrante at kaligtasan ng ating DREAMers, komunidad ng LGBTQ, at sa plane-tang iiwan natin sa ating mga anak.

Bilang inyong kinatawan, lumaban ako upang makatulong sa pag-titiyak ng napakahahalagang pederal na mapagkukunan ng tulong at impormasyon para sa pakikipaghamok laban sa HIV/AIDS, sa imprastruktura ng transportasyon ng San Francisco, sa pagliligtas sa City College, sa pagprotekta sa ating malinis na tabing-dagat at sa pagbubukas ng bagong abot-kayang pabahay sa ating mga komunidad.

Kapag tinatanong ako ng mga tao kung ano ang aking mga pra-yoridad, lagi kong sinasabi: ang ating mga anak, ang ating mga anak, ang ating mga anak – ang kanilang kalusugan at edukasyon, pang-ekonomiyang seguridad ng kanilang mga pamilya, ang may dignidad na pagreretiro para sa kanilang mga lolo at lola, ang malusog na kapaligiran kung saan puwede silang umunlad, at ang mundong may kapayapaan kung saan puwede nilang maabot ang kanilang mga hinahangad. Ang mga ito ang naging prayoridad ko, at laging magiging mga prayoridad ko sa Kongreso.

Sama-sama tayong patuloy na lalaban tungo sa pagkakaroon ng A Better Deal (Higit na Ikabubuti) ng taumbayan. Patuloy tayong lumalaban para sa kolehiyong walang utang, migranteng pamilya, pagpigil sa karahasang dulot ng baril, pensiyon ng mga Amerikano, proteksiyon ng mga konsumer mula sa mapanilang gawain ng Wall Street at pagiging abot-kaya ng pangangalagang pangkalusugan para sa lahat. At kailangan nating pigilin ang malupit na polisiya ng Administrasyong Trump ukol sa paghihiwa-hiwalay ng mga pamilya, wakasan ang pagkakakulong sa mga bata at agad na pagsamahing muli ang mga pamilya.

Hindi pa tapos ang ating trabaho tungo sa pag-unlad. Mapagkumbaba kong hinihiling ang inyong boto at suporta sa muling paghahalal sa akin bilang inyong Kinatawan, at umaasa akong magkasama tayong lalaban para sa mabuting kinabukasan.

Nancy Pelosi

LISA REMMER

Ang aking trabaho ay Edukador.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Sa loob ng 30 taon, tumira ako sa San Francisco, kung saan pinalaki ko, bilang solong ina, ang aking anak na babae.

Mag-isa kong binayaran ang aking BA at MA sa pamamagitan ng pagtatrabaho bilang Flight Instructor (Instruktur sa Pagkapiloto) at kahaliling guro.

Pinukaw ng pagtuturo ko ng kasaysayan ng Estados Unidos at sibika sa mga migranteng Vietnamese ang aking respeto sa ating Konstitusyon, na naglilimita sa kapangyarihang pederal. Binuo ang ating pederal na gobyerno upang protektahan ang ating pambansang seguridad at mga indibidwal na kalayaan, kasama na ang mga karapatan sa ari-arian, at hindi ang higit na pagsandal sa gobyerno.

Pawang nakapag-aaksaya ang kawalan ng tahanan, pang-aabuso sa droga, panghihina ng mga paaralan, at kapabayaang sa kabataan sa potensiyal ng tao. Kapag hinahadlangan ng political correctness (politikal na pagmamatuwid) ang mga lider sa hayagang pagkuwestiyon sa kalakaran, o sa pag-amin sa pagkabigo ng mga polisiya, inuurrangan ng pamahalaan ang tungkulin nitong protektahan tayo.

Bilang inyong kinatawan, sumusumpa ako na susundin ko ang Konstitusyon at ang pangigingbabaw ng batas. Sumusumpa akong babawasan ko ang wala sa katwirang kapangyarihan ng hindi hinalal na mga burukrata, kasama na ang mga kapangyarihang pakialaman at tiktikan ang ating mga pribadong buhay.

Sumusumpa akong babalansehin ko ang badyet, at ibabalik ang pang-edukasyong kontrol sa mga taong nasa mga estado.

Sumusumpa akong hihikayatin ko ang maliliit na negosyo, sa halip na pigilan ang inobasyon at prosperidad sa pamamagitan ng mga regulasyon at administratibong mga papeles.

Kailangang talakayin ng mga Demokrata at Republikano ang mga issue. Ang pilit na pagboto lamang nang dahil sa partido, nang may pagkapoot sa mga solusyon ng kabilang partido – ay nakapipinsala sa diskursong intelektuwal, at isinasara nito ang ating isipan sa mga ideya at solusyon na posibleng makapagbigay-lunas sa marami sa ating mga lokal at pambansang problema.

Sumusumpa ako na magiging moderate (nasa gitna, kung ihahambing sa maka-kanan o maka-kaliwa) na boses ninyo sa Washington, at makikipagtrabaho ako sa kabilang panig, sa halip na maging makapartido na inaabuso ang kapangyarihan at pinagyayaman ang aking pamilya.

Mga Nagbigay ng Suporta:

San Francisco Republican Party (Partidong Republikano ng San Francisco)

California Republican Party (Partidong Republikano ng California).

Remmer4Congress.com

Lisa Remmer

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

Mga Kandidato para sa Representative (Kinatawan) ng Estados Unidos, Distrito 14

CRISTINA OSMEÑA

Ang aking trabaho ay Tagapagpaganap sa Industriyang Solar.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Natatanging sinasalamin ng aking mga katangian ang diversity o pagkakaiba-iba sa distritong ito – galing ako sa maraming kultura, tumira sa iba't ibang lugar, at tinahak ang landas ng isang migrante.

Ipinanganak ako sa Pilipinas, pero sa edad na anim na taong gulang, matapos makatamo ng matinding pinsala o makulong ang ilang miyembro ng aking pamilya dahil sa diktaduryang Marcos, lumikas ako at ang aking pamilya at humingi ng politikal na asylum o pagkanlong sa Estados Unidos. Niyakap ko ang itinuring ko nang sariling bansa at ang mga pinahalagahan nito, pumasok sa mga paaralan sa California, at nagtapos mula sa UC Berkeley nang may B.A. sa English. Sa pagdaan ng panahon, nagkaroon ako ng desig-nasyong CFA.

Naniniwala ako sa demokratikong kapitalismo at malalayang mer-kado, sa pagkasagrado ng buhay ng tao, at sa gobyernong may malasakit.

Kaiba sa mga taong pagiging politiko na ang naging karera, sa pri-badong sektor ang aking karanasan at pagsasanay. Tumagal nang mahigit dalawang dekada ang aking karera sa investment industry (industriyang pamumuhunan). Habang nasa industriyang solar, isa lamang sa iba ko pang natrabaho ang paggawa at pagpapahusay ng mga off-grid renewal energy system (napananatiling sistema ng enerhiya na hindi umaasa sa koryente mula sa gobyerno ng lungsod o bayan) na para sa mga komunidad na hindi lubusang nakatatang-gap ng mga serbisyo.

Nagpakasal ako sa isang nagtapos sa U.S. Naval Academy at bete-rano ng Gulf War. Isa rin akong nagtatrabahong ina, at sa aking libheng panahon, nagsusulat ako.

Bilang inyong kinatawan, magtatrabaho ako upang

Ipagtanggol ang libreng mga merkado, malayang kalakalan, at kala-yaang pang-ekonomiya,

Itulak ang patuloy na tax relief o bawas sa bayad sa buwis at res-ponsableng pagbabadyet ng pederal na gobyerno, Humanap ng mga mapagkakasunduan sa pagitan ng mga magkaiba ang partido,

Tugunan ang krisis sa pagiging abot-kaya ng halaga ng pamumuhay, na siyang pilit na nagtutulak sa mga tao na umalis sa Bay Area, Ipagtanggol ang mga pangangailangan ng California para sa repor-ma sa imigrasyon,

Tumindig para sa ating mga beterano, at

Labanan ang human trafficking o pangangalakal ng tao.

Magalang ko pong hinihiling ang inyong boto sa balota sa Nobyembre.

Para sa iba pang impormasyon, pakipuntahan ang aking website sa OsmenaForCongress.com

Salamat po!

Cristina Osmeña

JACKIE SPEIER

Ang aking trabaho ay Kongresista.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Tunay na isang pribilehiyo na katawanin kayo at higit kailanman, mas masigasig akong nagtatrabaho ngayon para ipaglaban kayo.

Nakikipaglaban ako upang tumulong sa pagtatayo ng mas maraming pabahay para sa mga nagtatrabaho, makatwirang reporma sa imi-grasyon, pagbabawas sa kasikipan ng trapiko, at pagpapalakas sa ekonomiya na gumagana para sa lahat. Nakipaglaban na ako para sa net neutrality o walang kinikilingang internet, at naitulak ang panukalang-batas upang sa wakas ay mapigilan ang mga robocall o awtomatikong pagtawag sa telepono. Nakipaglaban na rin ako para sa mga beterano, at nakakuha para sa kanila ng mahigit \$5 milyon na benepisyong VA at tumulong din para makakuha ng \$647 milyon para sa elektripikasyon ng Caltrain.

Bilang ina, alam kong obligasyon nating bigyan ang ating mga anak ng mas magandang mundo. Hindi natin puwedeng bawiin ang mga repormang nakuha na upang tugunan ang pagbabago ng klima.

Bilang babae, gagawin ko ang lahat ng kinakailangan para ma-protektahan ang karapatan ng babae na magpasya para sa sarili. Bilang gun violence survivor, alam ko kung paano nito nasisira ang buhay. Sa ilalim ng aking panukalang-batas, kailangang dumaan ang lahat ng bibili ng baril sa background check. Sinusuportahan ko rin ang pagbabawal sa mga bump stock (ikinakabit sa ripleng semi-automatic para sa tuloy-tuloy na pagpapaputok), assault weapon (mga armas na pang-militar at may malakas na kakayahan) at maga-sin na mataas ang kapasidad.

Kailangang magwakas na ang seksuwal na panghaharass sa pinag-tatrabahuhan, kasama na ang Kongreso. Pinupuwersa ng aking panukalang-batas ang mga kongresistang naghaharass na magba-yad mula sa kanilang sariling bulsa at hindi mula sa bulsa ng mga nagbabayad ng buwis.

Sa House Intelligence Committee (Komite ng Kongreso para sa Pagkuha at Pagsusuri ng Impormasyon ng Militar), nagtatrabaho ako upang mahadlangan ang panghihimasok ng Russia at mabigyan ng seguridad ang ating sistema ng eleksyon. Marupok ang ating demokrasya at hindi ko mapapayagang pahinain ito ng Russia o ng mga taong nasa US.

Nitong nakaraang taon, nagdaos ako ng 13 town hall (pakiki-pag-usap sa komunidad), nagpatawag ng mga pagtitipon kasama na ang kumperensiya para sa matatanda, programa para sa pagbi-bigay-lakas sa mga batang babae, buyback o pagbiling muli ng mga baril, at mga programa para suportahan ang DACA. Palagi akong handa na humarap sa inyo at magalang kong hinihingi ang inyong boto.

Jackie Speier

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Mga Kandidato para sa Asembleya Distrito 17

DAVID CHIU

Ang aking trabaho ay Miyembro ng Asembleya.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Habang tumatakbo para sa Asembleya, ibinigay ko ang aking pananagutan tungo sa paghahatid ng resulta sa mga hamon na kinakaharap ng San Francisco at ng California. Nang kagulat-gulat na hinalal si Trump, nangako akong poprotektahan ang ating lungsod at estado habang pinamumunuan ng California ang Resistance (Paglaban).

Nitong nakaraang lehislatibong sesyon, nagawa natin ang dalawang bagay na ito:

- Bilang Chair (Tagapangulo) ng Housing Committee (Komite sa Pabahay) ng Asembleya, matagumpay kong itinaguyod ang pagpapasa ng makasaysayang pangkat ng mga solusyon upang matugunan ang krisis sa pabahay, sa pamamagitan ng paglikha ng permanenteng mapagkukunan ng pondo para sa abot-kayang pabahay, pagpapanagot sa mga lungsod sa pagtatayo ng pabahay, at pagpapasimple sa proseso.
- Nagkaloob tayo ng bilyon-bilyong dolyar para sa bagong pagpopondo ng mga kalye, pampublikong transportasyon at ginhawa mula sa masikip na trapiko.
- Nakapaghatid tayo ng hustisya sa sexual assault survivors o ang mga naka-igpaw mula sa seksuwal na pananalakay sa pamamagitan ng pagtatakda sa mga tagapagpatupad ng batas na subaybayan ang hindi pa naeeksamen na rape kit (kagamitan para sa pagpapatunay ng panggagahasa).
- Napapanagot natin ang mga korporasyong nagdudulot ng polusyon upang magkaroon sila ng responsibilidad sa pagtatanggal sa komunidad ng nakalalasong pintura na may lead o tingga, at nang sa gayon, mapanatiling ligtas ang ating mga anak.
- Naprotektahan natin ang mga migranteng pamilya sa pamamagitan ng mga bagong proteksiyon sa pinagtatrabahuhan at proteksiyon sa tenant (umuupa).
- Napahintulutan natin ang pangongolekta ng datos upang higit na makapaglingkod ang gobyerno sa mga taga-California na LGBTQ.
- Nabigyan natin ang lahat ng mga residente ng California ng isang taon na libreng community college o kolehiyo ng komunidad.
- Nakapagtatag tayo ng mga kinakailangan para sa pagiging bukas ng mga dokumento at proseso, at nang mabigyang-liwanag ang napakatataas na presyo ng gamot.

Bilang taga-San Francisco at bilang magulang, napakaraming trabaho na dapat magawa upang mapahusay pa ang ating lungsod para sa mga henerasyon sa kinabukasan. Ngayong taon na ito, nakikipaglaban ako upang makapagbigay ng bagong pagpopondo at solusyon para sa kawalan ng tahanan, pagpapalawak sa proteksiyon para sa mga tenant, pagtugon sa pambu-bully o pang-aapi sa paaralan, pagprotekta sa mga naka-igpaw sa karahasan sa tahanan, pagpaparami pa ng pag-eempleyo sa mga migrante, at pagtatrabaho tungo sa pagkakasakop sa kalusugan ng lahat.

Kasama sa mga taga-suporta ko ang:

California League of Conservation Voters (Liga ng mga Botante ng California para sa Konserbasyon)
 California Nurses Association (Asosasyon ng mga Nars ng California)
 California Teachers Association (Asosasyon ng mga Guro ng California)
 Equality California
 United Farm Workers
 Senador ng Estados Unidos Dianne Feinstein
 Senador ng Estados Unidos Kamala Harris
 Mayor London Breed
 Tenyente Gobernador Gavin Newsom
 Tagapagsalita ng Asembleya Anthony Rendon

Patuloy ang ating trabaho. Sumama sa aming laban.
www.VoteDavidChiu.org

David Chiu

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

Mga Kandidato para sa Asembleya Distrito 19

KEITH BOGDON

Ang aking trabaho ay Tagapayo sa Pagpapalaganap ng Biyoteknolohiya.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Bilang isang taong lumaki sa Westside, nagtapos sa Lowell High School noong 1989, at bumalik sa Lungsod noong 1999 upang magpalaki ng pamilya at magsimula ng karera sa biotech, nasaksihan ko kasama ninyo ang unti-unting pagbaba ng kalidad ng ating buhay.

Umaalis na sa lugar na ito ang mga pamilyang panggitna ang kita at nagtatrabaho, at mga matagal nang residenteng hindi nagbabago ang kita. Tinatakas nila ang abot-langit na gastos para sa pabahay, bilingin, at serbisyo, malawakang kawalan ng tahanan, sapilitang pagpasok sa kotse para makapagnakaw, masikip na trapiko, walang laman na harapan ng tindahan at gumuguhong imprastruktura.

Binibigo tayo ng hindi epektibo at lumang “mga solusyon” ng nakaraan mula sa Sacramento. Madalas idinidikta ang mga ito ng mga espesyal na interes na may pakinabang sa pagpapatuloy ng kalakaran. Tunay ngang pinalalala lamang ang mga bagay-bagay ng karamihan sa mga mungkahing kamakailan:

- Hindi natin kailangan ang mga mandatong mula sa itaas pababa -- tulad ng SB-827 -- na mula sa Sacramento at hindi halal na rehiyonal na ahensiyang kinukuha ang lokal na pagkontrol habang nagdidikta ng mga desisyon sa pagsosona at dami ng tao sa pabahay, na pinakamainam dapat na ginagawa ng mga taga-plano ng lungsod at ng ating mga komunidad;
- Hindi natin kailangan ng mas matataas na buwis at mas maraming regulasyon na nagiging sanhi para mawalan ng negosyo ang ating mga lokal na negosyante; at
- Kung aaprubahan natin ang mga buwis para ayusin ang ating mga kalye o para magtayo ng mas maraming reservoir o imbakan ng tubig, tiyakin natin na mabilis at mahusay na naga-gasta ang nakokolektang pera para sa nakatalagang pinaglalaanan.

Panahon na para sa pagbabago! Sa inyong tulong, bilang bago ninyong Miyembro ng Asembleya, makapagdadala tayo ng mga solusyong gumagamit ng sentido komun, at nang maibalik ang ating may kalidad na buhay.

Puwede ninyong bisitahin ang aking website na www.bogdonforassembly.com para alamin pa ang tungkol sa aking kampanya. Mangyaring magbigay ng donasyon on-line para maabot natin ang mas maraming botante.

Ineendorso ako ng Republican Parties (mga Partidong Republikano) ng San Francisco at San Mateo at umaasa akong makuha ang inyong boto sa ika-6 ng Nobyembre.

Keith Bogdon

PHIL TING

Ang aking trabaho ay Miyembro ng Asembleya.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Napakaraming magagawa ng California upang makalikha ng abot-kayang pabahay, mabawasan ang kawalan ng tahanan, maprotektahan ang ating kapaligiran, matugunan ang masikip na trapiko, at makapagtayo ng ekonomiya na mabuti para sa lahat. At kailangan nating gawin ito habang isinasaisip na may limitasyon ang mga nakukuhang kita mula sa buwis, at posibleng humarap tayo sa pagbagsak ng ekonomiya sa anumang panahon.

Iyan ang dahilan kung bakit ipinagkakapuri ko ang paglilingkod bilang Chair (Tagapangulo) ng Assembly Budget Committee (Komite sa Badyet ng Asembleya), upang makapaghugog ng mga balanseng badyet na namumuhunan sa ating kinabukasan, habang pinalalaki pa rin ang ating pondong Rainy Day (para sa panahon na nabawasan ang regular na kita). Sinasalaming ng mga badyet ang ating mga pinahahalagahan, at sinalaming nga ng mga badyet na ginawa ko para sa California ang mga batayang pinahahalagahan ng ating komunidad, tulad ng:

Pamumuhunan sa ating kinabukasan sa pamamagitan ng pagiging libre ng community college o kolehiyo ng komunidad para sa mga estudyanteng nasa unang taon.

Pagtatayo ng higit na abot-kayang pabahay at pagbibigay ng proteksiyon sa mga tenant (umuupa) mula sa mga pagpapaalis.

Pagtitiyak na pinoprotektahan natin ang kalidad ng buhay sa pamamagitan ng mahahalagang bagong pamumuhunan sa mga kalye at transportasyon, at nang masolusyunan ang ating napakasamang trapiko. Ginagawang mas malakas ang ating ekonomiya at mas madali ang ating mga buhay ng mga bagong pamumuhunang ito, at lumilikha rin ang mga ito ng mga trabahong mataas ang kita.

Pagpapalago sa ekonomiyang makatarungan sa lahat sa pamamagitan ng pagtitiyak na lalakihan pa natin ang suporta para sa numero unong nagbubunsod ng ekonomikong pagkakapantay-pantay – ang mahuhusay na pampublikong paaralan.

Nagpapalaki kami ng aking asawang si Susan ng dalawang kamangha-manghang anak na babae. Iniisip ko sila bago ang bawat pagboto – inaalala ko na nagtatrabaho tayong lahat ngayon upang makalikha ng mas magandang kinabukasan.

Ikinararangal kong nakuha ko na ang suporta ng mga Bumbero, Sierra Club at marami pang iba. Umaasa akong sasama kayo sa pagsuporta sa aming kampanya sa www.PhilTing.com.

Phil Ting

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Mga Kandidato para sa Community College Board (Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad)

BRIGITTE DAVILA

Ang aking trabaho ay Propesor.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Sa pamamagitan ng pag-access o pagkakaroon ng pamamaraang makakuha ng mas mataas na edukasyon, nagkaroon ng malaking pagbabago ang aking buhay at ang mga buhay ng libo-libo pang taga-San Francisco. Tumatakbo ako para muling mahalal sa Board of Trustees (Lupon ng mga Katiwala) ng City College, at nang matiyak na may makukuhang edukasyon na world-class (kapantay ng pinakamahuhusay) sa mundo ang mga taga-San Francisco.

Bilang kauna-unahan sa aking pamilya na nakapagkolehiyo, nakinabang ako sa Community College bago ako nagtapos sa UC Berkeley. Simula noon, nagturo na ako sa San Francisco State sa loob ng 25 taon at naiintidihan ko kung ano ang kinakailangan para umunlad at magtagumpay ang mga estudyanteng mula sa lahat ng uri ng pinagmulan.

Ginugol ko ang huling labinlimang taon sa pagtataguyod ng de-kalidad na pampublikong edukasyon sa lokal, pang-estado at pambansang mga antas. Nakipagtrabaho ako sa mga lehislador, kaguruan, at estudyante upang maipasa ang mga batas at maitulak ang mga badyet na sumusuporta sa pampublikong edukasyon.

Magmula noong makasama ako sa City College Board (Lupon ng City College), nailigtas na namin ito sa pagsasara sa panahon ng krisis sa akreditasyon, at nagawang libre ito para sa lahat ng taga-San Francisco. Gusto kong magdala ng mga positibong pagbabago sa City College, tulad ng paggawa ng koordinasyon sa pampublikong transportasyon, paglikha ng abot-kayang pabahay para sa mga guro/kawani/estudyante, at pagtugon sa mga pagkakaiba-iba sa natatamong tagumpay. Gusto kong walang kapagurang magtrabaho upang manatiling bukas ang City College, at palawakin ang pangako nito ng edukasyon na para sa lahat.

Para sa kompletong listahan ng mga pag-endorso, pumunta sa www.brigitteDavila.com.

Brigitte Davila

DR. VICTOR OLIVIERI

Ang aking trabaho ay Edukador / Direktor ng Nonprofit.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Isa akong edukador na may dalawang dekadang karanasan sa mataas na edukasyon, at naniniwala akong mayroon tayong responsibilidad na tulungan ang bawat estudyante ng City College na magkaroon ng akademiko, pangkarera at panghabambuhay na tagumpay.

Gayon pa man, humarap ang City College sa magkakasunod na krisis: akreditasyon, pinansiyal, administratibo, at pagpapa-enroll – at ang mga estudyante ang siyang nahihirapan.

Noong dumating ako sa bansang ito sa edad na 12 taon, kakaunting Ingles lamang ang nasasalita ko. Binago ng community college ang aking buhay. Ngayon, isa na akong Ph.D., lecturer sa unibersidad, may medalyang U.S. Army Officer (Opisyal ng Sandatahang Lakas), Komisyoner ng Lungsod, at dating nakatataas na administrador sa University of California.

Bilang lugar ng oportunidad para sa napakarami, alam kong hindi lamang dapat manatiling buhay ang City College, kundi dapat umunlad pa ito. Bilang inyong Trustee, palalakasin ko ang City College para sa susunod na henerasyon:

- Hihigtan pa ang Tagumpay ng mga Estudyante: tutulungan ang mga estudyanteng makapagtapos o isulong ang kanilang karera sa loob ng dalawang taon
- Susuportahan ang Ating Komunidad: palalawakin ang FREE CITY (LIBRENG LUNGSOD) upang mabawasan ang mga hadlang sa edukasyon at pangalagaan ang habambuhay na pagkatuto
- Yayakapin ang Inobasyon: pagkakalooban ang mga estudyante ng kakayahan at pagsasanay na kailangan nila para sa mga trabaho ng kinabukasan

Gagamitin ko ang aking karanasan upang magtrabaho para sa ating mga estudyante.

Mga Pag-eendorso:

Tenyente Gobernador Gavin Newsom

Kongresista Nancy Pelosi, Demokratikong Lider ng Kongreso

Mayor London Breed

Vice Chair (Katuwang ng Pangulo) ng Board of Equalization (Lupon ng mga Tagasingil ng Buwis) ng Estado Fiona Ma, CPA

Senador ng Estado Scott Wiener

Miyembro ng Asembleya ng Estado David Chiu

Pampublikong Tagapagtanggol Jeff Adachi

Tagatasa-Tagatala Carmen Chu

Tagapangulo ng SF Democratic Party (Partidong Demokratiko ng SF) David Campos

Bise-Presidente ng Community College Board Alex Randolph

Trustee (Katiwala) ng Community College Board Tom Temprano

Trustee ng Community College Board Shanell Williams

Superbisor Catherine Stefani

Superbisor Vallie Brown

LiUNA Lokal 261

www.VictorForSF.com

Dr. Victor Olivieri

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

Mga Kandidato para sa Community College Board (Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad)

JOHN RIZZO

Ang aking trabaho ay Kasalukuyang Nanunungkulan, Community College Board.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Matagumpay akong nakipaglaban para sa akreditasyon ng City College, libreng matrikula para sa mga taga-San Francisco, at sa pagbabago upang maging mas simple ang burukrasya sa pangangasiwa, at dahil dito, nabibigyan na ng edukasyon ng City College ang mas maraming estudyante sa mas mababang gastos kaysa sa noong nakaraang dalawang taon. Nagtatrabaho ako ngayon upang mapalakas ang City College para sa hinaharap.

Sa ilalim ng pamumuno ng Board, nasa landas na tayo tungo sa paglikha ng abot-kayang pabahay para sa 500 estudyante at 200 guro at kawani. Nagtatrabaho ako upang makapagtayo ng Performing Arts Center (Sentro para sa mga Sining ng Pagganap) para sa mga estudyante at sa komunidad, at upang mapalawak ang kurikulum, at nang maging kuwalipikado ang mga estudyante para sa pinakabagong mga larangan ng karera. Ngayon, nakikipagtrabaho ako sa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) upang maging permanente ang Libreng City College.

Mapagprotekta ako sa mga karapatan ng mga estudyante. Kasama akong awtor sa polisiya ng kampus ng pagiging Santuwaryo ng City College, at nang maprotektahan ang mga estudyanteng walang dokumentasyon at magkaloob ng nakatutulong na impormasyon at mapagkukunan ng tulong at kaalaman.

Naisama ko na rin ang aking trabaho bilang aktibistang pangkapa-ligiran sa Sierra Club upang makalikha ng polisiya sa sustainability (pagpapanatili sa loob ng mahabang panahon) para sa mga patakarang ng City College at sa mga programa sa konstruksiyon.

Kasama sa aking mga taga-suporta ang/sina:

Dating Senador Mark Leno

Miyembro ng Asembleya Phil Ting

Senador Scott Weiner

Dating Miyembro ng Asembleya Tom Ammiano

Superbisor Aaron Peskin

Superbisor Rafael Mandelman

Dennis Kelly, dating Presidente, United Educators of San Francisco (Nagkakaisang mga Edukador ng San Francisco)

Mga Miyembro ng Community College Board na sina Brigitte Davila, Alex Randolph, Shanell Williams, Tom Temprano, Thea Selby

Sierra Club

National Union of Healthcare Workers (Pambansang Unyon ng mga Manggagawa para sa Pangangalagang Pangkalusugan)

www.johnrizzoforcollegeboard.com

John Rizzo

THEA SELBY

Ang aking trabaho ay Kasalukuyang Nanunungkulan.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Nahalal ako sa Board of Trustees apat na taon na ang nakararaan noong malapit nang mawalan ng akreditasyon ang CCSF, mayroong revolving door (madalas na pagpapalit-palit) ng mga pansamantalang Tsanselor, at mas mababa ang mga naka-enroll sa bawat semestre kaysa sa huling semestre.

Noong Presidente ako ng Board, nagawa naming:

- Maipatupad ang FREE CITY, kung kaya't naging libre ang matrikula sa CCSF para sa lahat ng taga-San Francisco.
- Maipagpatuloy ang ating akreditasyon sa loob ng pinakamahaba nang pinahihintulutan na 7 taon.
- Makaboto para sa pagkakaroon ng permanenteng Tsanselor.

Kailangang ipagpatuloy ang mahuhusay na pagkilos na ito upang maibalik ang CCSF sa pagiging institusyong maunlad at matatag ang pinansiya. Sumusumpa ako na:

- Uunahin ang mga estudyante sa pamamagitan ng pagkaloob ng mas maraming klase at pagpapasimula ng Rams Transit Pass.
- Palalawakin ang FREE CITY at titiyakin na matatanggap natin ang pondong ibinoto natin.
- Makikipaglaban para sa makatarungang suweldo upang mapanatiling mataas ang kalidad ng mga guro at kawani.
- I-update ang mga pasilidad at magtayo ng Performing Arts and Education Center (Sentro para sa mga Sining ng Pagganap at Edukasyon).

Mapagkumbaba ko pong hinihingi na iboto ninyo ang muling pagkakahalal ko.

Kasama sa mga nag-endorso sa akin ang:

Miyembro ng Board of Equalization Fiona Ma

Senador ng Estado Scott Wiener

Mga Miyembro ng Asembleya Phil Ting, David Chiu

Mayor London Breed

Presidente, Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) Malia Cohen

Mga Superbisor Aaron Peskin, Norman Yee

Tagapangulo, SF Democratic Party David Campos

Lahat ng mga kasalukuyang Trustee ng CCSF

Sierra Club

www.theaselby.org

Thea Selby

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Mga Kandidato para sa Direktor ng BART, Distrito 8

EVA I. CHAO

Ang aking trabaho ay May-ari ng Negosyo / CFO.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Gawin nating “Be Accountable to Riders and Taxpayers (Magkaroon ng Pananagutan sa mga Sumasakay at Nagbabayad ng Buwis),” ang ibig sabihin ng BART.

Hindi na nagagawan ng tamang alokasyon ng mga Politiko ng BART ang resources o mga pinagkukunan, kung kaya’t nabibigyan ng pinakamababang prayoridad ang mga sumasakay. Umaasa ang mga hindi mapalagay na pasahero sa mga ligtas at hindi naaantalang biyahe. Itinuturing na normal ang maruruming estasyon. Kulang sa mga kagamitan at piyesa ang mga manggagawa para sa pagpapanatili sa maayos na kondisyon sa mga tren at mga pasilidad. Humahantong sa pinsala at kapahamakan ang kakulangan ng mga pulis.

Nangangako ang mga politiko ng transportasyong “Safe-Reliable-Clean (Ligtas-Maaasahan-Malinis),” pero walang makapaghahatid nito maliban na lamang kung iibahin nila ang kalakaran, hindi sila nakatali sa pera ng establisyamento upang magbayad-utang sa mga espesyal na interes, o tatangihan nila ang paggamit sa BART upang makaabot sa mas mataas na katungkulan.

Panahon na para sa bagong pamumuno.

Irereporma ko ang mga prayoridad ng BART para sa LAHAT ng sumasakay, at hindi lamang sa mga piling grupo, at nang mabawasan natin ang dami ng mga kotse. Ang pagbibigay ng prayoridad ng board sa pagde-develop ng pabahay sa mga estasyon ng BART kaysa sa mga pulis at pagkakaroon ng pag-access o pamamaraang makagamit ng may kapansanan ay hindi paglilingkod sa inyo, na mga Sumasakay o Nagbabayad ng Buwis.

Isa akong migranteng Taiwanese na nakapaglakad na nang 20 bloke upang makatipid ng barya-baryang pamasaha sa bus. Nagtapos ako sa UC Berkeley Haas Business School at may 20 taong karanasan bilang may-ari ng negosyo sa San Francisco, at isa akong CFO at ehekutibo sa industriya ng pagbibigay-serbisyo.

Bilang sumasakay sa BART at negosyante sa San Francisco, magkakaloob ako ng pamumunong may pananagutan sa pananalapi at independiyente, at nagbibigay ng prayoridad sa inyo, na mga Sumasakay at Nagbabayad ng Buwis.

Kailangan ko ang inyong boto para sa tunay na pamumuno at pagbabago!

Alamin pa ang tungkol dito: evaforBART2018.org

Eva I. Chao

BRIAN J. LARKIN

Ang aking trabaho ay Inhinyero / Consultant sa Transportasyon.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Ako si Brian J Larkin, na 33 taon nang residente ng Richmond District. Pinalaki namin dito ng aking asawa/tagapamahala ng kampanya, na si Debbie Chan-Larkin, ang aming tatlong anak na babae. Pumasok silang lahat sa mga pampublikong paaralan ng SF at nagtapos mula sa UC o sa CSU.

Isa akong lisensiyadong inhinyero at propesyonal sa transportasyon. Nakapagtrabaho na ako para sa BART, bilang direktang empleyado man o consultant nitong nakaraang labing-isang taon, at tumulong na sa paghahatid ng Extensions o Mga Pagpapahaba na Pittsburg-Antioch, Dublin-Pleasanton at Warm Springs.

Naging miyembro na rin ako ng ilang Citizens Advisory Committees (Mga Tagapayong Komite ng mga Mamamayan) sa San Francisco at kasalukuyan akong nasa Citizens General Obligation Bond Oversight Committee (Komite ng mga Mamamayang Tagapangasiwa ng Bonds na General Obligation), na nakatuon sa malalaking capital projects (mga proyektong pangmatagalan na nakatuon sa mga ari-arian).

Pangunahing tunguhin ko bilang miyembro ng board ang pagdadala ng underground rail transit o subway sa kanlurang bahagi ng Lungsod. May mga tentatibong plano ang BART na magtayo ng ikalawang transbay tube (tunnel o lagusan na nasa ilalim ng tubig) na may mga riles na tumatakbo pakanluran sa Geary Blvd., at pagkatapos, patimog sa nariyan nang pangunahing linya. Posibleng magkasamang itayo ng BART at Muni ang bahagi ng tunnel, kung saan una munang gagamitin ng Muni ang bahaging nasa Geary, at kasunod namang gagamitin ito ng BART kapag handa na ang bagong tube.

Ang iba pang tunguhin ay ang pagtitiyak na mas magiging mahusay ang koordinasyon ng BART sa mga lokal na ahensiya at munisipalidad, ang pagpapatupad ng wayside energy storage system (sistema ng pag-iimbak ng enerhiya sa gilid o labas ng mga tren), at mas mahusay na pangangasiwa sa programa para sa pagnenegosyo na nasa hirap na posisyon.

Brian J. Larkin

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Mga Kandidato para sa Direktor ng BART, Distrito 8

JANICE LI

Ang aking trabaho ay Direktor, Nonprofit sa Transportasyon.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Bilang residente ng Outer Sunset, isa ako sa maraming taga-west side (kanlurang bahagi) na nagbabayad upang mapaghusay ang BART at nahihiyang hindi ligtas, hindi malugod na nakatatanggap ng mga sumasakay, at marumi ang sistema.

Baguhin natin ang mga ito.

Bilang matagal nang tagapagtaguyod ng matalino, napananatili at abot-kayang transportasyon, handa akong magdala ng pangangasiwang pampinansiya sa BART upang tiyakin na nakapaglilingkod sa lahat ang sistema. Dahil sa pag-apruba ng mga botante noong 2016 sa \$3.5 bilyon na pamumuhunan sa mga pangangapital na imprastruktura, kailangan nang agaran at epektibong magamit ang mga dolyar na ito upang maayos ang sistema.

Nakapaglingkod na ako sa Transportation Task Force (Pangkat para sa Espesyal na Gawain sa Transportasyon) ni Mayor Ed Lee upang makabuo ng plano para sa mga pangangailangan sa pamumuhunan sa transportasyon ng lungsod. Naging tagapangulo na ako ng Port working group (pangkat na pinag-aaralan ang isang espesipikong grupo) na may 33 miyembro, upang gumawa ng mga rekomendasyon sa paggamit ng lupa at sa transportasyon para sa kinabukasan ng ating aplaya. At pinakamahalaga rito, regular akong sumasakay sa Muni at BART, at naniniwala akong may karapatang magkaroon ng puwesto sa hapag ang kanlurang bahagi ng San Francisco, pagdating sa transportasyon.

Ang boto para kay Janice Li ay pagboto para sa matalinong BART.

Ikinararangal akong i-endorso ng:

- Miyembro ng Asembleya Phil Ting
- Superbisor Sandra Lee Fewer
- Superbisor Aaron Peskin
- Superbisor Katy Tang
- Superbisor Jane Kim
- Direktor ng BART Nick Josefowitz
- Direktor ng BART Bevan Dufty
- Rose Pak Democratic Club (Demokratikong Samahang Rose Pak)
- Sierra Club

Janice Li

www.janice.li

JONATHAN LYENS

Ang aking trabaho ay Tagasuri ng Badyet.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Dahil alam nilang isa akong independiyenteng boses at mayroon akong kakayahan na tuparin ang mga gawain, mayroon akong suporta nina Fiona Ma, Mark Leno, Sandra Lee Fewer at marami pang lokal na lider ng komunidad.

Hindi naging madali ang aking paglaki nang bulag.

Ginugol ko ang aking buhay na iniigpawan ang mga hadlang at tumitindig para sa mga walang boses.

Pero ngayon, humaharap ako, at tayo, sa bagong hamon – pakikipaglaban para sa ligtas, nagagamit ng lahat at maaasahang sistema ng pampublikong transportasyon.

Bilang tagapagtaguyod ng komunidad, nakipaglaban na ako para mabigyan ang mga komunidad na walang kapangyarihan ng boses sa gobyerno ng ating lungsod. Bilang tagasuri ng badyet ng lungsod, nagtrabaho ako araw-araw upang maging mas epektibo at mahusay ang City Hall, at tumulong na mabalanse ang badyet ng lungsod sa panahon ng pagbagsak ng ekonomiya, habang pinoprotektahan ang pinakabulnerableng mga mamamayan. Isa akong subok nang negosyador – tumulong ako para magkaroon ng mga kasunduan sa 26 unyon ng manggagawa ng lungsod, at nakipagnegosasyon para sa milyon-milyong dolyar na mga kontrata upang muling maitayo ang San Francisco General Hospital.

Ngayon, tumatakbo ako para sa Board of Directors ng BART upang matupad ang orihinal na pangako ng BART – ligtas, nagagamit ng lahat, at maaasahang transportasyon.

Umaasa man kayo, na gaya ko, sa pampublikong transportasyon araw-araw, o hindi, nagbabayad ang bawat isa sa atin para sa BART, at karapat-dapat para sa kaligtasan, madaling paggamit ng lahat at kahusayan.

Mapagkumbaba ko pong hinihingi ang inyong boto.

www.jonathanlyens.com

Jonathan Lyens



Mga Kandidato para sa Direktor ng BART, Distrito 8

MELANIE NUTTER

Ang aking trabaho ay Tagapayo para sa Polisiya sa Transportasyon.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Pangunahing mga prayoridad ko ang kaligtasan, kalinisan, at pagiging maaasahan ng BART. Bilang tagapayo para sa transportasyon at sustainable o napananatiling mga komunidad sa mga lungsod at nonprofit, ginugol ko ang aking karera sa pagtatrabaho upang malutas ang pinakamaiigting na hamon sa mga lungsod ng bansa, kasama na ang transportasyon at kakayahang makapunta sa iba't ibang lugar.

Ang BART ang gulugod ng rehiyonal na transportasyon sa Bay Area. Sa pamamagitan ng pakikipagtrabaho sa komunidad, titiyakin kong makararamdam ang lahat na ligtas sila habang nakasakay sa BART, at na mayroong komportable, mahusay, at abot-kayang sistema sa transportasyon ang mga sumasakay. Titiyakin ko rin na nakasabay ang ating batayang imprastrukturang pantransportasyon sa paglaki ng Bay Area.

Nakapaglingkod na ako bilang Deputy District Director (Katuwang ng Direktor ng Distrito) para sa Lider ng Minoridad sa Kongreso na si Nancy Pelosi, at nagkaroon na ng mga papel bilang lider sa maraming komite na nakatuon sa San Francisco. Sa panahon ng paglilingkod ko bilang Direktor ng San Francisco Department of the Environment (Departamento ng Kapaligiran), pinangalanan ang San Francisco na Greenest City in North America (Lungsod na Pinakamabuti sa Kapaligiran sa Hilagang Amerika).

Kasama sa aking mga Prayoridad ang:

- Kaligtasan para sa lahat ng mga sumasakay sa BART.
- Paglilinis sa mga estasyon at pag-aayos sa mga sirang imprastruktura.
- Pagiging moderno ng mga tren at estasyon.
- Pagtitiyak na abot-kaya ang pamasaha para sa lahat ng sumasakay.
- Pagtulong na maging ligtas ang BART sa lindol at matatag kahit na sa pagbabago ng klima.
- May malasakit na tumutugon sa homelessness o kawalan ng tahanan at sa sakit sa isip.
- Pagiging sustainable o napananatili ng BART at kumukuha ng koryente mula sa renewable o napanunumbalik na eneryhiya.

Mga Pag-eendorso:

London Breed, Mayor ng San Francisco

Nick Josefowitz, Direktor ng BART, Distrito 8

Scott Wiener, Senador ng Estado

David Chiu, Miyembro ng Asembleya

Mary Jung, Komisyoner sa Sining*

Nagtatrabaho para sa Ligtas, Maaasahan, at Malinis na BART para sa Lahat www.melanieforbart.com

*Para Lamang sa Layunin ng Identipikasyon

Melanie Nutter

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

Mga Kandidato para sa Board of Education (Lupon ng Edukasyon)

MONICA CHINCHILLA

Ang aking trabaho ay Tagapagtaguyod ng Edukasyon.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Bilang ina at may karanasang tagapagtaguyod ng edukasyon, nani-niwala akong kailangan ng bawat bata ng makatarungang access o pamamaraan upang magkaroon ng edukasyong mataas ang kalidad.

Ang aking mga prayoridad ay:

- Pagsuporta sa mga Guro -- mga suweldong kayang bumuhay upang makatira at makapagtrabaho ang mga edukador sa San Francisco;
- Malakas na Pagsisimula -- pagtatatag ng matibay na pundasyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng prayoridad sa edukasyong Pre-K hanggang ika-3 grado;
- Mga Paaralang Pangkomunidad -- pagsasama ng mga serbisyong nagbibigay ng suporta sa mga pamilya doon mismo sa bawat paaralan

Bilang tagapamahala ng kampanya para sa makasaysayang proposisyon sa pagbubuwis sa soda, nagresulta ang aking trabaho sa pagtaas ng badyet ng ating lungsod nang \$15 milyon taon-taon, na perang ginagamit upang mapahusay ang kalusugan ng mga bata at pamilya ng San Francisco.

Bilang tagapag-ugnay ng Latino Parity and Equity Coalition (Koalisyon ng mga Latino para sa Pagkakapantay-pantay at Pagiging Makatarungan) nakapagdala na ako ng pamumuhunang \$800,000 para sa mga bagong programa at serbisyo sa komunidad ng mga Latino.

Bilang komisyoner sa Southeast Community Facility, nagdala ako ng mga oportunidad sa edukasyon at pagtatrabaho para sa mga residente sa kanilang lugar.

Kasama sa mga taga-suporta ko sina:

Mayor London Breed

Presidente ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor)

Malia Cohen

Mga Komisyoner ng Board of Education Shamann Walton at Mark Sanchez

Mga Trustee ng City College Brigitte Davila, Shanell Williams, at Thea Selby

Pampublikong Tagapagtanggol Jeff Adachi

Tagapangulo ng SF Democratic Party (Partidong Demokratiko ng SF)

David Campos

Dating Pang-estadong Superintendente ng mga Pampublikong

Paaralan Delaine Eastin

Dating Mayor Art Agnos

National Union of Healthcare Workers (Pambansang Unyon ng mga Manggagawa para sa Pangangalagang Pangkalusugan)

SF Firefighters (Mga Bumbero ng SF) Lokal 798

SEIU Lokal 1021

LiUNA Lokal 261

Sheet Metal Workers (Mga Manggagawa ng Metal) Lokal 104

Mga Karpintero Lokal 22

Mga Tubero Lokal 38

Mga Pintor at Tagatapos ng Drywall Lokal 913

Mga Manggagawa ng Carpet, Linoleum at SoftTile Lokal 12

Mga Gumagawa ng Salamin at Manggagawa ng Pang-arkitekturang Metal at Salamin Lokal 718

Iboto si CHINCHILLA!

www.MonicaChinchilla.com

Monica Chinchilla

ALISON COLLINS

Ang aking trabaho ay Edukador at Tagapag-organisa ng mga Magulang.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Dati akong guro ng SFUSD at may masters sa edukasyon mula sa San Francisco State University. Mayroon na akong 20+ taong karanasan sa pagpapahusay ng pagiging epektibo ng mga guro, pagkakaroon ng higit na kaligtasan sa paaralan, at pagpaparami sa mga oportunidad ng mga kabataang hindi gaanong nakatatanggap ng mga serbisyo. Kasama ako sa mga tagapagtatag ng San Francisco Families Union (Unyon ng mga Pamilya ng San Francisco), na nagbibigay ng edukasyon at lakas sa mga pamilya upang magtagumpay sa pagtataguyod ng may kalidad na pampublikong mga paaralan. Aktibo akong miyembro ng African-American Parent Advisory Council (Tagapayong Konseho ng mga Magulang na Aprikano-Amerikano). Naglilingkod din ako sa Parent Teacher Organization (Organisasyon ng mga Magulang at Guro) at sa School Site Council (Konseho ng Paaralan) sa eskuwelahan ng aking mga anak.

Kasama sa aking mga natamong tagumpay ang mga sumusunod:

- Nakakolekta kami ng mahigit \$1M para sa mga renobasyon sa Dr. George Washington Carver Elementary na nasa Bayview.
- Nakipagtrabaho na ako sa mga pamilyang nagsasalita ng wikang Tsino upang matiyak ang pagkakaroon ng full-time na kawani sa pagtuturo matapos ang maraming buwan ng mga substitute o kahalili
- Nakapagdisenyo na ako ng mga programa para sa pamumuno ng estudyante laban sa pambu-bully o pang-aapi, at naihatid na ito sa daan-daang edukador sa mga paaralan ng Northern California.

Magiging mga pangunahing prayoridad ko ang:

- Mga ligtas na paaralan: pisikal, emosyonal, at kultural na kaligtasan
- Pagbibigay ng akademikong hamon at pagsuporta sa bawat bata
- Pagpapahusay sa komunikasyon at pagiging bukas sa pagsisiyosat
- Pagpapalawak sa mga paaralan sa komunidad at pagpapanagot sa mga tsarter

Kasama sa mga nag-endorso sa akin ang/sina:

United Educators of San Francisco (Mga Nagkakaisang Edukador sa San Francisco)

Service Employees International Union (Pandaigdigang Unyon ng mga Empleyado ng Pagbibigay ng Serbisyo)

National Union of Healthcare Workers

SF Board of Supervisors:

Sandra Fewer

Jane Kim

Rafael Mandelman

Aaron Peskin

Hillary Ronen

Norman Yee

SFUSD Board of Education:

Stevon Cook

Matt Haney

Hydra Mendoza

Mark Sanchez

Shamann Walton

Alamin pa ang tungkol sa akin sa:

www.alisoncollinssf.com

www.sfpsmom.com

Alison Collins

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Mga Kandidato para sa Board of Education (Lupon ng Edukasyon)

ALIDA FISHER

Ang aking trabaho ay Magulang / Consultant sa Edukasyon.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Ina ako ng apat na estudyante ng SFUSD, kasama na ang nagtapos ngayong 2018 sa Mission High. Sa labintatlong taon na pagpasok ng aking mga anak sa SFUSD, naging aktibong magulang ako at nagboluntaryo sa pitong paaralan. Tagapangulo ako ng Community Advisory Committee for Special Education (Tagapayong Komite ng Komunidad para sa Espesyal na Edukasyon), miyembro ng African American Parent Advisory Committee (Tagapayong Komite ng mga Magulang na Aprikano Amerikano), at miyembro ng LCAP Task Force (Pangkat para sa mga Espesyal na Gawain ng LCAP). Bilang tagapagtaguyod ng edukasyon, nakikipagtrabaho ako sa mga pamilya upang matiyak na naririnig ang ating mga boses. Bilang dating foster parent o tagapangalagang magulang at nag-ampon na magulang ng mga batang Aprikano Amerikano, partikular akong may lubusang pagmamalasakit sa mga usapin ng pagkakaroon ng katarungan at social justice o hustisyang panlipunan.

Nakadalo na ako sa daan-daang miting ng Board of Education ng distrito. Handa na akong gumawa ng higit pa sa pagkokomento sa mga miting; Gusto kong tiyakin na isasaalang-alang natin ang pinakabulnerableng mga estudyante at pamilya sa bawat desisyon, resolusyon, at panuntunang gabay. Gusto kong maging susunod na miyembro ng Board of Education.

Ang aking mga prayoridad:

- Magdulot sa bawat estudyante ng pakiramdam na malugod siyang tinatanggap, isinasama, at pinahalalagahan sa paaralan
- Magkaloob ng mga suporta at interbensiyon upang maging mahusay na nagbabasa ang lahat ng estudyante pagdating ng ikatlong grado
- Pabilisin ang pagkakaroon ng mga insentiba upang mapanatili ang mga kawani, kagaya ng pabahay sa guro at mga programa sa mentoring o paggabay sa mga bagong guro at paraedukador
- Taasan ang badyet at higit na magkaroon ng pagpapanagot at pagiging bukas sa pagsisiyasat sa paggawa ng desisyon, sa bawat antas

www.alidafisher.com

Alida Fisher

PHILLIP MARCEL HOUSE

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Layunin ng pahayag na ito ang ipaabot sa mambabasa kung bakit gusto kong makasama sa Board of Education. Nakakuha ako ng BS sa Business Administration (Pangangasiwa sa Negosyo) mula sa San Francisco State University, nakakuha ng Trabaho bilang Guro, at ikinatuwaga ito. Limang (5) taon na akong kumakanta sa Glide Choir, tumugtog ng Bass sa Gratia Community Church, at sa San Francisco Opera.

Phillip Marcel House

Mga Kandidato para sa Board of Education (Lupon ng Edukasyon)

DR. PAUL KANGAS, JD, ND.

Ang aking trabaho ay Doktor at Pribadong Imbestigador.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Kailangan nating bayaran ang mga guro nang kapareho ng mga pulis, at nang mabigyan ng motibasyon ang mga estudyante at “Dreamers” na pumasok sa pagtuturo.

Makakolekta ng pera para sa suweldo ng mga guro sa pamamagitan ng pagdaragdag ng 1,000 solar panel sa bawat paaralan, upang maging pangunahing pinagkukunan ng pondo ang solar, na nakatalaga para sa mga guro, at sa gayon, mabawasan ang mga buwis.

Itakda ang pagbabayad sa mga paaralang solar ng \$0.49 kwh mula sa PG&E, na siyang nabigo sa pagpuputol sa mga sanga ng puno, kung kaya nasunog ang Napa, Sonoma, Lake Counties, at iba pa.

Ang solar ang pinakamahusay na pangmatagalang pamumuhunan na puwedeng gawin ng SF para sa ating mga guro.

“Ang #1 usapin na hinaharap natin ay global warming o pag-init ng mundo.” —Bernie 2020. Kailangang paghusayin pa ng SFUSD ang porsiyento ng mga nagsisipagtapos na Aprikano Amerikano. Black Lives Matter (Mahahalaga ang Itim na Buhay).

Dr. Paul Kangas, JD, ND, Ipinasa ang SF Nuclear Free Zone '87. Hastings Law College '75, Pinalaki ang 3 anak sa mga paaralan ng SF. Nagturo ng Batas at ng Mga Pribadong Imbestigasyon sa loob ng 7 taon. ILWU '68.

Ngayon, nagtatrabaho ako bilang PI para sa pagdepensa sa mga kriminal na kaso at bilang Doktor sa mga paaralan, kalye at kulungan ng SF.

Nilikha ang unang Earth Day (Araw ng Daigdig), SFSU, 4/22/68, (SF Examiner 9/30/2006)

Dating Komisyoner ng SF Drug. Nakahanap ng lunas na Vitamin C para sa Lyme.

US Navy 60-64: guwardiya para kay Presidente Kennedy, pananalakay ng Cuba, Vietnam.

Panoorin ako sa: Youtube: paul8kangas & “Highwire”. 877-912-7529, 1pm.

May sapat na araw na tumatama sa SF sa isang oras upang mabigyan ng koryente ang bawat paaralan sa loob ng isang taon.

Inendorso nina: Abugado Christina Chen, Guro Lynn Carberry, Sen. Mark Leno, Dr. Christina Hicks, Chiropractor, Dr. David Latch, DC, at Dr. Richard Kunin, MD, Nutritional Medicine (Medisinang Pangnutrisyon).

Dr. Paul Kangas

PHIL KIM

Ang aking trabaho ay Edukador sa Pampublikong Paaralan.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Bilang guro sa siyensiya sa ika-7 at ika-8 grado sa pampublikong paaralan, nakapagtrabaho na ako upang mawala ang achievement gap o agwat sa nakakamit na akademikong tagumpay sa ating mga komunidad na pinakawalang-kapangyarihan. Pinamumunuan ko na ngayon ang mga guro at lider sa kurikulum at mga gawain sa pagtuturo, at pinamamahalaan ang pagtuturo at pagkatuto para sa siyensiya, teknolohiya, at pag-iinhinyero. Ako lamang ang tanging kandidato para sa school board na may karanasan bilang guro sa mga paaralan ng Bay Area, may M.A. sa urban education policy and administration (polisiya at pangangasiwa ukol sa edukasyong pansiyudad) at nakapagtrabaho na sa mga antas na pang-estado at pambansa sa polisiya sa edukasyon ukol sa STEM.

Anak ako ng mga migranteng Koreano at produkto ng mga pampublikong paaralan. Marami sa mga problemang hinaharap ng mga pamilya at residente ngayon – pagiging abot-kaya ng pamumuhay, pagkakaroon ng daang makapasok sa de-kalidad na paaralan, pabahay – ay mga pakikibakang pinatrabahuhan ko at ng aking mga magulang upang maigpawan ang mga ito.

Mayroon ako kapwa ng propesyonal at personal na karanasan na nagbibigay sa akin ng natatanging mga kuwalipikasyon upang maghatid ng kailangang-kailangang reporma sa ating mga paaralan. Ang aking mga prayoridad ay:

- Pagpapahusay sa pagpapanatili sa mga guro at sustainability o pangmatagalang pagpapatuloy
- Pagsasaayos upang higit na maging epektibo ang sistema ng pagtatalaga ng mga estudyante
- Pagpapalawak sa mga programa sa Siyensiya, Teknolohiya, Pag-iinhinyero at Matematika
- Pagpapalalim sa pakikipag-partner sa mga pamilya at komunidad

May pananagutan ako sa pagtitiyak na magkakaroon ng pag-access o makapapasok ang bawat estudyante sa paaralang de-kalidad, ligtas, at nagbibigay ng suporta. Samahan sina Senador ng Estado Scott Wiener, City College Trustee Alex Randolph, mga guro, at pamilya upang unahin ang mga bata.

www.philkim.org

Phil Kim



Mga Kandidato para sa Board of Education (Lupon ng Edukasyon)

CONNOR KRONE

Ang aking trabaho ay Edukador para sa Kaalamang Pinansiyal.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Bisitahin ang www.ConnorKrone.com upang mapanood at mapakingan kung bakit naniniwala akong kailangan natin ng mga totoong edukador para makatawan ang mga bata ng San Francisco.

Nananatili ang ating mga pampublikong paaralan na lugar kung saan walang katarungan sa pagkakapantay-pantay, at hindi nito kayang tugunan ang pangmatagalang mga epekto ng kahirapan, rasismo, at iba pang inhustisya na malalalim ang ugat. Magdesisyon para sa sarili: sa kabuuan ng ating 136 paaralan, 50% lamang ng mga estudyante ang nakakakuha ng marka na mahusay o mas mataas pa sa mga eksamen ng estadong CAASPP sa matematika at Ingles. Hindi natugunan ng kalahati sa mga estudyante ng San Francisco ang sariling mga pamantayan sa pag-aaral ng California. Komplikado ang pag-aayos sa mga problemang ito. Gusto kong maging direktso: hindi ito mga problemang kayang lutasin ng magulang o naghahangad maging politiko. Gusto kong iboto ninyo ang kandidato na may matagal nang rekord sa pampublikong edukasyon.

Ako iyon: mayroon na akong sampung taon na karanasan sa pagtatanggal ng mga hadlang sa pampublikong edukasyon. Sa San Francisco, nagtatag ako ng non-profit para sa edukasyong pampinansiya upang labanan ang krisis sa pag-utang ng mga estuyante. Sa aking karera, nagabayan ko na ang mga estudyante ng high school upang maging mga negosyante, nagtrabaho na ako para sa College Board upang magdala ng paggabay sa STEM sa mga minoridad, nakabuo na ako ng K-5 na kurikulum sa robotics, at nakapagpatakbo na ng programa para sa pamumuno ng kabataan sa kabuuan ng lungsod. Ikinararantal ko ang trabaho ko para sa mga estudyante ng San Francisco. Tulungan akong magpatuloy sa pamamagitan ng inyong boto.

Connor Krone

LEX LEIFHEIT

Ang aking trabaho ay Magulang / Pampublikong Tagapaglingkod.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Tumatakbo ako para sa School Board dahil naniniwala akong bata-yang pangangailangan ang pampublikong edukasyon sa pagkakaroon ng lungsod na may katarungan sa pagkakapantay-pantay. Bilang magulang sa pampublikong paaralan at mayroong musmos na mga anak, nakita ko na ang mga hadlang na kinakaharap ng mga pamilya sa pagkakaroon ng magandang edukasyon. Hindi sapat ang mga nagagawa upang tugunan ang achievement gap o agwat sa nakakamit na akademikong tagumpay at magkaroon ng pangmatagalang pagpapatuloy. Isa ang SFUSD sa may pinakamatataas na porsiyento ng pagtigil sa pag-aaral, at kailangan nang mabago ito.

Bilang unang Nonprofit Business Development Manager (Tagapamahala ng Pagpapaunlad ng Negosyo na Nonprofit) sa Office of Economic and Workforce Development (Tanggapan ng Pagpapaunlad sa Ekonomiya at Lakas ng Manggagawa)* sa San Francisco, nagamit ko na ang aking propesyonal na karanasan sa paggawa ng polisya at pagbabadyet upang suportahan ang mga programa sa pangangalaga ng bata at afterschool na humaharap sa pagkawala ng ginagamit na lugar, pagdidisenyo ng polisya upang gawing aktibo ang hindi lubos na nagagamit na ari-arian, at pangangasiwa sa pagbibigay ng pinansiyal na tulong upang maprotektahan ang mga serbisyong pangkomunidad at mga kayamanan na pangkultura.

Nakapagtrabaho na ako upang mataasan ang suweldo ng mga edukador, magkaroon ang lahat ng pag-access sa pangangalaga sa mga musmos na bata, at masuportahan ang pabahay para sa mga edukador. Gayon pa man, maraming trabaho ang kailangang magawa.

Ang aking mga prayoridad ay:

- Pagkawala ng achievement gap o agwat sa nakakamit na akademikong tagumpay
- Pagkakaroon ng higit pang pagpapa-enroll at pakikilahok ng magulang
- Paggawang aktibo ng hindi lubos na nagagamit na ari-arian para sa pakinabang ng komunidad
- Paghahanda sa mga estudyante sa magagandang trabaho sa pamamagitan ng paggamit sa edukasyon sa sining at inobasyon sa STEM

Panahon na para magkaroon ng tunay na may pagkakaisang SF Unified School District (Pinagsama-samang Distritong Pampaaralan ng San Francisco). Samahan ako at magtayo tayo ng magandang kinabukasan para sa mga pampublikong paaralan.

*Para lamang sa layunin ng identipikasyon ang organisasyon.

Lex Leifheit

Mga Kandidato para sa Board of Education (Lupon ng Edukasyon)

GABRIELA LÓPEZ

Ang aking trabaho ay Guro sa Pampublikong Paaralan.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Isa akong bilingual o nakapagsasalita ng dalawang wika na guro sa klasrum sa mga pampublikong paaralan ng San Francisco. Mahigit sampung taon na akong nagtatrabaho sa edukasyon, at naiintindihan ko kung bakit kritikal na tiyakin na may pag-access ang lahat ng estudyante sa may kalidad na edukasyon.

Sa pamamagitan ng pakikipagtrabaho sa mga administrador, magulang at edukador bilang Arts Coordinator (Tagapag-ugnay para sa Sining) at Union Building Representative (Kinatawan para sa Gusali ng Unyon), naglilingkod ako sa School Site Council (Konseho ng Paaralan) at tumutulong sa pangangasiwa sa +\$74 milyong dolyar na Public Education Enrichment Fund (Pondo para sa Pagpapahusay ng Pampublikong Edukasyon).

Inoorganisa ko rin ang Teachers 4 Social Justice (Mga Guro para sa Hustisyang Panlipunan) at nagtuturo ako sa San Quentin State Prison, upang makatulong sa pagpigil sa landas na mula paaralan tungo sa kulungan, at ginagawa ko ito sa pamamagitan ng pagtataguyod sa kakayahan sa pagbabasa at pagsusulat at pag-aaral ng matematika.

Ang aking mga prayoridad ay:

May Kalidad na Paaralan mula sa Childcare o Pag-aalaga sa Bata hanggang sa Kolehiyo

- Pagtitiyak na may pag-access sa sining at pinakabagong teknolohiya sa bawat paaralan
- Pagpaparami ng mga akademiko at pangwikang suporta para sa mga Pamilya
- Pamumuhunan sa pagre-recruit at pagpapanatili sa mga may kalidad na edukador

Pagdidirekta ng mas Maraming Resources o Mapagkukunan sa mga Klasrum at sa Espesyal na Edukasyon

- Pagtugon sa kalusugan ng isip at wellness (kagalingan ng katawan at isip) sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga nars at counselor (tagapayo) sa bawat paaralan
- Pagkakaloob ng Mas Maliliit na Klase

Pagpaparami sa mga Serbisyo para sa mga estudyante at pamilya:

- Pagpapahusay sa Assignment o Pagbibigay ng Puwesto sa mga Estudyante – pagpapatupad nito online at pagpapa-enroll nang real-time (sa oras mismo)
- Pagpapalawak sa Pagiging Abot-kaya ng Pabahay at mga opsyon sa Pabahay para sa mga pamilya at edukador

Magdadala ako ng boses na may kaalaman, na may kasamang integridad at karanasan sa San Francisco Board of Education.

Mga Pag-eendorso:

Mga Miyembro ng San Francisco Board of Education:

- Mark Sanchez
- Hydra Mendoza, Presidente

San Francisco Board of Supervisors:

- Sandra Lee Fewer- Distrito 1
- Jane Kim- Distrito 6
- Hillary Ronen- Distrito 9

David Campos, Tagapangulo- San Francisco Democratic Party

Karen Zapata at Jeremiah Jeffries, Teachers 4 Social Justice

At marami pang iba!

www.gabrielalopez.org

Gabriela López

LI MIAO LOVETT

Ang aking trabaho ay Tagapayong Akademiko.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Dalawang dekada na akong nagtatrabaho sa pampublikong edukasyon matapos na makakuha ng mga degree mula sa Stanford University at sa California Institute of Integral Studies. Noong dekada nobenta, nagsimula ako ng programa sa mentoring o paggabay sa Bayview, nagbigay ng pagpapayo sa nakararanas ng krisis na tinedyer sa Huckleberry House, at nakipagtrabaho sa mga migranteng estudyante sa Mission. Bilang lider ng unyon ng mga guro at aktibista, nagtrabaho ako sa front lines o bilang isa sa nangunguna, upang mapigilan ang pagsasara ng City College of San Francisco sa panahon ng 4 1/2-taong krisis sa akreditasyon, at sa gayon, manatiling bukas ang pintuan para makapasok ang mga migrante, nagsipagtapos ng high school, beterano, nag-aaral ng ESL—lahat ng nakikinabang sa pagkakaroon ng edukasyong pangkolehiyo. Sa pagkakapasa ng Free City College, nag-outreach ako o nagtrabaho upang makabot sa nakararami sa pamamagitan ng koalisyon ng mga pangkat pangkomunidad, at nang matamo ng mga taga-San Francisco ang kanilang mga tunguhin nang hindi napapasan ng utang sa kolehiyo. Bilang akademikong tagapayo, nasuportahan ko na ang libo-libong estudyante sa kanilang landas tungo sa kolehiyo, kasama na ang mga senior sa high school ng SFUSD na naka-enroll sa Early College (Maagang Kolehiyo).

Bilang miyembro ng School Board, paghuhusayin ko pa ang nariyan nang inisyatiba na nagtataguyod sa akademikong tagumpay, kata-rungan sa pagkakapantay-pantay, at sosyo-emosyonal na pagkatuto. Plano kong pagbutihin pa ang paggabay para sa kolehiyo at karera sa mga estudyante, itaguyod ang mga pamilyang may pangangailangan at mga komunidad na may mga hadlang sa pagkakaroon ng pamamaraang makakuha ng mga serbisyo, at suportahan at panatilihin ang ating mga guro na humaharap sa krisis sa pagiging abot-kaya ng pamumuhay.

Para sa mga pag-eendorso, bisitahin ang www.lilovett.com.

Li Miao Lovett

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Mga Kandidato para sa Board of Education (Lupon ng Edukasyon)

FAAUUGA MOLIGA

Ang aking trabaho ay Panlipunang Manggagawa ng Paaralan / Magulang.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Isa akong magulang at propesyonal sa kalusugan ng isip, na lumaki sa projects o pampublikong pabahay ng San Francisco at nagtapos mula sa Balboa High School.

Nakabuo na ako ng mga programa na lumikha ng daan para makapasok sa kolehiyo ang mga kabataang babae, nakapagpabawas ng pagbubulakbol, at nakapagpataas sa pagpapa-enroll sa mga pampublikong paaralan ng San Francisco. Sa kasalukuyan, nagkakaloob ako ng pagpapayo sa mga estudyante ng pampublikong paaralan na dumaranas ng trauma o matinding karanasan na nagdudulot ng pagkaligalig.

Tunguhin ko bilang Komisyoner ng Lupon na lumikha ng ligtas at nagbibigay ng suporta na kapaligiran sa pag-aaral sa pamamagitan ng pagtatayo ng wellness centers (mga sentro para sa kagalingan ng katawan at isip) sa bawat pampublikong paaralan, pagpapatupad ng pamamaraan na naka-base sa komunidad sa mga paaralan, at pag-suporta sa ating mga edukador sa pamamagitan ng mga benepisyong nagtitiyak ng mataas na antas ng pagpapanatili sa mga edukador.

May pananagutan ako sa pagpapahusay sa ating mga pampublikong paaralan sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga holistikong polisiya na nakatuon sa kagalingan ng mga estudyante at kawani. Mapagkumbaba ko pong hinihingi ang inyong boto.

Mga Natamong Tagumpay

Master of Social Work, San Jose State University
McCoy Award, YMCA San Francisco Association
Community Builder Award, The Perlman Foundation

Mga Taga-suporta

United Educators of San Francisco
National Union of Healthcare Workers
Service Employees International Union 1021
London Breed
David Campos
Lateefah Simon
Rafael Mandelman
Sandra Fewer
Jeff Adachi
Hillary Ronen
Ahsha Safai
Aaron Peskin
Bevan Dufty
Matt Haney
Shamann Walton

www.faaugamoliga.com

Faauga Moliga

DARRON A. PADILLA

Ang aking trabaho ay Consultant para sa Pagpapaunlad ng Organisasyon.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Ipinanganak ako at lumaki sa California, kasama ang aking anim na kapatid, at itanim sa isip namin ng aking mga magulang at guro ang pagpapahalaga sa dedikasyon, masipag na pagtatrabaho, at edukasyon. Dahil dito, marubdob ang aking pagnanais na magkaroon ng oportunidad na maglingkod sa SFUSD Board of Education at tumulong upang makilala ang SFUSD bilang world-class (kapantay ng pinakamahuhusay sa mundo) na pang-edukasyong ecosystem na nakapagpapaunlad sa mga estudyanteng may pinakamataas na kalidad, at handang pumasok sa mga unibersidad at kolehiyo bilang mga mamamayan ng mundo na nagtataglay ng iba't ibang kakayahan at mabubuting katangian, at may diversity o pagkakaiba-iba.

Nagmumula ang aking mga kuwalipikasyon upang maglingkod sa SFUSD sa aking malawak na edukasyon at karanasan, kapwa sa boluntaryong trabaho at propesyonal na karera. Bukod sa pagiging boluntaryo sa pagtatayo ng mahahalagang tahananang pampamilya sa Habitat for Humanity, magmula pa noong 1999, naging boluntaryong edukador/guro na rin ako, para sa mga gradong 2-12 sa 6-linggong kurikulum ng Junior Achievement of Northern California, ng mga kursong mula sa sibika hanggang matematika. Lubusan akong naniniwala sa edukasyon at sa pamilya. Pinaaral ko ang aking sarili sa kolehiyo sa California State University, East Bay at nakuha ko ang aking Masters sa Organization Development sa Pepperdine University.

Isa akong may karanasan at malakas ang intuwisyon na konsultant para sa pagiging epektibo ng mga organisasyon, at kilala ako sa pagtulong sa mga lider at komunidad na matamo ang kanilang mga istrategikong tunguhin. Bilang miyembro ng Board of Education, misyon kong suportahan ang tinatahak na landas tungo sa Vision 2025 ng SFUSD, na espesipikong nakatuon sa pagkakaroon ng pag-access at katarungan sa pagkakapantay-pantay, pagtamo ng tagumpay ng mga mag-aaral, at pananagutan.

Darron A. Padilla

Mga Kandidato para sa Board of Education (Lupon ng Edukasyon)

MICHELLE PARKER

Ang aking trabaho ay Tagasulat ng Grant sa Nonprofit / Magulang.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Isa akong magulang ng tatlong estudyante ng pampublikong paaralan ng San Francisco. Naging epektibo na akong tagapagtaguyod at boses para sa mga magulang at estudyante sa loob ng mahigit isang dekada, dahil ang pamumuhunan sa pampublikong edukasyon ang susi sa pagkakaroon ng higit na oportunidad para sa pag-angat sa katayang pang-ekonomiya at pagpapalakas sa ating mga komunidad.

Nakapaglingkod na ako bilang Presidente ng San Francisco PTA, na sumusuporta sa mga magulang sa mahigit 60 paaralan; kasama ako sa mga tagapagtatag ng San Francisco Parent PAC upang maiakyat ang boses ng mga magulang, at nang matiyak na isang lugar ang San Francisco kung saan puwedeng magtagumpay ang mga pamilya; at nagsilbi bilang Co-chair ng Quality Teacher Education Act Oversight Committee (Komite para sa Pamamahala ng Batas ukol sa De-Kalidad na mga Guro at Edukasyon), na nagtitiyak na ginagamit ang mga pondo mula sa nagbabayad ng buwis upang masuportahan ang de-kalidad na pagtuturo. Naglingkod na ako sa mga komiteng pang-edukasyon sa antas ng estado, na nagbigay sa akin ng kritikal na karanasan upang makapaglingkod sa mga estudyante ng San Francisco. Presidente ako ng nonprofit para sa edukasyon sa sining, na nagbibigay ng prayoridad sa racial justice o hustisya para sa iba't ibang lahi, at pagtulong sa mga estudyanteng matutunan ang kritikal na pag-iisip sa pamamagitan ng sining.

Ang aking mga prayoridad ay:

- Unibersal na Preschool
- Mga Paaralan sa Komunidad upang matiyak na makapapasok ang mga pamilya sa paaralang elementarya na malapit sa kanilang tahanan
- Pagbabalik sa Algebra at lahat ng accelerated o abanteng matematika sa middle school
- Pagpapalawak sa Career Technical Education (Teknikal na Edukasyon para sa mga Karera)
- Paghihikayat at pagsusuporta sa napakahusay na guro

Pakiboto si Michelle Parker para sa School Board!

www.michelleparker.org

Mga Taga-endorso:

- Mayor London Breed
- Senador Scott Wiener
- Miyembro ng Equalization (Lupon ng mga Tagasingil ng Buwis) Fiona Ma
- Tagatasa Carmen Chu
- Miyembro ng Asembleya David Chiu
- Mga Superbisor: Catherine Stefani, Katy Tang, Vallie Brown, Ahsha Safai
- School Board: Shamann Walton, Rachel Norton, Emily Murase
- City College: Alex Randolph, Thea Selby

Michelle Parker

MARTIN RAWLINGS-FEIN

Ang aking trabaho ay Edukador / Magulang.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Natatangi ang aking kuwalipikasyon sa pagtakbo para sa Board of Education dahil mayroon akong dalawampung taong karanasan sa pamumuno sa mga propesyonal at pamboluntaryong mga lugar. Bilang bi trans na ama ng dalawang estudyante sa pampublikong paaralan, nakapaglingkod na ako bilang miyembro ng School Site Council (SSC) at ng PTA at naging pangunahing guro at pansamantalang direktor ng paaralang Beit Sefer Phyllis Mintzer sa Sha'ar Zahav. Isa akong espesyalista sa EdTech sa UCSF at alam ko ang kahalagahan ng state-of-the-art o pinakamahusay na lugar na pang-edukasyon para sa ating mga anak.

Bukod rito, mayroon na akong mahigit dalawang dekadang karanasan bilang aktibista na nakikipaglaban para sa mga trans na kabataan at matatanda, mga pasyente sa Department of Corrections (Departamento ng mga Koreksiyonal, CDCR), komunidad ng mga Katutubong Amerikano at pamilyang LGBTQ. Nakapaglingkod na ako sa maraming posisyon sa serbisyo publiko at nakapagtaguyod ng single-payer healthcare (sinasakop ang mga gastos sa pangangalagang pangkalusugan ng pampublikong sistema), pagkakatantay-pantay sa pagpapakasal, at pabahay bilang karapatang pantao.

Bilang Komisyoner ng School Board, dadalhin ko ang aking buong sarili sa mga hamon at oportunidad sa proseso ng pagtatalaga ng mga puwesto, abot-kayang pabahay, at pagsuporta sa malulusog na pampaaralang komunidad para sa lahat ng estudyante.

Pakisamahan ang Trustee ng City College John Rizzo, Miyembro ng Lupon ng BART Bevan Dufty, at ang Tagapangulo ng Pedestrian Safety Advisory Committee (Tagapayong Komite para sa Kaligtasan ng mga Naglalakad) Becky Hogue sa pagsuporta sa aking kampanya para sa Board of Education sa www.martinrawlings-fein.com.

Martin Rawlings-Fein

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Mga Kandidato para sa Board of Education (Lupon ng Edukasyon)

MIA SATYA

Ang aking trabaho ay Tagapamahala ng Kaso / Awtor.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Ginugol ko ang aking karera sa pagtataguyod sa mga kabataang kakaunti ang napagkukunan ng tulong at impormasyon. Ngayon, tumatakbo ako para sa School Board upang wakasan ang mga hadlang sa edukasyon at bigyang-lakas ang lahat ng kabataan upang magtagumpay.

Nakapaglingkod na ako bilang Komisyoner ng mga Kabataan, Miyembro ng Tagapayong Lupon para sa mga Kabataang Transisyonal ang Edad, at Vice Chair (Katuwang ng Pangulo) ng Department of Children Youth and Their Families Oversight and Advisory Committee (Tagapangasiwa at Tagapayong Komite ng Departamento ng mga Bata, Kabataan at Kanilang mga Pamilya). Pinarangalan kamakailan ang aking trabaho ng ating Board of Supervisors at ng Senado ng Estado.

Nagawa ko nang:

- Makatulong sa muling pagbibigay ng awtorisasyon sa Children's Fund (Pondo ng mga Bata) at sa Public Enrichment Education Fund (Pondo para sa Pagpapahusay ng Pamublikong Edukasyon), na naghahatid ng \$150+ milyon taon-taon sa mga pamublikong paaralan at programang afterschool.
- Makasama sa paglikha ng mahalagang pagsasanay sa diversity o pagkakaiba-iba na LGBTQ para sa 9,000 empleyado ng lungsod.
- Magtrabaho bilang lider sa mga pangkomunidad na pangkat, na nakakuha ng Libreng MUNI para sa 40,000 kabataang mababa ang kita.

Ako ay:

- Magtatrabaho upang mabawasan ang mga walang kakayahang magbasa at magsulat at ang porsiyento ng mga tumitigil sa pag-aaral para sa ating mga estudyante.
- Magbibigay ng garantiya sa lahat ng estudyante na magkakaroon sila ng pag-access sa paggamot sa kalusugan ng isip, at nang mawakasan ang pambu-bully o pang-aapi at ang pagpapatiwakal sa ating mga paaralan.
- Makatatamo ng katarungan sa pagkakapantay-pantay sa suweldo at pabahay para sa lahat ng guro at estudyante.
- Magtataguyod ng kaalamang pampinansiya at pampulitika para sa mga estudyante.

Kasama sa aking mga taga-suporta ang Harvey Milk LGBTQ Democratic Club (Samahang Demokratiko na Harvey Milk LGBTQ), dating Presidente ng Board of Supervisors Harry Britt, dating Superbisor John Avalos, Miyembro ng School Board Matt Haney, Trustee ng City College Thea Selby, at Trustee ng City College Shanell Williams.

Tiyakin nating magtatagumpay ang lahat ng estudyante at edukador!

www.MiaSatya.com

Mia Satya

ROGER SINASOHN

Ang aking trabaho ay Developer ng Software.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Napakakaunti lamang ng mga aspeto ng SFUSD kung saan wala akong personal na karanasan at espesyal na interes sa pagtataguyod. Naging kasangkot na ako sa SFUSD at sa mga pamublikong paaralan sa malaking bahagi ng aking buhay, sa iba't ibang kapasidad, kasama na ang:

- Pagiging produkto ng mga paaralan ng SFUSD
- Pagkakaroon ng tatlong anak na pumapasok sa mga paaralan ng SFUSD
- Paglilingkod sa school site council, sa PTSA, at bilang boluntaryo sa klasrum
- 19 taong kasal sa guro sa pamublikong paaralan sa loob ng 25 taon
- Nakapag-develop na ng software para sa mga pandistritong pamublikong paaralan sa loob ng 14 taon

Kailangan nating tugunan ang achievement gap o agwat sa nakakamit na akademikong tagumpay na nakaaapekto sa marami sa ating pinakabulnerableng mga estudyante sa pamamagitan ng pagtiyak ng katarungan sa pagkakapantay-pantay sa lahat ng paaralan at pagkakaroon ng mas maraming kaalaman ukol sa mga asignaturang STEAM – teknolohiya at sining – sa pang-araw-araw na kurikulum at sa mga gawaing extra-curricular. Nararapat lamang na magkaroon ang lahat ng bata ng oportunidad na masiyasat ang sining at siyensiya araw-araw. Para sa ilan, malaking tagahikayat ang sports; kailangan nating tiyakin na mayroong panghikayat at suporta ang mga estudyanteng nakatuon ang pag-iisip sa gawaing artistiko at siyentipiko, katulad ng mga estudyanteng may natatanging kahusayang atletika.

Naglilingkod ang ating distrito sa mga pamilya at bata na mula sa lahat ng uri ng pinagmulan, lahi, seksuwal na oryentasyon at identidad ng kasarian. Bilang anak ng migranteng refugee o napilitang lumikas, may pananagutan ako sa pagtatakda ng pamantayan para sa diversity o pagkakaiba-iba na higit pa kaysa sa pagpaparaya, higit pa sa pagtanggap, tungo sa selebrasyon.

Roger Sinasohn



Mga Kandidato para sa Board of Education (Lupon ng Edukasyon)

LENETTE THOMPSON

Ang aking trabaho ay Bumbero.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Isa akong ina ng apat na bata at ika-apat na henerasyon ng mga taga-San Francisco.

Naging estudyante ako ng SFUSD sa aking paglalakbay sa K-12, at bagamat may ilang bagay na napahusay na, mayroon ding ilan na hindi pa umuunlad.

Dalawampu't limang (25) taon na akong Bumbero sa San Francisco. Mahal ko ang lungsod na ito, at minamahal ang paglilingkod sa lungsod. Gusto ko ng oportunidad na makatulong sa ibang paraan.

Nagkaroon ako ng marubdob na paniniwala sa pagbibigay ng edukasyon sa kabataan at pagsuporta sa ating mga guro noong naging Presidente ako ng PTA sa loob ng tatlong taon sa West Portal Elementary.

Malalim na pagmamalasakit ang aking kuwalipikasyon. Marubdob akong naniniwala sa pagtatanong at pagtugon sa mahahalagang usapin na kinakaharap natin ngayon, at napalampas ng ating distritong pampaaralan sa loob ng limang dekada.

Mga Prayoridad:

- Pagkawala ng Achievement Gap o Agwat sa Nakakamit na Akademikong Tagumpay.
- Pagpapanatili sa mga Guro.
- Patuloy na pagkakaroon ng mas maliliit na klase at pagtataas sa suweldo ng mga guro.
- Pagtugon sa kagustuhan ng mga magulang na ipasok ang kaniyang mga anak sa paaralan sa kanilang komunidad.
- Pagkakaroon ng atensiyon at meditasyon para sa lahat ng antas ng grado.

Mga Pag-eendorso:

San Francisco Firefighters (Mga Bumbero ng San Francisco), Keith Baraka, 2nd Vice Chair (Ikalawang Katuwang ng Pangulo) SF DCCC (Hinihintay pa ang ibang pag-eendorso nang inilimbag ito.)

Magalang ko pong hinihingi ang inyong boto.

www.lenettethompson.com/ Fired up about our Future! (Naglalagablab para sa ating Kinabukasan!)

Lenette Thompson

JOHN TRASVIÑA

Ang aking trabaho ay Dekano ng Paaralan ng Batas.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Nagpapasalamat ako sa aking mga migranteng magulang at sa mga guro ng pampublikong paaralan sa Commodore Sloat, Aptos, at Lowell na naghanda sa akin para sa Harvard University, Stanford Law, at sa karerang may dedikasyon sa pag-aadokasiya para sa mga karapatang sibil, serbisyong pampubliko, at edukasyon. Sa ngayon, marami pa rin tayong mahuhusay na paaralan, pero hindi sapat ang mga ito at hindi nasa lahat ng lugar.

Hinihingi ko ang inyong boto upang mapalakas pa ang lubos na kahusayan, mga inaasahan, at pantay na oportunidad sa ating mga paaralan.

Gamit ang karanasang nakuha ko bilang guro, Dekano ng USF Law School, Katulong na Kalihim para sa Fair Housing (Makatarungang Pabahay) ni Presidente Obama, Presidente ng Mexican American Legal Defense & Educational Fund (Pondong Mehikano Amerikano para sa Legal na Depensa at Edukasyon), at Presidente ng Lowell Alumni Association (Asosasyon ng mga Nagsipagtapos sa Lowell), magiging independiyenteng boses ako na uunahin ang ating mga anak para sa pantay na pag-access sa mga oportunidad sa dekalidad na edukasyon.

Maling maglagay ng mga hadlang upang harangan ang mga estudyanteng gusto ng instruksiyon sa matematika o magkaroon ng proeso sa pagpapa-enroll na nakalilito at nagbibigay ng pakiramdam ng pagkabigo sa mga magulang. Upang matanggal ang mga achievement gap o agwat sa nakakamit na akademikong tagumpay, kailangan natin ng Latino Education Initiative (Latinong Inisyatiba sa Edukasyon) upang makahanay ng African American Achievement & Leadership Initiative (Aprikano Amerikanong Inisyatiba para sa Tagumpay at Pamumuno).

Ikinararangal kong maendorso ng mga edukador at pampublikong opisyal na deka-dekada na akong kilala:

Senador ng Estados Unidos Dianne Feinstein
Lider Nancy Pelosi
Tagapangulo ng SF Democratic Party David Campos
Mga Miyembro ng Asembleya David Chiu at Phil Ting
Miyembro ng Board of Equalization Fiona Ma
Abugado ng Distrito George Gascon
Trustee ng Community College Shanell Williams
Superbisor Katy Tang
Dating Miyembro ng School Board Jill Wynns
Dekano ng Edukasyon sa USF Shabnam Koirala Azad
Propesor ng USF Law Bill Ong Hing
Retiradong Principal ng Lowell Paul Cheng
Retiradong Principal ng Potrero Hill at ng Luther Burbank Jr. High Ron Cabral
Dating mga Tagapangulo ng SF Democratic Party Linda Post at Jane Morrison

John Trasviña

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Mga Kandidato para sa Board of Education (Lupon ng Edukasyon)

JOSEPHINE ZHAO

Ang aking trabaho ay Paraedukador ng San Francisco Unified School District (Pinagsama-samang Distritong Pampaaralan ng San Francisco) / Nanay.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Tumatakbo ako para sa School Board upang makatulong sa mga estudyante na makipagkompetensiya sa ika-21 siglo. Napakaraming mga oportunidad sa San Francisco, pero kailangang maging handa ang ating mga manggagawa sa kinabukasan upang tugunan ang mga hamon ng pandaigdigang ekonomiya. Naniniwala ako na kailangang maging mahusay ang lahat ng ating estudyante, sa bawat paaralan, upang magkaroon sila ng pamamaraang makuha ang lahat ng oportunidad sa ating lungsod.

Isa akong ina ng dalawang anak sa pampublikong paaralan, matalagal nang tagapagtaguyod na magulang, at may karanasanang Paraedukador/Tagapag-ugnay ng mga Pamilya sa SFUSD. Naglingkod ako sa Education Transition Policy Team (Pangkat para sa Polisiya ukol sa Pagtatransisyon sa Edukasyon) ni Mayor Breed. At, isa akong kilalang lider sa paghahanap ng solusyon para sa mga estudyanteng naantala ang pagkakaroon ng pamamaraang makakuha ng abanteng matematika sa ika-8 grado.

Ako ay:

- magtutalak ng mga opsiyon para sa abanteng matematika at teknikal na edukasyon;
- magtataguyod para sa indibidwalisadong pag-aaral upang mapahusay pa ang pagkamit ng tagumpay ng estudyante. Walang dalawang estudyante ang magkapareho, kailangan nating suportahan ang mga estudyante na matuto sa kanilang sariling paraan;
- magtuturing sa mga magulang bilang ka-partner at susuportahan ang kanilang mga pangangailangan;
- makikinig sa mga edukador at titiyakin na mayroon silang motibasyon.

Ineendorso ako nina/ng:

- Senador ng Estado Scott Wiener
- Miyembro ng Board of Equalization Fiona Ma
- Mayor London Breed
- San Francisco Sheriff Vicki Hennessy
- Tagatasa Carmen Chu
- Superbisor Katy Tang
- Superbisor Catherine Stefani
- Komisyoner ng Board of Education Emily Murase

Nagpapasalamat ako sa inyong boto upang tiyakin na may oportunidad ang lahat ng bata na magtagumpay sa ating lungsod.

Pakibisita ang: <http://JosephineZhao.com>.

Josephine Zhao

Mga Kandidato para sa Assessor-Recorder (Tagatasa-Tagatala)

PAUL BELLAR

Ang aking trabaho ay Guro / Tagataya ng mga Lupain.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Mayroong malaking krisis sa pabahay ang San Francisco, na may mga kondisyong hene-henerasyon nang hindi pa nararanasan nang ganito. May tungkulin ang mga halal na opisyal, tulad ng Assessor/Recorder (Tagatasa/Tagatala) na akuin ang responsibilidad sa panahon ng krisis, at nang makagawa ng mga inobasyon at magtrabaho upang malutas ang mga problemang kinahaharap ng mga naghalal sa kanila. Ito ang plano kong gawin, at ang dahilan kung bakit tuma-takbo ako bilang Assessor/Recorder ng County.

Nang dumating ako rito 15 taon na ang nakararaan, malugod akong tinanggap ng San Francisco, kahit na maliit ang aking suweldo bilang guro sa pampublikong paaralan. Dahil dito, nakilala ko ang aking asawa, nakapagsimula ng pamilya, at nagawa naming tahanan ang San Francisco. Kung ngayon kami dumating dito, kasama ng maraming matagal nang residente, hindi kami magiging ganoon kasuwerte.

Ngayon, sa pamamagitan ng aking sariling kompanya na may espesyalisasyon sa pabahay sa San Francisco, nakita ko na kung paano puwedeng makatulong para mabawasan ang krisis sa pabahay ng San Francisco. Gagamitin ko ang aking 8 taong karanasan sa pabahay bilang tagataya ng mga lupain, bukod pa sa aking 18 taon bilang edukador sa pampublikong paaralan, upang gampanan ang papel na Assessor/Recorder tungo sa bagong direksiyon, at itaon ito sa mga solusyon sa pabahay.

Paul Bellar

CARMEN CHU

Ang aking trabaho ay Assessor Recorder (Tagatasa Tagatala).

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Nakatuon ako sa pagbabago sa opisina ng Assessor upang makapaghatid ng halos \$3 bilyon na taunang kita para sa mahahalong serbisyo sa lungsod, kasama na ang pampublikong edukasyon, pabahay, kaligtasan ng publiko, serbisyo sa matatanda, at paglilinis sa kalye.

Pagtataas ng mga Pamantayan sa Pagkakaroon ng Pananagutan

- Pagtatanggal ng mga hindi pa nagagawang trabaho at pag-resolba sa mga apela; pangongolekta ng mahigit sa kalahating bilyong dolyar na mahigit sa inaasahan upang mapondohan ang pinakamaiigting nating hamon tulad ng abot-kayang pabahay, kaligtasan, pagpapanatili sa mga kalye sa maayos na kondisyon, at mga sentro na tumutulong sa homeless o walang tahanan.
- Pagsasara sa mga paraan ng pag-iwas upang mabigyan ng responsibilidad ang pinakamalalaking korporasyon sa pagbabayad ng kanilang makatwirang bahagi – \$38 milyon ang natukoy nang hindi lubusang naiuulat na transfer taxes (mga buwis sa paglilipat ng ari-arian).
- Pagpapatupad ng mga kagamitan para mapahusay ang pagganap at pagsasaayos upang higit na mapadali ang mga proseso, at nang matanggal ang mga balakid sa pagtatayo ng mas maraming pabahay.

Modernisasyon ng Opisina

- Paglulunsad ng online na pagfa-file at pagrerekord; pagbabago ng disenyo ng website para sa mas mahusay na serbisyo sa kostumer.
- Ginawan ng transisyon ang 2.6 milyong historikal na mga rekord mula sa papel tungo sa nahahanap na mga digital na file; ginawang ligtas ang datos upang mapanumbalik ang mga ito sakaling magkaroon ng sakuna.
- Malawakang pagbabago sa lumang sistema ng pagbubuwis sa higit na maging bukas ito sa lahat at magamit nang mas mahusay.

Paglilingkod sa Komunidad

- Nakatulong na sa mahigit 800, kung saan mga pamilyang iisang wika ang sinasalita ang karamihan, upang makakuha sila ng libreng payo mula sa mga propesyonal sa pinansiya at usaping legal.
- Naikonekta na ang mga pamilyang mababa at panggitna ang kita sa mga serbisyo para maiwasan ang pagfo-foreclose o pang-iilit ng tirahan.
- Nakapagpakilala na ng panukalang-batas upang magkaroon ng mga benepisyo sa buwis ang mga lokal na nakarehistrong domestic partner (kinikilalang partner ng batas) na hindi nagkaroon noon ng oportunidad na makapagpakasal.

Ikinararangal na ma-endorso nina Mayor London Breed, Senador Scott Wiener, Superbisor Aaron Peskin, Sheriff Vicki Hennessy.

Magalang ko pong hinihingi ang inyong boto.

www.CarmenChu.org

Carmen Chu

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Mga Kandidato para sa Public Defender (Pampublikong Tagapagtanggol)

JEFF ADACHI

Ang aking trabaho ay Kasalukuyang Pampublikong Tagapagtanggol.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Ikinararantal kong nakapaglingkod na ako bilang inyong Pampublikong Tagapagtanggol sa loob ng nakaraang labing-anim na taon. Taon-taon, pinagkakalooban ng aming mga may dedikasyong kawani ng masugid, epektibo at may malasakit na legal na representasyon ang mahigit 20,000 taga-San Francisco at ipinagtatanggol ang Batas ukol sa mga Batayang Karapatan at ang Konstitusyon.

Ikinararantal kong isa ang aming opisina sa pinakamahasag at pinaka-inobatibo sa bansa. Kasama sa aming mga tagumpay kamakailan ang:

- Pagtatayo ng bail unit (opisina para sa mga pagpipiyansa) upang mareporma ang sistema ng pagpipiyansang nakabatay sa pera
- Pagkakaloob ng tulong legal sa mga nakakulong na imigranteng humaharap sa deportasyon
- 24/7 legal na payong lifeline o pangkrisis para sa mga bata
- Pagtatanggol sa hindi makatarungang multa at bayaring pangkrimen

Nakapagtrabaho na rin ako upang mapabuti pa ang kalidad ng buhay para sa lahat ng mga taga-San Francisco sa pamamagitan ng mga programa para sa social justice (hustisyang panlipunan) na tumutulong sa pag-iwas sa krimen. Nakatulong na ang ating mga programang Clean Slate at prisoner re-entry o muling pagbabalik ng nakulong sa lipunan, upang mabago ng libo-libong tao ang kanilang mga buhay. Pinananatili ang mga bata sa paaralan ng ating mga award-winning na programa para sa hustisyang pangkabataan, kasama na ang MAGIC at ang Pangadbokasiyang Programa para sa Legal na Edukasyon (Legal Education Advocacy Program, LEAP).

Nakatanggap na rin kami ng mga pambansa, pang-estado at lokal na karangalan mula sa American Bar Association (Asosasyon ng mga Abugado sa Amerika), National Legal Aid and Defender Association (Asosasyon ng Pambansang Legal na Tulong at mga Tagapagtanggol), California Public Defenders Association (Asosasyon ng mga Pampublikong Tagapatanggol ng California), SF Lawyers' Committee (Komite ng mga Abugado ng SF), at sa Mayor's Fiscal Advisory Committee's Managerial Excellence Awards (Gawad para sa Kahusayan sa Pamamahala ng Piskal na Tagapayong Komite ng Mayor).

Lubos akong nagpapasalamat para sa inyong boto at suporta.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang www.jeffadachi2018.com.

Salamat po.

Jeff Adachi

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

**Mga Kandidato para sa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor), Distrito 2****JOHN DENNIS**

Ang aking trabaho ay Independiyenteng Negosyante.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Noong lumipat kami sa Distrito 2, 27 taon na ang nakararaan, isa itong lugar ng mga pangarap.

At bagamat nananatili pa ring kamangha-mangha ang distrito, naki-kita na nating lahat kung paano ito nagbago nitong nakaraang mga taon, at nakalulungkot na hindi ito para maging mas mabuti.

Naranasan na nating lahat o kung hindi man, may kakilala na tayong nakaranas, ng panloloob ng kotse, pagkakanakaw ng pakete, o maging ng pagnanakaw sa loob ng bahay. Naranasan ko na, at ng aking asawa at 12-taong gulang na anak na babae, ang lahat ng nasa itaas.

Ngayon pa lang tayo nakakakita ng ganitong bilang ng mga homeless o walang tahanan.

Hindi umeepekto ang paraan ng lungsod sa paglutas sa kawalan ng tahanan at sa krimen.

Heto ang maipapangako ko:

1. Hindi na magiging katanggap-tanggap ang pagtulog sa kalye.
2. Wawakasan na ang krimen laban sa pagnanakaw o pagsira ng ari-arian sa pamamagitan ng tuloy-tuloy at mapagbantay na pagpupulis.

Ipinanganak ako sa isang proyekto para sa pampublikong pabahay. Nagtrabaho ang nanay ko sa city hall. Nagkaroon na ako ng mata-tagumpay na negosyo sa ilang industriya, naging kandidato para sa Kongreso, at nakapaglingkod na sa ilang board.

Gagamitin ko ang aking mga natatanging kakayahan, karanasan at pamamaraan sa politika at pamamahala upang mapahusay ang kalidad ng inyong buhay.

Hindi nalutas ng mga kareristang politiko ang mga kritikal na problema ng ating Distrito. Panahon nang sumubok naman ng iba.

Ikararangal kong makuha ang inyong boto.

John Dennis

SCHUYLER HUDAK

Ang aking trabaho ay Negosyante / CEO (Punong Opisyal).

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Ang mga pasyang gagawin natin ngayon ang huhubog sa San Francisco para sa susunod na siglo.

Iniiimbento natin ang kinabukasan ng mundo sa San Francisco pero pinababayaan ng ating mga politiko ang mga pagsubok na isang henerasyon nang nakapipinsala sa atin.

Mayroon tayong badyet na \$11 bilyon – mas mataas pa kaysa sa 100 bansa – pero humaharap pa rin tayo sa:

- Epidemya ng krimen sa pag-aari, kung saan may 30,000 panloloob sa kotse kada taon – at kulang tayo ng 400 na nakasumpa nang mga pulis.
- Napakalaking krisis sa pabahay.
- Hindi makataong kondisyon sa ating mga kalye

Hindi kulang sa mga rekurso ang City Hall. Kulang ito sa mga ideya, determinasyon, at pamumuno.

Higit pa rito ang nararapat sa atin. Oras na para sa bagong panahon ng inobasyon, pagiging bukas sa pagsisiyasat, at pagkakaroon ng pananagutan sa San Francisco.

Buong buhay na akong residente ng Bay Area. Nagtrabaho ako para kay Gobernador Jerry Brown at Mayor Gavin Newsom, nagtayo ng maliit na negosyo, at nangalap ng milyon-milyon para mapalakas ang San Francisco General Hospital at ang ating Lungsod.

Bilang inyong Superbisor, lalaban ako para sa inyo upang:

- Mapanatiling ligtas ang ating mga komunidad.
- Makalikha ng matalinong plano sa pag-unlad na tinutugunan ang mga inaala ng komunidad at iginagalang ang karakter ng ating Lungsod.
- Mabawasan nang malaki ang homelessness o kawalan ng tahanan sa pamamagitan ng pagtatanggal sa mga tent city, pagharap sa malalalang sakit sa pag-iisip, at pagtatanggal sa paggamit sa droga sa kalye.

Samahan ako sa mga regular na oras ng opisina sa komunidad.

Ikararangal kong makuha ang inyong boto. Wala nang iba pang mas masipag na magtatrabaho – o makagagawa nang mas marami – para sa inyo.

10 ideya para sa San Francisco: www.schuylerhudak.com.

Schuyler Hudak



Mga Kandidato para sa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor), Distrito 2

NICK JOSEFOWITZ

Ang aking trabaho ay Clean Energy Entrepreneur (Negosyante para sa Enerhiyang Mabuti sa Kalikasan) at Inihalal na Miyembro ng Lupon para sa BART.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Tumatakbo si Nick sa pagiging Superbisor para Baguhin ang City Hall.

Humaharap ang ating lungsod sa malalaking pagsubok, mula sa napakalaking homelessness o kawalan ng tahanan hanggang sa abot-langit na gastos sa pabahay. Hindi tayo makaaasa ng ibang mga resulta kung patuloy tayong maghahalal ng iyon at iyon pa ring mga insider o taga-loob ng City Hall. Kailangan natin ng mga bagong lider.

Kapag naihalal siya, magdadala si Nick ng natatanging karanasan sa pagnenegosyo sa City Hall. Itinatag niya at pinatakbo ang isang matagumpay na kompanya para sa makakalikasang enerhiya. Naiintindihan niya na mas mahalaga ang mahusay na pagpapatupad kaysa sa mabubuting ideya.

Bilang Direktor ng BART, hinarap ni Nick ang mahihirap na hamon at gumawa ng tunay na pag-unlad: malaking-malaki ang naibawas sa pagkasira ng mga tren at nakapangalap ng \$4 bilyon para magawang mas moderno ang tumatanda nang imprastruktura, at para lumaki ang kapasidad para sa mga sumasakay.

Bilang inyong Superbisor, magdadala si Nick ng pagkakaroon ng ibinubunsod ng datos na pananagutan sa gobyerno ng lungsod, at gagamit ng modernong teknolohiya sa burukasyang kulang na sa kaalaman sa kasalukuyan. Magtatrabaho siya upang:

- makapagtayo ng 3000 kama sa mga shelter at susubaybayan ang bawat dolyar na ginagasta para sa homelessness
- gagamit ng mga pampain na kotse para mabawasan ang mga panloloob, tulad ng ginagawa sa iba pang malalaking lungsod
- hahalaw mula sa pinakamahusay na gawain ng ibang lungsod at lilikha ng kulturang ibinubunsod ng pagganap sa City Hall

Samahan ang ating mga Lehislador ng Estado Scott Wiener, David Chiu at Phil Ting, ang Nanalo ng MacArthur Genius Award Lateefah Simon, at marami pang iba, at ang Pick Nick.

Basahin ang detalyadong Adyenda sa Pagbabago ni Nick, at kilalanin siya, ang kanyang asawa at kambal na anak na nagsisimula pa lamang maglakad sa www.NickJosefowitz.com

Nick Josefowitz

CATHERINE STEFANI

Ang aking trabaho ay Itinalagang Superbisor / Abugado.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Kung naniniwala kayo na kailangan ng San Francisco ang malalakas at may karanasang lider na lalaban para sa ating mga komunidad sa City Hall, iboto ako. Bilang inyong Superbisor, makaaasa kayo sa akin para maging mas malinis at mas ligtas ang ating mga kalye. May pananagutan ako sa paghihikayat sa mga bagong negosyo na pumasok sa ating mga lugar para sa pagnenegosyo. At may dedikasyon ako sa pagtulong sa matatanda at pamilya na umunlad rito.

Ginugol ko ang aking karera upang maging mas mabuting lugar ang lungsod na ito para sa pagpapalaki ng aking dalawang anak. Nagsilbi na ako bilang taga-usig, bilang aide o katuwang nina Superbisor Mark Farrell at Michela Alioto-Pier, bilang inyong Clerk ng County, at bilang inyong Superbisor. Bilang inyong Superbisor, lumaban ako para mabawasan ang krimen sa pag-aari, mapakaunti ang homelessness sa kalye, matanggal ang karahasang bunga ng baril, mabawasan ang bigat ng buwis sa maliliit na negosyo, at mapaghusay ang ating mga parke at bukas na espasyo.

Malinaw ang aking mga prayoridad:

- Gawing mas ligtas ang ating lungsod sa pamamagitan ng pagsuporta sa mga tagapagpatupad ng batas;
- Unahin ang mga pamilya, bata, at matatanda sa ating mga polisiya;
- Humanap ng malilikhaing paraan upang maging mas abot-kaya ang pabahay;
- Ibalik sa ating mga komunidad ang mga negosyo, at
- Tiyakin na matalinong nagagasta ang inyong mga dolyar na ibinabayar sa buwis.

Ineendorso ako nina/ng:

Senador Dianne Feinstein
Kongresista Nancy Pelosi
Mayor Mark Farrell

Presidente ng Board of Supervisors London Breed

Dating Superbisor Michela-Alioto Pier

San Francisco Police Officers Association (Asosasyon ng mga Pulis sa San Francisco)

San Francisco Firefighters (Mga Bumbero ng San Francisco) Lokal 798

Nasa www.SupervisorStefani.com ang buong listahan

Catherine Stefani

Mga Kandidato para sa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor), Distrito 4

LOU ANN BASSAN

Ang aking trabaho ay Abugado / Guro.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Lumipat ako sa San Francisco noong 1960. Lumaki ako sa Haight-Ashbury. Magmula pa noong 1993 (25 taon), residente na ako ng Sunset District at may-ari ng bahay. Kasal ako kay Larry (retiradong electrician ng unyon at lecturer sa pag-iinhinyero sa SFSU) magmula pa noong 1990. Ikinatutuwa ko ang pagbabasa, politika, pagsusuri sa polisya, paghahardin, pagsasayaw, mga hayop.

Nagtapos ako sa San Francisco State University (B.A. Liberal Arts, na may kredensiyal sa pagtuturo ng Kindergarten-12, M.A. English - TESOL), at sa Hastings College of the Law.

Naging abugado ako nang 21 taon, na kumakatawan kapwa sa mga napinsalang manggagawa at kompanya ng seguro; naging boluntaryo pro tem o pansamantalang hukom. May-ari ako ng maliit na negosyo (ang aking opisina sa pag-aabogado). Guro ako ng ESL. Nag-waitress ako noong high school at kolehiyo. Nagtrabaho ako para sa pederal na gobyerno habang nasa law school, at matapos nito.

Miyembro ako ng Toastmasters International, Museo ItaloAmericano Board of Directors (Lupon ng mga Direktor), SFSU Friends of the Library (Mga Kaibigan ng Aklatan ng SFSU), Taraval Police Station Police Community Relations Forum (Porum para sa Pakikipag-ugnay sa Komunidad ng Pulisya ng Estasyon ng Pulisya ng Taraval). Sertipikadong NERT ako.

Bilang Superbisor, ako ay:

Uunahin ko ang inyong interes!

Magdadala sa mga isyu ng punto de bistang lubos na napag-isi-pan, may katwiran, at napagtimbang-timbang na.

Maghihikayat ng balanseng diskusyon sa mga isyung may kaugnayan sa mga residente (pampublikong kalusugan at kaligtasan, krimen, trabaho, kasikipan, pag-unlad, pabahay, edukasyon, kapaligiran, homeless o walang tirahan, kalusugan ng pag-iisip, pang-aabuso sa alak at iba pang sangkap, droga, mga pang-inikisyon, trapiko, paradahan, MUNI, pagtatapon ng basura).

Maghihikayat sa paglahok ng mga residente at mga lider ng komunidad sa paghahanap ng praktikal at makatarungang solusyon sa mga problema.

Haharap sa mahihirap na isyu.

Magpapatigil sa pag-uulit ng bigong mga stratehiya at pag-asa sa pagkuha ng ibang resulta.

Magpapatigil sa paglulustay ng mga dolyar mula sa buwis!

Lou Ann Bassan

JESSICA HO

Ang aking trabaho ay Katulong sa Lehislatura.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Anak ako ng mga migrante. Nagmigrante ang aking lolo at lola sa Sunset District dahil gusto nila ng mga oportunidad para sa mga susunod na henerasyon ng aming pamilya. Dahil sa kani-ang mga sakripisyo, nagkaroon ako ng matibay na paniniwala sa masigasig na pagtatrabaho, at ng pagnanasang magbalik ng biyaya sa iba.

Nagtatrabaho ako sa ating komunidad araw-araw bilang katulong sa lehislatura para sa Superbisor ng Sunset na si Katy Tang, at nararanasan ko mismo ang mga hamon na hinaharap nating lahat bilang magkakapit-bahay.

Bilang Superbisor, kasama sa aking mga prayoridad ang:

Pagpapahusay sa kalidad ng buhay para sa lahat ng residente

Napakahalaga ng pagkakaroon ng ligtas at malilinis na kalye at maunlad na lugar sa pagnenegosyo para matiyak na ikinararangal ng mga residente na bahagi sila ng komunidad ng Sunset.

Paglikha ng pabahay na abot-kaya

Napakarami nang mga pamilya at nagtatrabahong tao ang naitutulak palabas ng San Francisco. Bilang Superbisor, lalaban ako para sa pabahay na kaya nating bayaran habang iginagalang din ang komunidad.

Pagbabawas sa homelessness o kawalan ng tahanan

Kailangang solusyunan natin ang mga ugat na sanhi ng homelessness at tugunan ang mga sakit sa pag-iisip, habang nagkakaloob ng pabahay at landas tungo sa katatagan para sa ating mga kapwa-tao na homeless.

Ikinararangal kong ma-endorso nina Assessor-Recorder (Tagatasa-Tagatala) Carmen Chu, Presidente ng Board of Supervisors London Breed, Superbisor Katy Tang, at ng Edwin M. Lee Asian Pacific Democratic Club (Edwin M. Lee na Samahang Demokratiko na Asya Pasipiko). Ipagpapasalamat ko ang inyong boto!

www.jessicaho.org

Jessica Ho



Mga Kandidato para sa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor), Distrito 4

ADAM KIM

Ang aking trabaho ay Tagapamahala ng Proyekto.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Mahal ko ang San Francisco. Sampung taon na ang nakararaan nang lumipat ako rito mula sa Chicago at nadiskubre ang lungsod ng pag-ibig, kultura, diversity o pagkakaiba-iba, at sining. Hindi sa pakikipagnegosyo nagmumula ang yaman ng lungsod, kundi sa mga komunidad ng may talentong mga tao na iba't iba ang pinagmulan at siyang bumubuo sa kaluluwa ng lungsod.

Dumating ang malalaking korporasyon na nangangako ng mga inobasyon sa teknolohiya, pag-unlad ng ekonomya, at trabahong matataas ang suweldo. Sa kasamaang palad, naging bahagi rin sila sa pagiging abot-langit ng gastusin sa pabahay, pagdami ng kawalan ng tahanan, at pagpapaalis sa tinitirhang lugar ng mga komunidad. Naibenta na ang kaluluwa ng San Francisco sa mga nag-alok ng pinakamatataas na presyo.

Misyon kong ayusin ang mga isyu na ramdam ng pinakabulnerableng miyembro ng ating lipunan: mga manggagawang panserbisyo, edukador, maliliit na negosyo, minoridad, at ang homeless.

Bilang inyong susunod na Superbisor, ako ay:

- Magpapanatiling abot-kaya ang pabahay sa pamamagitan ng pagbibigay ng insentibo sa pabahay na BMR; hihikayatin ang pagpigil sa espekulasyon, mga bakanteng lugar, at flipping (pagbili, paggawa ng renobasyon, pagbebenta)
- Magpaparami sa mga mapagkukunan ng mga edukador sa ating mga pampublikong paaralan, at nang lubos na maging mahusay ang ating mga bata sa rehiyon, pati na rin sa buong mundo
- Magpapalawak ng pampublikong transportasyon para matugunan ang mga pangangailangan, kasama na ang TNC na "rideshare" na mga kompanya na may pinansiyal na pananagutan para sa dagdag na paninikip sa lungsod
- Magbibigay ng insentibo sa mga restawran at tindahan na lokal ang may-ari, at magtitigil sa pagbibigay ng espesyal na benepisyo sa malalaking korporasyon
- Magkakaloob ng kakayahan sa mga shelter upang makapagbigay sila ng pangangalaga at pagsasanay sa homeless, at hindi lang, "matanggal sila mula sa mga kalye"

Sa pamamagitan ng inyong suporta, magtatrabaho ako upang makapagtakda ang San Francisco ng halimbawa para sa kinabukasan.

www.adamkimsf.com

Adam Kim

GORDON MAR

Ang aking trabaho ay Direktor ng Nonprofit / Magulang.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Sa pamamagitan ng paggamit bilang tuntungang-bato sa aking kasaysayan ng mga natamong tagumpay sa pagpapahusay ng kalidad ng buhay ng mga nagtatrabahong pamilya ng San Francisco, tumatakbo ako para maging Superbisor ng Distrito 4, at nang mapaglingkuran ang mga residente ng Sunset Parkside, at matiyak na mayroon tayong malakas at independiyenteng boses sa City Hall.

Labintatlong (13) taon nang nakatira ang aking pamilya sa Sunset Parkside, at mahigit 25 taon na akong nakatira sa San Francisco. Bilang may-ari ng tahanan na may anak na nasa ika-8 grado sa Hoover, may personal akong interes sa pangmatagalang kalusugan at kasiglahan ng ating mga komunidad.

Bilang Ehekutibong Direktor ng Jobs with Justice (Mga Trabahong may Katarungan), nakabuo na ako ng mga inobatibong pampublikong polisiya at napamunuan ang matatagumpay na pagsusumikap sa pag-oorganisa upang mapalawak ang mga pamamaraang magkaroon ng magagandang trabaho, de-kalidad na pampublikong edukasyon, abot-kayang pabahay at pangangalagang pangkalusugan para sa nagtatrabahong mga pamilya at matatanda.

Bilang inyong Superbisor, palalakasin ko ang boses ng mga residente ng Sunset Parkside sa mga desisyon ng City Hall na nakaaapekto sa ating mga komunidad sa pamamagitan ng paghingi sa inyong mga opinyon, pakikinig sa inyong ibinabahagi, at pagtataguyod ng pagkakaisa ng mga komunidad ng ating Distrito sa mga pagsusumikap na:

- Magkaroon ng higit na kaligtasan ng publiko
- Suportahan ang maliliit na negosyo at lumikha ng bagong mga trabaho
- Maging higit na ligtas ang mga naglalakad at bawasan ang paninikip ng trapiko
- Paghusayin ang mga pampublikong transportasyon
- Gawing mabuti sa kapaligiran ang ating mga komunidad

Para alamin pa ang tungkol dito, bisitahin ang www.gordonmar.com

Gordon Mar

Mga Kandidato para sa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor), Distrito 4

TREVOR MCNEIL

Ang aking trabaho ay Guro sa Pampublikong Paaralan.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Mga Kuwalipikasyon:

- Guro sa pampublikong paaralan
- Dating miyembro ng board o lupon ng Inner Sunset Neighborhood Association (Asosasyong Pangkomunidad ng Inner Sunset)
- Dating kinatawan ng Distrito 4 sa San Francisco Pedestrian Safety Advisory Committee (Tagapayong Komite para sa Kaligtasan ng mga Naglalakad ng San Francisco) at kasa-lukuyang miyembro ng San Francisco Parks, Recreation, and Open Space Advisory Committee (Tagapayong Komite para sa mga Parke, Paglilibang at Bukas na Espasyo ng San Francisco)

Mahal ko ang San Francisco. Minahal ko ang paglaki rito sa Lungsod, at tiniyak kong dito ipinanganak at lumaki ang lahat sa tatlo kong anak. Gusto kong tiyakin na ligtas, abot-kaya, at masigla ang lungsod para sa lahat ng ating mga anak.

Nakita ko na kung paano nabale-wala ang ating mga isyu sa komunidad habang nagdedebate ang mga politiko sa mas sikat na paksa. Nahirapan ako para makahanap ng pabahay, at ilang beses nang nalooban ang aking kotse. Naharap ko na ang mga isyu na katulad ng mga isyu ng maraming residente ng Sunset, at mapamumunuan ko ang pagbabago sa Lungsod na ito.

Ang Aking mga Tunguhin:

Pabahay na Pampamilya - kailangan nating lumikha ng mas maraming multi-bedroom (mahigit sa isang kuwarto) na unit at tiyakin na abot-kaya ang pabahay para sa lahat.

Trapiko at Kaligtasan ng mga Naglalakad - paraan na nakabatay sa kostumer tungo sa pagkakaroon ng higit na kaligtasan ng mga naglalakad, pagbabawas sa paninikip ng trapiko, at pagpapahusay sa ating mga lugar para sa pagnenegosyo.

Pampublikong Kaligtasan - hindi na dapat maging huli sa ating isipan ang Westside. Kailangan nating tugunan ang krimen sa mga pag-aari.

Piskal na Responsibilidad - Mahigit sa \$11 bilyon na ang badyet ng lungsod, pero mahigit isang oras ang kailangan sa N-Judah para makapunta downtown. Kailangang bawasan na ang pag-aaksaya sa City Hall.

Magalang ko po hinihingi ang inyong boto para sa Nobyembreng ito.

Trevor McNeil

MIKE MURPHY

Ang aking trabaho ay Edukador.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Bilang inyong Superbisor, dadalhin ko ang buong buhay kong karasanan sa pagtatrabaho--bilang empleyado ng gobyerno, edukador, asawa at ama ng anak na lalaking nasa sistema ng pampublikong edukasyon--sa gawain. Ang pagiging inyong kinatawan sa gobyerno ng lungsod lamang ang aking magiging trabaho. Magtatrabaho ako para sa inyo at sa inyong pamilya, HINDI PARA SA MGA ESPESYAL NA INTERES.

Bibigyan ko ng Prayoridad ang PAGKAKARON NG PANANAGUTAN:

- Lilikha ako ng mga pormal na konseho sa kabuuan ng Distrito, na magkakaroon ng mga buwanang miting.
- Pananatilihin ko ang aking opisina na bukas, nakalantad ang lahat ng ginagawa, at PALAGING MAY PAGTUGON.

Tutulong ako para Mapanatili ang ating mga Komunidad (Pabahay at mga Negosyo):

- Pipigilan ang pagbebenta ng City Hall sa ating komunidad. Nitong nakaraang 6 taon, 1/3 sa ating mga kapitbahay ang umalis na sa lungsod at nagsara na ang mga negosyo sa komunidad. Nakasarang mga harapan ng negosyo, mga bahay na ibinenta/pinaupahan/ibinentang muli. Kailangang magwakas na ang destabilisasyong ito.
- Ilalagay ko sa lehislasyon ang ukol sa vacancy tax (buwis para sa bakanteng ari-arian), pagmamay-ari ng naninirahan sa labas ng lungsod, at tapat na pagsisiwalat ukol sa mga transaksyon sa real estate o lupain
- Gagawin ko ang lahat ng makakayanan para mapanatiling buhay ang mga lokal na negosyo at patuloy na maging buo ang ating mga komunidad.

Magtatrabaho ako para Ayusin ang ating sirang sistema ng Transportasyon:

- Ibabalik ang ating nanakaw na mga hintuan ng tren at bus.
- Poprotektahan ang pampublikong daan at bangketa mula sa labis na paggamit ng mga ride-share, luxury na bus, elektrik na bisikleta at scooter, at maaaksayang proyekto ng lungsod

Poprotektahan ko ang ating Komunidad

- Tututulan ang maaaksaya, malalaki, at pangit na proyektong pang-development na nagpapalala sa kasakiman ng mga developer at sumisira sa kagandahan ng Komunidad.
- Tututulan ang mga korporasyong nagbebenta ng marijuana.
- Poprotektahan ang ating Coastal Zone (Sona ng Baybayin)

Mike Murphy



Mga Kandidato para sa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor), Distrito 4

TUAN NGUYEN

Ang aking trabaho ay Consultant.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Tuan Nguyen ang pangalan ko, isa akong natibong taga-Sunset, at tumatakbo ako para maging Superbisor ng Distrito 4. Inaasahan kong makilala kayo sa kabuuan ng kampanya. Nakabuo na ako ng pangmatagalang mga relasyon sa mga pamilya, maliliit na negosyo, at etnikong komunidad ng Sunset nitong nakaraang 37 taon. Nagtapos ako sa Holy Name, SI, at SFSU.

Bilang co-chairperson (kasamang tagapangulo) ng Friends of the San Francisco Public Library Campaign (Kampanya ng mga Kaibigan ng Pamublikong Aklatan ng San Francisco), nag-fundraise kami ng pera para mapatayo ang Ortega Branch Library (Sangay na Aklatan ng Ortega) na sertipikado ng LEED. Nahalal ako na magsilbi bilang presidente ng mga lokal at pangkomunidad na samahan. Naging konsultant na ako at naging tagapamahala ng maraming kampanyang non-profit at politikal.

Nagbabanta na ang mga pagbabago sa San Francisco na mapektuhan ang ating mga middle-class o panggitnang uri na pamilya. Hindi na kaya ng mga umuupa na tumira sa SF. Kailangang panatilihin natin ang natatanging pagkakaroon ng diversity o pagkakaiba-iba sa ating distrito. Taglay ang mahigit 20 taon ng pamumuno, aktibismo at karanasan sa pakikilahok sa komunidad, nangangako akong independiyente kong pamumunuan ang Distrito 4 nang walang hidwaan sa pagitan ng mga nasa gitna at progresibo sa City Hall.

Ang abot-kayang bahay, pambalikong edukasyon at pagtitiyak na makukuha ng ating distrito ang kailangan nitong rekurso ang aking mga prayoridad. Ikinararangal kong maging Vietnamese Amerikano at ang pagsasalita para sa inyo, na mga karaniwang tao, sa Westside. Ako ang SF. Tayo ang Sunset. Tayo ang SF! Salamat po.

www.TuanforSunset.com

Tuan Nguyen

ARTHUR TOM

Ang aking trabaho ay Auditor ng Lungsod.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Bilang natibo na taga-San Francisco, may-ari ng bahay, at magulang ng dalawang anak na babae, may interes sa pagpapanatili ng mga nagtatrabahong pamilya sa San Francisco. Ikinawawasak ng aking puso na makita ang pamilyar na maramihang pag-alis ng mga batang pamilya na humaharap sa dumaraming hamon ng gastos sa pabahay, mga paaralan, kaligtasan ng publiko, at kalidad ng buhay.

Iyan ang dahilan kung bakit sa loob ng maraming taon bilang lider ng komunidad, nakipagtrabaho ako sa mga pangkat ng komunidad, pulisya, departamento ng Lungsod, paaralan, negosyante, organisasyong batay sa pananampalataya, negosyo, at politiko, at nang higit na mabuo ang komunidad at mapahusay ang kaligtasan ng tinitirhang lugar ng magkakapitbahay, at ang tugon sa mga isyu ukol sa kalidad ng buhay.

Itinatag ko ang Friends of West Sunset Playground (Mga Kaibigan ng Palaruang Lugar ng West Sunset) na muling gumawa ng dating hindi ligtas at hindi masyadong nagagamit na playground tungo sa pagiging maningning na halimbawa. Bilang tagapagtatag ng SAFE na pangkat para sa pagbabantay ng komunidad, pinasara ko ang mga bahay-aliwan sa komunidad na pinagsususpetsahang kasangkot sa human trafficking o pangangalalak sa tao. Bilang opisyal ng PTA sa paaralan ng aking anak na babae, nagtrabaho ako para mapaghusay ang pamublikong edukasyon sa San Francisco.

Sa kabuuan ng lungsod, nagsilbi na ako sa Taxi Commission (Komisyon para sa mga Taksi), Immigrant Rights Commission (Komisyon para sa mga Karapatan ng Migrante), at Assessment Appeals Board (Lupon para sa mga Apela ukol sa Pagtatasa). Hindi ko naging trabaho ang paglilingkod sa lahat ng kapasidad na ito; binoluntaryo ko ang aking mga pagsusumikap dahil sa aking pakiramdam, may mas mataas na layunin ang serbisyo sa publiko.

Ituturing kong karangalan at pribilehiyo na katawanin kayo at tunay na ipagpapasalamat ang inyong boto!

Arthur Tom

Mga Kandidato para sa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor), Distrito 6

MATT HANEY

Ang aking trabaho ay Miyembro ng Lupon ng mga Paaralan / Abugado.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Lumaki ako sa mga pampublikong paaralan sa Bay Area, nag-aral sa UC Berkeley, at tumanggap ng degree sa Law mula sa Stanford University. Inilaan ko ang aking buhay sa paglilingkod sa mga residente ng San Francisco.

Bilang Presidente ng School Board (Lupon ng mga Paaralan), nakipaglaban ako para magkaroon ng pabahay ang mga estudyante at guro, at ng bagong paaralan sa Mission Bay. Bilang eviction defense attorney (tagapagtanggol na abugado sa mga pagpapaalis), nakipaglaban ako para mapanatili ang mga pamilya sa lungsod. Bilang lider para sa criminal justice (pagpapatupad ng batas na ukol sa pagbibigay ng hustisya sa mga pinaghihinalaan o nahatulang kriminal), nakipaglaban ako para sa pagtatalaga ng mga pulis sa komunidad at para sa mga ligtas na kalye.

Bilang Superbisor, ipagsasama-sama ko ang mga tao para makagawa ng matatayang na pagbabago na kailangang-kailangan na ng ating lungsod:

- Hindi na makontrol ang homelessness o kawalan ng tahanan. Titiyakin ko na magiging unang prayoridad natin ang pagpapalipat sa mga tao mula sa mga kalye tungo sa mga serbisyo at pabahay.
- Hindi katanggap-tanggap ang ating krisis sa pabahay. Lalampasan ko ang mga pakitang-taong gawa upang makapagtayo ng libo-libong unit ng abot-kayang pabahay.
- Ginagamit ang ating distrito bilang containment zone o lugar kung saan pinahihintulutan ang mga ayaw nila sa ibang komunidad. Pagpapatolyahin ko ang mga pulis at titiyakin ang mga konsekuwensiyang may simpatya at epektibo para sa krimen.
- Marurumi ang ating mga bangketa. Maghahatid ako ng masinsinang paglilinis araw-araw at malilinis na pampublikong banyo.

Mga Taga-suporta:

United Educators of San Francisco (Nagkakaisang mga Edukador sa San Francisco)

San Francisco Firefighters (Mga Bumero ng San Francisco) Lokal 798

California Nurses Association (Asosasyon ng mga Nars ng California)

San Francisco Tenants Union (Unyon ng mga Nangungupahan ng San Francisco)

Sierra Club

Tenderloin Chinese Rights Association (Asosasyon para sa mga Karapatan ng Tsino sa Tenderloin)

Tenderloin Filipino-American Community Association (Asosasyong Pangkomunidad na Filipino Amerikano sa Tenderloin)

South Beach District 6 Democratic Club (Samahang Demokratiko ng Distrito 6 sa South Beach)

Harvey Milk LGBT Democratic Club (Samahang Demokratiko ng Harvey Milk LGBT)

San Francisco Latino Democratic Club (Samahang Demokratiko ng mga Latino ng San Francisco)

Senador ng Estados Unidos Kamala D. Harris

Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) ng Estado Betty Yee

Tenyente Gobernador Gavin Newsom

Dating Senador ng Estado Mark Leno

Miyembro ng Board of Equalization (Lupon ng mga Tagasingil ng Buwis)

Fiona Ma

Miyembro ng Asembleya Phil Ting

Dating Miyembro ng Asembleya ng Estado Tom Ammiano

Tagabigay ng Komentaryo ng CNN Van Jones

Mga Superbisor: Malia Cohen, Sandra Lee Fewer, Jane Kim, Hillary Ronen,

Aaron Peskin, Norman Yee

Tagapangulo ng SF Democratic Party (Partidong Demokratiko ng SF) David

Campos

Mga Direktor ng Lupon ng BART Bevan Dufty, Lateefah Simon

www.matthaney.com

Matt Haney

CHRISTINE JOHNSON

Ang aking trabaho ay Edukador sa mga Polisiya sa Pabahay.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Dalawa ang naging trabaho ng nanay ko sa pagnanars para masuportahan ang pamilya, pero nagpalipat-lipat pa rin kami kada dalawang taon para makaiwas sa tumataas na upa. Iyan ang dahilan kung bakit tumatakbo ako para sa Board of Supervisors, at nang magawa ang San Francisco na isang lugar kung saan puwedeng makapagtaguyod ng buhay ang lahat.

Ginugol ko ang nakaraang labing-apat na taon sa pagbubuo ng malalakas na komunidad at pagpapalawak ng mga panlipunang serbisyo sa San Francisco. Bilang Komisyoner sa redevelopment at Pagpapalano, nakapagtrabaho na ako – at bumoto – para sa paglikha ng bago at diverse o may pagkakaiba-ibang mga komunidad, pagprotekta sa maliit na negosyo at pagtatayo ng mas maraming pasilidad para sa pangangalaga ng bata. Binibigyan ako ng aking karanasan sa pampublikong pinansiya ng malalim na pag-unawa kung paano magagamit ang badyet ng Lungsod upang mapahusay ang kalidad ng buhay para sa lahat ng residente.

Bilang propesyonal sa polisiya at nanay ng dalawang taong gulang na bata, magtatrabaho ako upang magawa ang ating lungsod na isang lugar kung saan puwedeng umunlad ang mga residente mula kapanganakan hanggang sa pagtanda.

Bilang inyong susunod na Superbisor, lalaban ako upang:

- Makalikha ng mas abot-kaya at abot-kamay na pabahay;
- Mailipat ang homeless o walang tirahan, ang mga nakararanas ng sakit sa pag-iisip at ang adiksiyon mula sa lansangan;
- Makalikha ng mga pasilidad para sa mga matatanda at pamilya; at
- Makatulong sa maliit na negosyo na magtagumpay.

Samahan ang Firefighters Lokal 798, ang Miyembro ng Asembleya na si David Chiu at iba pang lider na sumusuporta sa akin, upang maging ligtas at abot-kayang lugar ang San Francisco para sa lahat.

www.christineforsupervisor.com

Christine Johnson

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Mga Kandidato para sa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor), Distrito 6

SONJA TRAUSS

Ang aking trabaho ay Tagapag-organisa ng Komunidad para sa Pabahay.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Ako ang Executive Director (Ehekutibong Direktor) ng California Renters Legal Advocacy & Education Fund (Pondo para sa Legal na Adbokasiya at Edukasyon ng mga Umuupa sa California), at naninirahan kasama ang aking asawa at anak sa SOMA.

Ang Distrito 6 ang tahanan ng pinaka-ubod ng ating umuunlad na ekonomiya at ng diverse na populasyon ng mga residente, kung saan marami ang ipinanganak dito, at marami rin ang kamakailan lamang dumating.

Pero binigo tayo ng pamunuan ng City Hall nitong nakaraang walong taon, at nagbunga ito ng pagiging sentro ng ating mga komunidad sa pinakamapaghamong mga problema na naka-aapekto sa ating lungsod: kawalan ng tahanan; marurumi at hindi ligtas na mga kalye, at tumataas na gastos sa pabahay.

Bilang inyong superbisor, ako ay:

- Lalaban para sa pagtatayo ng pabahay sa kabuuan ng lungsod, hindi lamang sa Distrito 6, at nang mabigyan ng matutuluyan ang mga kapitbahay nating walang tahanan at mapigilan ang pagpapaalis sa tinitirhang lugar.
- Magtatayo ng mga shelter para sa homeless, kung saan puwedeng tumira ang mga tao hanggang sa kailangan nila, nang may magagamit na mga shower at locker para sa kanilang pag-aari.
- Magpapatanggal na nang tuluyan sa mga mapanganib na pang-iniksiyon mula sa ating mga bangketa, sa pamamagitan ng pagbubukas ng ligtas na mga lugar para sa pag-iiniksiyon.
- Magbibigay ng prayoridad sa buhay ng tao, hindi sa mga kotse, sa pamamagitan ng pagdaragdag ng tawiran sa bawat interseksiyon, mas malalapad na bangketa, daanan para sa mga bisikleta, at daanan para sa mga bus.
- Magpapahusay sa mga serbisyo at imprastruktura, magbubukas ng mga paaralan, at mag-eempleyo ng mga pulis.
- Lilikha ng mas maraming parke at bukas na espasyo, lalo na para sa mga pamilya at matatanda.

Ikinararantal kong ma-endorso ni Senador Scott Wiener, Miyembro ng Asembleya David Chiu, Miyembro ng Board of Equalization (Lupon ng Tagasingil ng Buwis) Fiona Ma at ng Yimby Action.

www.sonja2018.org

Sonja Trauss

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

Mga Kandidato para sa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor), Distrito 8

LAWRENCE "STARK" DAGESSE

Ang aking trabaho ay Technician para sa Teatro.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Ang aking pangalan ay Lawrence "Stark" Dagesse, at 23 taon na akong residente ng San Francisco. Nagtatrabaho ako at umuupa sa San Francisco. Gumagamit ako ng pampublikong transportasyon, naglalakad o nagbibisikleta para magbiyahe.

Nakatapos ako ng kolehiyo at bahagi ng komunidad ng LGBTQ.

Napakahusay na komunidad ng Distrito 8 at puspusan akong magtatrabaho para mapanatili itong ligtas at magandang lugar na bukas sa lahat. Kailangan nating magtrabaho para makapagbigay ng mga oportunidad sa mga residente, partikular na ng abot-kayang pabahay.

Nakakukuha dapat ang lahat ng edukasyon at may pamamaraan makagamit ng mga pampublikong tulong at impormasyon. Mga simbolo na ng kahusayan ng San Francisco ang sining, musika, pelikula, pagkain, kultura at maganda at natatanging arkitektura, at magtatrabaho ako upang itaguyod ang napakahahalagang kultura na ito sa ating lungsod.

Palalahukin ko ang komunidad sa paghahanap ng mga solusyon sa kawalan ng tahanan, adiksiyon sa droga at krimen. Hindi katanggap-tanggap ang epidemya ng heroin at methamphetamine, mga panloloob ng kotse, pagnanakaw ng bisikleta at iba pang krimen.

Mayroon akong Lakas, Tapang at Integridad upang magtrabaho at lumaban para sa Distrito 8 at sa San Francisco.

Magdadala ako ng bagong dugo, mga ideya at malikhaing solusyon sa City Hall at masigasig na magtatrabaho upang lumikha ng positibo at progresibong kinabukasan.

Tayo ang Distrito 8. Tayo ang San Francisco.

Magkakasama tayo rito.

Ikinararantal kong maging inyong kandidato.

Lawrence "Stark" Dagesse

RAFAEL MANDELMAN

Ang aking trabaho ay Miyembro, Lupon ng mga Superbisor ng San Francisco, Distrito 8.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Salamat sa pagsuporta sa akin noong Hunyo. Muli kong hinihingi ang inyong boto para sa Nobyembre.

Bilang Presidente ng Board of Trustees (Lupon ng mga Katiwala) ng City College, ginabayan ko ang paaralan sa panahon ng krisis para sa akreditasyon tungo sa pagiging isa sa pinaka-unang libreng kolehiyo ng bansa. Gumawa ako ng pagbabawas sa badyet batay sa sentido komun upang mailigtas ang kolehiyo, at gayon din ang gagawin ko sa Board.

Bilang abugado para sa urban development o pagpapaunlad ng mga lungsod, nakapagtayo na ako ng libo-libong abot-kayang tahanan sa kabuuan ng Bay Area. Dadalhin ko ang karanasang iyan sa Board at titiyakin na makapagtatayo ng abot-kayang pabahay upang matugunan ang pangangailangan.

Walang kapaguran akong magtatrabaho upang malutas ang krisis sa homeless o walang tahanan. Para sa akin, personal ito. Sakit sa pag-iisip ang naging sanhi ng kawalan ng tahanan ng aking ina, at sa aking karanasan, kailangan kapwa ng pagmamalasakit at katatagan upang hindi na manirahan sa kalye ang mga taong may sakit. Bilang Superbisor, tatanggalin ko ang mga pagkakampo at bibigyan ang mga taong may sakit sa pag-iisip ng pangangalaga-- hindi tayo puwedeng gumagasta nang ganito kalaki nang hindi nagkakaroon ng mas mahusay na resulta.

Ikinararantal kong maging mga tagasuporta ang/sina:

United Educators of San Francisco (Nagkakaisang mga Edukador ng San Francisco) (Mga Guro ng San Francisco)
San Francisco Firefighters (Mga Bumbero ng San Francisco) Lokal 798
California Medical Association (Medikal na Asosasyon ng California)
Sierra Club
Harvey Milk LGBT Club (Samahan ng Harvey Milk LGBT)
Affordable Housing Alliance (Alyansa para sa Abot-kayang Pabahay)

Dating mga Superbisor ng Distrito 8:

Mark Leno
Bevan Dufty
Scott Wiener

Mga Miyembro ng Lupon ng mga Superbisor ng San Francisco:

Sandra Lee Fewer
Catherine Stefani
Aaron Peskin
Katy Tang
Jane Kim
Norman Yee
Hillary Ronen
Malia Cohen
Ahsha Safaí

Iba Pang Halal na Opisyal:

Nancy Pelosi
Tom Ammiano
David Chiu
Phil Ting
Jeff Adachi
George Gascon
Vicki Hennessy

Rafael Mandelman

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Mga Kandidato para sa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor), Distrito 10

GLORIA BERRY

Ang aking trabaho ay Beterano ng Estados Unidos.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Beterano ng Estados Unidos, Labintatlong taon. Natibo, ipinanganak at lumaki rito. Nag-aral ako sa Pamublikong Paaralan, Pribadong Paaralan at sa Community College San Francisco (Kolehiyo ng Komunidad ng San Francisco). Labing-isang taon na akong may-ari ng bahay, siyam na buwan na naging homeless o walang tahanan at ngayon, umuupa na ako. Buong buhay na akong aktibista.

Nagsasalita ako laban sa karahasan sa tahanan, rasismo, seksismo, kriminal na kawalan ng hustisya, homelessness o kawalan ng tahanan, brutalidad ng pulisya, mga isyung pangkapaligiran, malalaking bangko, hindi tamang pagtrato sa mga Beterano, at hindi pag-eempleyo sa mga lokal na kontrata. Nakadalo na ako sa hindi mabilang na hearing o paglilitis, miting ng Lupon, protesta, think tanks o pangkat na pinagmumulan ng mga ideya, Komisyon ng pulisya, reentry council (konseho para sa muling pagbabalik sa lipunan ng mga dating nakulong) at mga miting na town hall o pangkomunidad.

- Gusto kong maging katuwang ang School District (Distritong Pampaaralan) at nang magkaroon ng antas ang ating mga paaralan sa Distrito 10 na kayang makipagkompetensiya sa pinakamahuhusay sa bansa.
- Palalawakin ko ang mga nariyan nang programa para sa homeless sa distrito na gumagawa ng trabaho at ititigil ang pagpopondo sa mga programa na pinagkakakitaan lang ang mga homeless
- Magtatayo ng pabahay para sa nasa antas ng kahirapan at walang kita
- Mas maraming mga programa para sa paggamot
- Pagkakaroon ng Pananagutan ng mga Pulis na gumagamit ng labis-labis na puwersa
- Pagtatanggal ng mga singil sa aplikasyon para sa mga betera-nong nag-aaplay sa mga pinaupahan
- Mga pagtitipon para sa pagkakaisa
- Lehislyasyon para sa Office of Neighborhood Safety (Opisina para sa Kaligtasan ng Komunidad), na nasa modelo ng Richmond, CA
- Libreng pag-eeksamen para sa Kalusugan sa mga residente ng Bayview na naaapektuhan ng mga nakalalasang sangkap mula sa Naval shipyard
- Proteksiyon mula sa pagtaas ng tubig-dagat
- Pakikipag-partner sa mga kompanya ng Teknolohiya at sa Golden State Warriors para mamuhunan sa Distrito 10
- Paglilingkuran ang Komunidad at magkaroon ng pananagutan
- Itataguyod at Susuportahan ang maliliit na negosyo

WWW.BerrySmart2018.com

Gloria Berry

ASALE CHANDLER

Ang aking trabaho ay Ina / Lola.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Asale Chandler ang pangalan ko at tumatakbo ako para sa Board of Supervisors ng Distrito 10 ng San Francisco, CA. Nagsilbi na ako sa larangan ng katarungang panlipunan at humanitarian o makataong trabaho sa loob ng 29 taon sa San Francisco, 16 taon sa Bayview hunter point at sa distrito 10. Isa akong nanay ng 2 at lola ng 2 na 3 - 6 taong gulang.

Alam na alam ko ang mga isyung nakapipinsala sa atin sa kabuuan. Magandang lungsod ang San Francisco pero alam nating may problema. Alam nating lahat ang tungkol sa krisis sa pabahay, pagkabigo ng edukasyon sa mga komunidad na walang kapangyarihan, pagkakakulong ng marami, kakulangan ng disenteng pamumuhay, pagpapanagot sa pulis sa pagtukoy ng tao batay sa lahi, mga trabahong may bayad para sa San Francisco, pangangalagang pangkalusugan, mga isyu ukol sa kapaligiran, mga nagpapapangit sa komunidad, napakalaking populasyon, at mga inaalala ukol sa pagparada. Pagnanakaw, panloloob ng kotse, pagpatay sa kapwa, hindi pa nalulutas na pagpatay, karahasan sa tahanan, mga bahay ng nagpapalaki ng anak ng nag-iisang magulang, paggamit at pag-ooverdose sa droga, depression o labis na kalungkutan at sakit sa pag-iisip, at iba pa. Nakita ko na ang lahat ng ito at napangibabawan na ang lahat ng ito. Nakapagpalaki na ako ng dalawang anak, na isang lalaki at 1 babae bilang walang asawang ina sa San Francisco, Ca. Wala nang bago sa ilalim ng araw!!!!

Simple lang ang plataporma ko

Dalawang salita

Kabutihang Panlahat.

Asale Chandler
Para maging Superbisor sa Distrito 10
San Francisco, CA
Asale@Asale4Supervisor

Asale Chandler

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

Mga Kandidato para sa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor), Distrito 10

THEO ELLINGTON

Ang aking trabaho ay Komisyoner ng mga Karapatang Pantao.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Habang lumalaki ang ating lungsod, napakaraming tao sa ating bayan ang naiiwan.

Tumatakbo ako para maging Superbisor upang tiyakin na kaya ng bawat pamilya—hindi lamang ang mayayaman—na mamuhay sa ating lungsod.

Nitong nakaraang dekada, napagsilbihan at naipaglaban ko na kayo.

Bilang Direktor ng Public Affairs (Mga Pamublikong Gawain) ng Golden State Warriors, pinapanagot ko ang mga developer ng arena sa komunidad. Dahil sa amin, matatamasa na ng mga residente ang mas mahusay na transportasyon, mga trabahong maganda ang bayad, at mas mataas na kita mula sa buwis para sa mga serbisyo ng lungsod. Higit pa ito sa basketball—inilalatag natin ang pundasyon para sa mas magandang komunidad.

Noong Komisyoner ako para sa Office of Community Investment & Infrastructure (Opisina para sa Pamumuhunan at Imprastruktura) ng Lungsod, nakatuon ako sa pagpopondo ng abot-kayang pabahay at pamamahala sa mga proyektong pagpapaunlad ng komunidad.

Bilang Komisyoner para sa mga Karapatang Pantao, nilabanan ko ang kawalang katarungan at ipinagtanggol ang mga polisiyang anti-discrimination para sa pinakabulnerable sa ating komunidad.

Bilang boluntaryo, tinulungan ko ang mga kapitbahay na nangangailangan. Naglilingkod ako sa mga lupon ng Chinatown Development Center (Sentro para sa Pagpapaunlad ng Chinatown), the Bayview Opera House, at Economic Development (Pagpapaunlad sa Ekonomiya) sa Third.

Sama-sama, lalaban tayo para sa:

- Abot-kayang pabahay
- Paglutas sa kawalan ng tahanan
- Malilinis at ligtas na kalye

Miyembro ng Board of Equalization (Lupon ng mga Tagasingil ng Buwis) ng Estado Fiona Ma

Lupon ng mga Superbisor: London Breed, Malia Cohen
San Francisco Firefighters (Mga Bumbero ng San Francisco) Lokal 798

Operating Engineers (Mga Tagapagtakbong Inhinyero) Lokal 3
Keith Goldstein, Potrero Hill Boosters*

Bruce Huie, Dogpatch Neighborhood Association (Asosasyong Pangkomunidad ng Dogpatch)*

April Spears, Bayview Merchants of Butchertown (Mga Negosyante ng Butchertown sa Bayview)*

Jenny Mai, Visitacion Valley Neighborhood Association (Asosasyong Pangkomunidad ng Visitacion Valley)*

*para sa layunin ng identipikasyon ang mga pangalan

Para sa buong listahan: Theo2018.com

Ikararantal kong makuha ang inyong boto.

Theo Ellington

TONY KELLY

Ang aking trabaho ay Artista / Direktor ng Sining.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Sa loob ng labinlimang taon, naging tagapagtaguyod na ako ng komunidad para sa kaligtasan ng mga paaralan, pagpapanatili at paglikha ng abot-kayang pabahay, paglilinis sa nakalalasang dumi at polusyon, at pagbibigay ng bagong gamit sa mga bakanteng lote para maging parke.

Sa Distrito 10, napakarami sa ating mga kapitbahay ang nasa kalye, napaalis ng tahanan, walang trabaho, maraming iba't ibang trabaho, o nakararamdam na hindi sila ligtas sa mga komunidad. Lahat tayo ay may kakilalang kaibigan na napuwersang umalis sa San Francisco. Kung hindi natin babaguin ang mga polisiya ng City Hall na bumigo sa mga residente nitong nakaraang 10 taon, marami sa atin – mga pamilya, manggagawa, artista, umuupa, migrante – ang mapupuwersa ring umalis.

Magtatrabaho ako sa City Hall upang mapanatili kayo at ang inyong pamilya rito sa San Francisco – para makinig, para magkaroon ng pananagutan, para tumulong, para tiyakin na magtatrabaho para sa inyo ang City Hall. At magkakaroon din ako ng Neighborhood Office Hours (Oras ng Pag-oopisina sa Komunidad) sa Distrito 10 bawat araw ng taon, kung kaya't palagi ninyo akong maaabot.

Posible ang mas mahusay na San Francisco. Magtrabaho tayo upang malunasan, mapanatili, at mapaunlad ang ating komunidad.

Mga Taga-endorso:

Superbisor Jane Kim

Sierra Club

California Nurses Association (Asosasyon ng mga Nars ng California) (#1)

San Francisco Berniecrats

DSA-SF

Marie Harrison, tagapagtaguyod ng pangkapaligirang katarungan sa Bayview

Michelle Pierce, Bayview Hunters Point Community Advocates (Mga Tagapagtaguyod ng Komunidad sa Bayview Hunters Point)*

*Inilista ang titulo para lamang sa layunin ng identipikasyon

Mas marami pa sa www.tonykellysupervisor.com

Mapagkumbaba ko pong hinihingi ang inyong boto.

Tony Kelly



Mga Kandidato para sa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor), Distrito 10

UZURI PEASE-GREENE

Ang aking trabaho ay Tagapagtaguyod ng Komunidad.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Nakatira ako sa pampublikong pabahay sa Portrero Hill. Bilang lider ng komunidad, itinataguyod ko ang mga tao na madalas na hindi naisasama, at nagtatrabaho ako upang mapaghusay ang aking komunidad araw-araw. Kailangan natin ng mga bagong mapagkukunan ng tulong at impormasyon at oportunidad para sa mga taong nasa komunidad. Ang pagtatayo ng totoong mga relasyon sa pagitan ng magkakapitbahay, negosyo, at City Hall ang kailangan upang sama-sama nating maipatupad ito.

Alam ko ang mga pakikibakang hinaharap ng marami.

Naging homeless ako sa loob ng maraming taon, natutulog sa bangketa sa karton, sa harap ng mga pintuan, at sa kotse.

Nilabanan ko ang adiksiyon. Binigyan ako ng pagkakataon ng pampublikong pabahay upang mabago ang aking buhay at mabuong muli ang aking kinabukasan.

Siyam na taon na akong walang adiksiyon.

Nakuha ko na ang aking GED, nakapagtapos ng kolehiyo, at ngayon, tinatapos ko ang programang Master's sa Pampublikong Administrasyon. Full-time akong nagtatrabaho bilang Community Builder o Tagapagtaguyod ng Komunidad para sa developer ng abot-kayang pabahay at aktibo ako sa mga pagsusumikap para sa pagpupulis ng komunidad. Tumulong ako sa pagtatayo ng nonprofit sa pampublikong pabahay ng Portrero Hill, at nang mapalakas ang komunidad at hayaang umunlad ang mga tao.

Binigyan ako ng pagkakataon ng pampublikong pabahay para muling maisaayos ang aking buhay. Masigasig na akong nagtrabaho para maging lider sa aking komunidad at para makalikha ng mga daan at oportunidad para sa iba. Kaya kong maging lider na kailangan ng Distrito 10.

Uzuri Pease-Greene

SHAMANN WALTON

Ang aking trabaho ay Komisyoner ng Board of Education (Lupon ng Edukasyon) ng San Francisco / Ehekutibong Direktor ng Non-Profit.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Isa akong natibong taga-San Francisco; dramatiko nang nagbabago ang ating Lungsod. Lumaki ako sa pampublikong pabahay, nang alam kung gaano kahirap humarap sa pagpapaalis dahil hindi mo kayang magbayad ng upa, o kung ano ang pakiramdam na mawalan ng kababata nang dahil sa gun violence. Sa ating mabilis na umuunlad na Lungsod, hindi natin dapat sukuan ang laban para sa pinakanangangailangan ng ating tulong.

Inilaan ko na ang aking buhay sa pagdadala ng mga trabaho sa ating komunidad, pagtugon sa homelessness o kawalan ng tahanan, at pagtatrabaho para magawang mas ligtas ang ating mga kalye.

Bilang miyembro ng Board of Education ng San Francisco, naki-paglaban ako para mawala ang achievement gap o agwat sa nakakamit na akademikong tagumpay ng mga estudyante, taasan ang sahod ng mga guro, at makapagtayo ng pabahay para sa mga edukador. Bilang Ehekutibong Direktor ng Young Community Developers (Mga Batang Developer ng Komunidad) binigyan ko ng puwesto ang libo-libong residente ng distrito sa mga trabahong sapat ang sahod para makapamuhay, nagtayo ng mga unit ng pabahay na 100% na abot-kaya, tumulong sa paglikha ng mga bagong gawain para sa pagpupulis ng komunidad, at kukuha ng mga kawani para sa bagong Navigation Center (mga sentrong tumutulong sa homeless) sa ating distrito para sa ating komunidad ng mga walang tahanan.

Bilang Superbisor, patuloy kong lalabanan ang homelessness o kawalan ng tahanan at pagiging abot-kaya ng pabahay, paghuhusayan ang ating mga pampublikong paaralan, at pananatiliing ligtas ang ating mga komunidad.

Kasama sa mga taga-suporta ang/sina:

- United Educators of San Francisco (Mga Nagkakaisang Edukador ng San Francisco)
- California Nurses Association (Asosasyon ng mga Nars ng California) (#2)
- SEIU Lokal 1021
- San Francisco Firefighters (Mga Bumero ng San Francisco) Lokal 798
- Tenyente Gobernador Gavin Newsom
- Mga Miyembro ng Asembleya: David Chiu, Phil Ting
- Tagapangulo ng Democratic County Central Committee (Komite Sentral ng County para sa Partidong Demokratiko) David Campos
- Pampublikong Tagapagtanggol Jeff Adachi
- Tagatasa/Tagatala Carmen Chu
- Mga Superbisor ng San Francisco: Sandra Lee Fewer, Aaron Peskin, London Breed, Norman Yee, Hillary Ronen, Malia Cohen, Ahsha Safai
- Dating Superbisor Sophie Maxwell
- Lupon ng Edukasyon ng San Francisco: Hydra Mendoza-McDonnell, Mark Sanchez, Stevon Cook, Matt Haney, Emily Murase, Rachel Norton
- Mga Trustee ng City College: Thea Shelby, Brigitte Davila, Alex Randolph, Rafael Mandelman, Shanell Williams

www.shamannwalton.com

Shamann Walton

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

Impormasyon tungkol sa mga Lokal na Panukalang-batas na nasa Balota at mga Argumento

Mga Pahina ng mga Buod at Argumento, Legal na Teksto

Kasama sa pamplet na ito ang sumusunod na impormasyon para sa bawat lokal na panukalang-batas sa balota:

- Walang kinikilingang buod, o digest, na ginawa ng Komite para Gawing mas Simple ang Balota
- Pahayag ng City Controller tungkol sa epekto sa pananalapi o gastos ng bawat panukalang-batas
- Pahayag tungkol sa pagiging karapat-dapat ng panukalang-batas na mailagay sa balota
- Mga argumentong pabor o laban sa bawat panukalang-batas
- Ang legal na teksto para sa lahat ng lokal na panukalang-batas sa balota ay nasa bersiyong Ingles ng pamplet na ito.

Mga Argumento ng mga May-Panukala at ng mga Katunggali

Para sa bawat panukalang-batas, isang argumento na pabor sa panukalang-batas (argumento ng may-panukala) at isang argumento na laban sa panukalang-batas (argumento ng katunggali) ang nakalimbag sa Pamplet ng Impormasyon para sa Botante nang walang bayad.

Ang mga tawag na “argumento ng may-panukala” at “argumento ng katunggali” ay nagpapakita lamang na ang mga argumento ay pinili ayon sa pamantayan sa ibaba (*San Francisco Municipal Elections Code, Section 545*) at nilimbag nang walang bayad.

Pagpili ng Mga Argumento ng May-Panukala at ng Katunggali

Pinipili ang mga argumento ng may-panukala at ang argumento ng katunggali batay sa sumusunod na mga prayoridad:

Argumento ng May-Panukala	Argumento ng Katunggali
1 Ang opisyal na may-panukala ng petisyon para sa inisyatiba; o ang Mayor, ang Lupon ng mga Superbisor, o apat o mahigit pang miyembro ng Lupon, kung ang panukalang-batas ay isinumite nito.	1 Kapag referendum, ang taong nagsumite ng petisyon para sa referendum sa Lupon ng mga Superbisor.
2 Ang Lupon ng mga Superbisor, o sinumang miyembro o mga miyembro na hinirang ng Lupon.	2 Ang Lupon ng mga Superbisor, o sinumang miyembro o mga miyembro na hinirang ng Lupon.
3 Ang Mayor (Punong-bayan).	3 Ang Mayor (Punong-bayan).
4 Anumang samahan ng mga mamamayan, kombinasyon ng mga botante at samahan ng mga mamamayan, o sinumang indibidwal na botante.	4 Anumang samahan ng mga mamamayan, kombinasyon ng mga botante at samahan ng mga mamamayan, o sinumang indibidwal na botante.

Sagot sa Argumento

Ang may-akda ng argumento ng may-panukala o ng argumento ng katunggali ay maaari ding gumawa at magsumite ng sagot sa argumento, o ng sagot, na ililimbag nang walang bayad.

Nakalimbag ang mga sagot sa argumento sa ibaba ng kaugnay na argumento ng may-panukala at ng argumento ng katunggali.

May Bayad na mga Argumento

Bukod pa sa mga argumento ng may-panukala, argumento ng mga katunggali, at mga sagot, na inililimbag nang walang bayad, maaaring magsumite ng mga may bayad na mga argumento ang sinumang karapat-dapat na botante, grupo ng mga botante, o mga asosasyon.

Hindi kasama sa pamplet na ito ang mga may bayad na argumento na pabor o laban sa bawat panukalang-batas na nasa balota. Kung gusto ninyong makita ang mga may bayad na mga argumento na naisalin na sa Filipino, tingnan ang voterguide.sfelections.org o tumawag sa Departamento ng mga Eleksyon sa (415) 554-4310.



Lahat ng mga argumento ay ganap na opinyon ng mga may-akda. Inililimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite, kasama na ang anumang kamalian sa pagta-type o paglilimbag, spelling, o grammar. Hindi ito sinusuri para sa kawastuhan ng Direktor ng mga Eleksyon o ng anumang ibang ahensiya, opisyal o empleyado ng Lungsod.



Pangkalahatang Buod ng Utang ng San Francisco

Ano ang Bond Financing (Pamumuhunan sa Pamamagitan ng mga Bond)?

Ang bond financing ay isang uri ng pangmatagalang-panahon na pangungutang na ginagamit para makalikom ng pera para sa mga proyekto [na binabayaran na agad at ibinabalik sa mga investor o namumuhunan sa loob ng mas mahabang panahon]. Tumatanggap ng pera ang Lungsod sa pamamagitan ng pagbebenta ng mga bond sa mga namumuhunan. Kailangang bayaran ng Lungsod ang halagang inutang at ang tubo sa mga namumuhunang iyon. Ang perang nalikom mula sa pagbebenta ng mga bond ay ginagamit na pambayad para sa malalaking capital project (mga proyektong pangmatagalang na nakatuon sa mga ari-arian) na nangangailangan ng maraming kapital tulad ng mga estasyon ng mga bombero at pulis, programa ng abot-kayang pabahay, ospital, aklatan, parke, at iba pang pasilidad ng lungsod. Ginagamit ng Lungsod ang bond financing sapagkat tatagal ang mga capital project na ito nang maraming taon at kailangang bayaran sa loob ng takdang panahon ng mga residente ng San Francisco na makikinabang din sa pagdaan ng panahon nang dahil sa mga pagpapahusay na kaugnay ng mga proyektong ito. Bukod rito, mahirap bayaran nang isang bagsakan ang malalaking dolyar na gastos ng mga proyektong ito.

Mga Uri ng Bond. Mayroong dalawang pangunahing uri ng mga bond – General Obligation at Revenue.

Ang mga **General Obligation Bond (Bond para sa Pangkalahatang Obligasyon)** ay ginagamit na pambayad sa mga proyektong nakabubuti sa mga mamamayan ngunit hindi kumikita (halimbawa, hindi itinatayo ang mga estasyon ng pulis o ang mga parke na may kakayahang mismong magbayad sa mga pagkakautang sa sarili nila). Kapag naaprubahan at napagbili ang mga general obligation bond, mga buwis sa ari-arian ang ipinambabayad sa mga ito. Kailangang aprubado ang mga general obligation bond na ilalabas ng Lungsod ng two-thirds (dalawang-katlo) ng mga botante.

Ang mga **Revenue Bond (Bond na Kumikita)** ay ginagamit na pambayad sa mga proyekto tulad ng mahahalagang pagpapahusay sa isang paliparan, sistema ng patubig, garahe o iba pang malalaking pasilidad na kumikita. Kapag naaprubahan at naipagbili ang mga revenue bond, ang mga ipinambabayad sa mga ito ay karaniwang mula sa mga kinita ng mga proyektong pinamuhunanan ng bond, halimbawa, mga singil sa paggamit o singil sa paradahan. Dapat aprubahan ang mga revenue bond ng Lungsod ng boto ng mayorya. Walang revenue bond sa balotang ito.

Magkano ang Nagagasta sa Pag-utang?

Nakabatay ang gastos ng Lungsod sa pag-utang ng pera sa kabuuang halagang inutang, halaga ng tubo sa utang, at bilang ng mga taon kung kailan mababayaran ang utang. Karaniwang binabayaran ang mga utang ng Lungsod sa loob ng 20 hanggang 30 taon. Ipagpalagay nang ang karaniwang halaga ng tubo ay 6%, ang magagasta para mabayaran ang utang sa loob ng 20 taon ay humigit-kumulang na \$1.74 para sa bawat dolyar na inutang — \$1 para sa dolyar na inutang at 74 sentimos para sa tubo. Gayon pa man, unti-unti ang pagbabayad nito sa loob ng 20 taon. Kung gayon, pinabababa ng inflation ang tunay na gastos ng pangungutang dahil mas murang dolyar ang gagamiting pambayad sa hinaharap. Ipagpalagay nang ang taunang halaga ng inflation ay 4%, ang magagasta para mabayaran ang utang sa dolyar ngayon ay humigit-kumulang na \$1.18 para sa bawat \$1 na inutang.

Ang Kasalukuyang Sitwasyon ng Pagkakautang ng Lungsod

Mga Bayad sa Utang. Sa piskal na taong 2018–2019, magbabayad ang mga nagbabayad ng buwis sa mga ari-arian sa Lungsod ng humigit-kumulang na \$459 milyon ng prinsipal at tubo para sa hindi pa nababayaranang mga bond ng Lungsod at para sa iba pang naglabas ng mga general obligation bond (ang mga ito ang San Francisco Community College District, San Francisco Unified School District at Bay Area Rapid Transit District). Ang netong halaga ng buwis para sa taon upang makasunod sa mga itinatakda para sa utang at sa utang na para sa espesyal na pondo, kung maaprubahan ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor), ay tinataya na magiging 16.30 sentimo kada \$100 ng tinatayang halaga, o \$967 sa bahay na natasang \$600,000, na sumasalamin sa eksempiyong \$7,000 ng may-ari ng bahay.

Legal na Limitasyon sa Pag-utang. Ipinag-uutos ng Charter ng Lungsod na magkaroon ng limitasyon sa halaga ng mga general obligation bond na hindi pa nababayaran ng Lungsod sa anumang takdang panahon. Ang limitasyong ito ay 3% ng natasang halaga ng nabubuwisang ari-arian sa Lungsod — o sa kasalukuyan, humigit-kumulang na \$7.78 bilyon. Ang mga botante ang nagbibigay sa Lungsod ng awtorisasyon na maglabas ng mga bond. Itinuturing ang mga bond na nailabas na at hindi pa nababayaran na hindi pa bayad. Noong Agosto 1, 2018, mayroong \$2.48 bilyon na hindi pa bayad na mga general obligation bond, na katumbas ng 0.96% ng natasang halaga ng mga nabubuwisang ari-arian. Mayroon pang karagdagang \$742 milyon na mga bond na nabigyan na ng

awtorisasyon ngunit hindi pa inilalabas. Kung inilabas ang mga bond na ito at hindi pa nababayaran, ang pasaning kabuuang halaga para sa pagseserbisyo sa utang ay 1.24% ng natasang halaga ng nabubuwisang ari-arian. Hindi nakadaragdag sa halaga ng pasaning utang ng Lungsod ang mga bond na inilabas ng San Francisco Community College District, San Francisco Unified School District, at ng Bay Area Rapid Transit District (BART) bilang layon sa mga limitasyong itinatakda ng Tsarter, ngunit ang mga buwis sa ari-arian (tingnan ang Matipid na Pamamahala ng Utang na nasa ibaba) ang ipinambabayad sa mga ito. Bahagi ng kasalukuyang patakaran ng Lungsod sa pamamahala ng utang ang pagpapanatili sa halaga ng buwis sa ari-arian mula sa mga bagong general obligation bond ng Lungsod, na mas mababa sa halaga nito noong 2006, sa pamamagitan ng paglalabas ng mga bagong bond habang iniuurong na sa sirkulasyon ang mga luma, at tumataas ang batayang buwis, bagamat posibleng magbago-bago ang pangkalahatang halaga ng buwis sa ari-arian batay sa iba pang factors o salik. Ipinatutupad ang polisiyang ito sa mga bond ng Lungsod at ng County pero hindi sa iba pang gobyerno, tulad ng San Francisco Unified School District, San Francisco City College District, o BART.

Matipid na Pamamahala ng Utang. Kahit na alinsunod sa legal na limitasyon para sa mga utang ang ginawang pagpapalabas ng Lungsod sa mga general obligation bond, mayroon pang ibang paghahambing sa utang na ginagamit ang bond rating agencies (mga ahensiyang nag-uuri ng bond) kapag tinitingnan nila ang kalusugan sa pinansiya ng Lungsod. Tinitingnan ng ganitong mga ahensiya ang maraming uri ng lokal at rehiyonal na utang na nakasalalay sa pinagbabatayan ng buwis ng Lungsod, at kasama rito ang ating mga general obligation bond, mga lease revenue bond (mga bond na ginagarantiyahan ng bayad sa upa sa pasilidad kung saan namuhunan ang bond), certificates of participation (uri ng pamuhunan kung saan binibili ng namumuhunan ang bahagi ng kita mula sa upa sa halip na ang bond na ginagarantiyahan ng mga kitang iyon), mga special assessment bond (espesyal na uri ng bond na nagpopondo sa proyekto ng development na binabayaran ng mga buwis na ipinapataw sa komunidad na nakikinabang sa proyekto), mga bond ng BART at ng distrito ng paaralan at ng community college o kolehiyo ng komunidad. Ang “direct debt ratio (proporsiyon ng utang kung ihahambing sa mga pag-aari),” na isinasama ang direct debt (kabuuang halaga ng mga general obligation bond), at ang iba pang pangmatagalang-panahon na obligasyon at hindi isinasama ang mga special assessment bond, mga bond ng BART at ng distritong pampaaralan at distrito ng community college, ay katumbas ng 1.49% ng natasang halaga ng nabubuwisang ari-arian. Itinuturing ng mga bond rating agencies ang

direct debt ratio na ito na pasaning utang na “katamtaman (moderate)” kung ikukumpara sa laki ng pinagbabatayan ng buwis sa San Francisco para sa mga ari-arian. **Bagamat nakapaloob ang ratio na ito sa mga katulad na pamantayan, kailangang patuloy na magtakda ang Lungsod ng mga prayoridad para sa paglalabas ng mga utang sa hinaharap, at nang patuloy na mapanatili ang magagandang credit rating, na pananda ng mabuting kalusugan sa pananalapi.**

Pangangasiwa ng Mamamayan sa mga General Obligation Bond

Kailangang aprubahan ng mga botante ang layunin at ang halaga ng perang uutangin sa pamamagitan ng mga bond. Ang perang galing sa bond ay maaaring gastusin para sa mga layunin lamang na inaprubahan ng mga botante.

Para sa mga general obligation bond na ipinalalabas ng Lungsod at County ng San Francisco, sinusuri at iniuulat ng Citizens’ General Obligation Bond Oversight Committee (Komite ng Mga Mamamayang Tagapangasiwa ng General Obligation Bond) kung paano ginagasta ang perang galing sa bond. Ang siyam na miyembro ng Komite ay hinihirang ng Mayor, Lupon ng mga Superbisor, Controller (Tagapamahala ng Pinansiya), at Civil Grand Jury. Kapag natuklasan ng Komite na ginasta ang perang galing sa bond para sa mga layuning hindi pinagtibay ng mga botante, maaaring mag-utos ang Komite ng aksiyon ng pagwawasto at ipagbawal ang pagbebenta ng anumang awtorisado ngunit hindi pa ipinalalabas na mga bond, habang isinagawa ang natukoy na aksiyon. Maaaring ipawalang-bisa ng Lupon ng mga Superbisor ang mga desisyon ng komite sa pamamagitan ng two-thirds ng boto. Maaaring i-audit ng Controller ang anumang pinagkagastusan ng Lungsod ng perang galing sa bond.

Inihanda ni *Ben Rosenfield*, Controller (Tagapamahala ng Pinansiya)



Mga Salitang Dapat Ninyong Malaman

Mula sa Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Batayang buwis (Proposisyon E): Ang buwis na may halagang 8 porsiyento ng pag-upa sa mga kuwarto sa hotel sa San Francisco.

Bond (Proposisyon A): Ang bond ay pangako ng Lungsod na bayaran ang inutang na pera, na may kasamang interes sa nakatakdang petsa. Kung kailangan ng Lungsod na magkaroon ng malaking halaga ng pera upang magbayad para sa library, linya ng imburnal, paaralan, ospital o iba pang proyekto o programa, puwede itong umutang ng pera sa pamamagitan ng pagbebenta ng mga bond. (Tingnan din ang “Bond na General Obligation o bond na binibigyan ng seguro ng pangako ng estado o lokal na gobyerno”)

Bond na general obligation (Proposisyon A): Ang pangako na inilalabas ng ahensiya ng gobyerno na babayaran nito ang inutang na pera, nang may kasamang interes, sa nakatakdang petsa. Binabayaran ng ahensiya ng gobyerno ang pera, nang may kasamang interes, sa pamamagitan ng mga buwis sa ari-arian. Kailangang aprubahan ang mga panukalang-batas para sa bond na general obligation ng mga botante ng San Francisco.

Buwis sa ari-arian (Proposisyon A): Buwis batay sa pagtatasa ng Lungsod sa mga gusali at lupa.

Cannabis, na para sa paggamit ng nasa sapat na gulang (Proposisyon D): Anumang Cannabis o Produkto ng Cannabis bukod pa sa cannabis na ginagamit bilang gamot.

Cannabis, na para sa paggamot (Proposisyon D): Ang Cannabis, o Produkto ng Cannabis, na para sa paggamit sa ilalim ng Compassionate Use Act of 1996 o Batas para sa May Malasakit na Paggamit ng 1996 (Proposisyon 215) ng pasyenteng gumagamit ng cannabis bilang gamot sa California, at may hawak na rekomendasyon ng doktor.

Capital project o proyektong pangmatagalan na nakatuon sa mga ari-arian (Proposisyon A): Isang proyektong sinimulan sa pamamagitan ng isang beses na pagpopondo upang mapahusay ang imprastruktura ng Lungsod.

Citizens’ General Obligation Bond Oversight Committee o Komite ng Mga Mamamayang Tagapangasiwa ng mga Bond na General Obligation (Proposisyon A): Isang pangkat na binubuo ng siyam na tao at sumusubaybay sa paggamit ng Lungsod sa mga pondong nakolekta sa pamamagitan ng paglalabas ng mga bond na general obligation. Hinihirang ang mga miyembro ng Komiteng ito ng Mayor, Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor), Controller (Tagapamahala ng Pinansiya), at Civil Grand Jury.

Cultural Equity Endowment o Endowment o Pondong Kaloob para sa Pagkakapantay-pantay sa Larangan ng Kultura (Proposisyon E): Pondo ng Lungsod na nakatuon sa pagtamo ng katarungan sa pagkakapantay-pantay sa kultura, sa pamamagitan ng mga programa sa sining na malalim na naka-

ugat sa mga komunidad na hindi napagkalooban ng mga serbisyo ng lungsod noong nagdaang panahon, at nakakayanang maipahayag ang karanasan ng mga ito, at nang maipamahagi sa pampublikong paraan.

General Fund o Pangkalahatang Pondo (Mga Proposisyon D, E): Ang bahagi ng taunang badyet ng Lungsod na puwedeng magamit para sa anumang layunin ng Lungsod. Taon-taon, nagpapasya ang Mayor at ang Board of Supervisors kung paano gagamitin ang General Fund. Nanggagaling ang pera para sa General Fund mula sa buwis sa ari-arian, negosyo, pagbebenta, at iba pang buwis at singil.

Gross receipts tax o buwis sa kabuuang kita (Mga Proposisyon C, D): Buwis na ibinabatay sa pangkalahatan sa kabuuang kita na nakukuha ng negosyo sa San Francisco.

Inisyatiba (Proposisyon C): Ang panukala na inilalagay sa balota ng mga botante. Puwedeng maglagay ng inisyatiba sa balota ang sinumang botante sa pamamagitan ng pangangalap ng kinakailangang bilang ng mga lagda mula sa mga rehistradong botante ukol sa isang petisyon.

Interes (Proposisyon A): Ang gastos sa pag-utang ng pera.

Kuwlipikadong kandidato na write-in o isinusulat-lamang: Isang tao na nakompleto na ang kinakailangang mga papeles at lagda para maisama bilang kandidatong write-in. Bagamat hindi nakasulat sa balota ang pangalan ng taong ito, puwedeng iboto ng mga botante ang taong ito sa pamamagitan ng pagsulat ng pangalan ng tao sa espasyong ipinagkaloob sa balota para sa mga botong write-in, at sa pagsunod sa mga espesipikong instruksiyon na nasa balota. Binibilang lamang ng Department of Elections ang mga botong write-in para sa mga kuwalipikadong kandidatong write-in.

Maagang pagboto: Pagboto nang personal sa City Hall bago ang Araw ng Eleksyon o pagpapadala ng balotang vote-by-mail (pagboto sa pamamagitan ng koreo) bago ang Araw ng Eleksyon.

Mga balotang vote-by-mail (pagboto sa pamamagitan ng koreo): Mga balotang ipinadadala sa koreo sa mga botante o ibinibigay nang personal sa mga botante sa Department of Elections. Puwedeng ipadala ang mga balotang vote-by-mail sa koreo sa Department of Elections, isumite sa opisina ng Department of Elections sa City Hall, o isumite sa anumang lugar ng botohan sa California sa Araw ng Eleksyon. Kilala rin bilang mga balotang absentee (sa pamamagitan ng koreo).

Mga gawain na para sa negosyong cannabis (Proposisyon D): Anumang gawaing pangnegosyo na may direktang kinalaman sa Cannabis o Mga Produkto ng Cannabis, kasama na, ngunit hindi nalilimitahan sa pagtatanim, pagkakaroon, paggawa, pagpoproseso, pag-iimbak, paglalagay ng etiketa, distribusyon, o pagbebenta ng Cannabis o Mga Produkto ng Cannabis, na para sa pagsasaalang-alang. Hindi kasama sa

“Mga Gawain na para sa Negosyong Cannabis” ang: (a) mga gawain sa negosyo na hindi direktang kaugnay ng Cannabis o mga Produkto ng Cannabis, kasama na ang pagbebenta ng mga bagay na hindi naman naglalaman ng Cannabis o Mga Produkto ng Cannabis; (b) pag-eeksamen sa laboratoryo; at (c) transportasyon ng Cannabis o Mga Produkto ng Cannabis kung saan hindi inaangkin o ibinebenta ng taong nagbibiyaheng Cannabis o ng Mga Produkto ng Cannabis ang Cannabis o ang Mga Produkto ng Cannabis na ito.

Natatanging pamanang kultura (Proposisyon E): Ang mga natatanging aspeto ng komunidad na may kontribusyon sa kahalagahan nito. Mga katangian na nag-aambag sa bukod-tanging pamanang kultura ng komunidad, kasama na ang mga gawain, sining, serbisyo at negosyo nito.

Ordinansa (Mga Proposisyon C-H): Lokal na batas na ipinasa ng Board of Supervisors o ng mga botante.

Oversight o Pangangasiwa (Proposisyon A): Pagsubaybay sa mga gawain upang matiyak na sinusunod ang mga layunin ng isang programa.

Pabahay, na para sa maikling panahon (Proposisyon C): Pabahay kung saan ipinatutupad ang limitasyon ng haba ng pagtira.

Pabahay, na permanente (Proposisyon C): Pabahay kung saan hindi ipinatutupad ang mga limitasyon ng haba ng pagtira, kasama na ang (1) pribadong pabahay na pinopondohan ng mga subsidyo sa pag-upa, (2) supportive housing (pabahay na nagbibigay ng suporta) na pinopondohan ng mga subsidyo sa pag-upa at (3) mga gusali at unit na single-room occupancy (pang-isahan o pandalawahang kuwarto sa mga gusaling marami ang umuupa).

Pag-amyenda (Proposisyon B): Para palitan.

Pag-amyenda sa Tsarter (Proposisyon B): Ang pagbabago sa Tsarter ng Lungsod. Ang Tsarter ang Konstitusyon ng Lungsod. Puwede lamang mabago ang Tsarter ng mayorya ng mga ibinigay na boto.

Pass through o Ipinapasa (Proposisyon A): Pagpapasa ng bahagi ng gastos sa mga tenant o umuupa, at nang makuhang muli ang ibinayad nang dahil sa pagtaas ng buwis sa ari-arian.

Personal na impormasyon (Proposisyon B): Anumang impormasyon kaugnay ng partikular na indibidwal, kasama na ang medikal na impormasyon, impormasyon tungkol sa nakaraan at pag-eempleyo, pinansiyal na impormasyon, demograpikong impormasyon at impormasyong puwedeng magamit upang matukoy ang indibidwal o mailantad ang kinaroroonan ng indibidwal.

Piskal na taon (Mga Proposisyon C, E): Ang 12-buwan panahon ng pagbabadyet ng Lungsod, na nagsisimula nang Hulyo 1 at nagtatapos nang Hunyo 30 ng susunod na taon ayon sa kalendaryo.

Plano sa alokasyon para sa mga serbisyong pangkultura (Proposisyon E): Isang planong ipinatutupad ng Arts Commission (Komisyon sa Sining) at ng Administrador ng Lungsod kada limang taon upang mapagpasyahan ang paggamit ng mga pondong nasa Arts Impact Endowment (Pondong Kaloob para sa Pagkakaroon ng Epekto ng Sining), ayon sa pagtatasa ng mga pangangailangan ng komunidad.

Prinsipal (Proposisyon A): Ang halaga ng inutang na pera. Hindi kasama sa prinsipal ang mga singil na interes.

Probisyonal na balota (Mga madalas itanong): Balotang ini-huhulog sa botohan na hindi bibilangin hanggang sa matiyak ng Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon) ang pagiging kuwalipikado ng botante na ihulog ang balotang iyon.

Proposisyon (Mga Proposisyon A-E): Anumang panukalang-batas na isinumite sa mga botante para sa pag-apruba o hindi pag-apruba.

Revenue o Kita (Mga Proposisyon A, C-E): Kita.

Tagapayong komite (Proposisyon C): Ang pangkat ng mga itinatalagang indibidwal na sa pangkalahatan ay gumagawa ng mga rekomendasyon sa mga lupon, komisyon at departamento ng Lungsod.

Tax surcharge (Proposisyon E): Ang karagdagang buwis na may halagang 6 porsiyento ng pag-upa sa mga kuwarto ng hotel sa San Francisco.

Tsarter (Proposisyon B): Ang Konstitusyon ng Lungsod.



A

Earthquake Safety Bond (Utang na Pangkaligtasan mula sa Lindol) para sa Embarcadero Seawall

EARTHQUAKE SAFETY BOND PARA SA SEAWALL NG SAN FRANCISCO, 2018. Upang maprotektahan ang aplaya, BART at Muni, mga gusali, makasaysayang daungan at kalye mula sa lindol, pagbaha, at pagtaas ng dagat, sa pamamagitan ng: pagkukumpuni sa Seawall ng Embarcadero, na 100 taong gulang na; pagpapalakas sa Embarcadero; at pagpapatibay sa mga imprastrukturang pantransportasyon at pampublikong serbisyo sa koryente, gas at tubig na naglilingkod sa mga residente at negosyo, dapat bang maglabas ang lungsod ng \$425,000,000 halaga ng mga bond (utang ng gobyerno), na tatagal nang hanggang sa 30 taon mula sa panahon ng paglalabas, may halaga ng buwis na \$0.013/\$100 ng natasang halaga ng ari-arian, at tinatayang taunang kita na hanggang \$40,000,000, kung saan may pangangasiwa ng mga mamamayan at regular na pag-o-audit? Kasalukuyang polisiya ng Lungsod sa pamamahala ng utang ang pagpapanatiling mas mababa ang halaga ng buwis mula sa mga bond na general obligation (utang ng estado o lokal na gobyerno) kaysa sa halaga nito noong 2006, sa pamamagitan ng paglalabas ng mga bagong bond habang paparetiro na ang mas matatandang bond, at tumataas ang halaga ng pag-aaring nabuwisan, bagamat posibleng mag-iba-iba ang pangkalahatang halaga ng buwis batay sa iba pang salik o dahilan.

OO ←  
HINDI ←  

Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Kung Ano Ito Ngayon: Ang 100 taong gulang na seawall ng Embarcadero ang pundasyon ng humigit-kumulang na 3 milya ng aplaya sa hilagang silangan ng San Francisco. Sinusuportahan ng seawall ang Muni, ang BART, at ang mga pampublikong serbisyo sa koryente at tubig. Hindi na sapat na napoprotektahan ng seawall ang Lungsod mula sa pagtaas o pagbaba ng tubig-dagat, pagbaha, at tumataas na lebel ng dagat. Hindi rin protektado ang seawall mula sa pinsalang idudulot ng lindol.

Responsibilidad ng Lungsod ang pagpapanatili sa seawall sa maayos na kondisyon sa pamamagitan ng Port (Daungan) ng San Francisco. Plano ng Lungsod na gawing moderno, i-upgrade o paghusayin pa, at kumpunihin ang seawall sa loob ng susunod na 30 taon. Tinatayang magkakahalaga ang inirerekomendang plano para sa Port ng hanggang sa \$5 bilyon, at gusto ng Lungsod na gastusan ang unang bahagi ng plano.

Upang mabayaran ang malalaking mga kapital na proyekto, umaasa ang Lungsod sa ilang mapagkukunan ng pondo, kasama na ang paghiram ng pera sa pamamagitan ng pagbebenta ng mga general obligation bond. Ginagamit ng Lungsod ang mga kita mula sa property tax (buwis sa ari-arian) upang bayaran ang prinsipal at ang interes sa mga bond na ito.

Ang Mungkahi: Bibigyan ng awtorisasyon ng Proposisyon A ang Lungsod na umutang ng hanggang sa \$425 milyon sa pamamagitan ng paglalabas ng general obligation bonds upang magawang moderno, kumpunihin at i-upgrade ang seawall ng Embarcadero. Rerepasuhin ng Komite ng Mga Mamamayang Tagapangasiwa ng Bonds na General Obligation ang paggasta ng mga kita mula sa mga general obligation bond.

Magsasagawa ang lungsod ng pampublikong proseso upang matukoy ang mga espesipikong proyekto para magawang moderno, makumpuni at ma-upgrade ang seawall. Popondohan ng bond ang kasalukuyan nang ginagawang pagpapahusay sa disenyo at konstruksiyon na tutugon sa pinakamalalaking pangangailangan sa seawall kapag nagkaroon ng lindol at baha.

Pahihintulutan ng Proposisyon A ang pagtataas ng property tax (buwis sa ari-arian) para mabayaran ang mga bond, kung kinakailangan. Polisiya ng Lungsod na limitahan ang halaga ng perang inutang nito sa pamamagitan ng paglalabas lamang ng mga bagong bond habang natatapos na ang pagbabayad sa naunang mga bond. Pahihintulutan ang mga nagpapauya na ipasa ang hanggang sa 50 porsiyento ng anumang magreresultang pagtaas sa property tax sa mga umuupa.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “OO”: Kapag bumoto kayo ng “oo,” gusto ninyong maglabas ang Lungsod ng hanggang sa \$425 mil-

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 66²/₃% + 1 na botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 56.



yon na mga bond para magawang moderno, makumpuni at ma-upgrade ang seawall ng Embarcadero.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "HINDI": Kapag bumoto kayo ng "hindi," ayaw ninyong ilabas ng Lungsod ang mga bond na ito.

Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) Tungkol sa "A"

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon A:

Kapag nagbigay ng awtorisasyon at nagbenta ng iminumungkahing \$425 milyon na mga bond sa ilalim ng kasalukuyang mga ipinapalagay, ang sumusunod ang tinatayang gastos:

- a) Sa piskal na taon (FY) 2019–2020, matapos maglabas ng unang serye ng mga bond, at sa taon na pinakamababa ang porsiyento ng buwis, magresulta ang pinakamagandang pagtaya sa kinakailangang buwis para mapondohan ang paglalabas ng bond na ito, sa halaga ng property tax na \$0.00181 kada \$100 (\$1.81 kada \$100,000) ng natayang halaga.
- b) Sa piskal na taon (FY) 2024–2025, matapos maglabas ng huling serye ng mga bond, at sa taon na pinakamataas ang porsiyento ng buwis, magresulta ang pinakamagandang pagtaya sa kinakailangang buwis para mapondohan ang paglalabas ng bond na ito, sa halaga ng property tax na \$0.0117 kada \$100 (\$11.70 kada \$100,000) ng natayang halaga.
- c) Ang pinakamagandang pagtaya ng karaniwan o average na halaga ng buwis para sa mga bond mula FY 2019–2020 hanggang FY 2042–2043 ay \$0.00767 kada \$100 (\$7.67 kada \$100,000) ng natayang halaga.
- d) Batay sa mga pagtayang ito, humigit-kumulang \$69.39 ang pinakamataas nang tinatayang taunang halaga ng property tax sa mga bond na para sa may-ari ng bahay na may natayang halaga na \$600,000.

Nakabatay lamang ang mga pagtayang ito sa mga inaasahan, na walang obligasyon ang Lungsod na sundin. Posibleng mag-iba-iba ang mga inaasahan at pagtaya dahil sa panahon ng pagbebenta ng mga bond, bilang ng bond na natitinda sa bawat pagbebenta, at aktuwal na natayang halaga sa loob ng panahon ng pagbabayad sa mga bond. Dahil dito, posibleng iba sa naitaya sa itaas ang aktuwal na halaga ng buwis at ang mga taon kung saan ipatutupad ang mga halagang ito. Kasalukuyang polisiya ng Lungsod sa pamamahala ng mga utang ang paglalabas lamang ng mga bagong general obligation bond habang paparetiro na ang mga lumang bond, at nang manatiling halos pareho sa pagdaan ng panahon ang epekto sa property tax ng mga general obligation bond.

Kung Paano Napunta sa Balota ang "A"

Noong Hunyo 26, 2018, bumoto ang Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) ng 11 sa 0 upang mailagay ang Proposisyon A sa balota. Bumoto ang mga Superbisor ayon sa sumusunod:

Oo: Breed, Cohen, Fewer, Kim, Peskin, Ronen, Safai, Sheehy, Stefani, Tang, Yee.

Hindi: Wala.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 66²/₃% + 1 na botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 56.



Argumento ng May-Panukala sa Argumento na Pabor sa Proposisyon A

Mas Malakas na Seawall para sa Mas Ligtas na San Francisco. Pakiboto ang 00 sa A.

Ang 100-taong-gulang na Seawall ang pundasyon ng ating aplaya. Itinayo ito bago pa makapagtayo ang mga inhinyero ng imprastrukturang nalalampasan ang mga lindol, at may haba itong tatlong milya sa ilalim ng Embarcadero mula sa Fisherman's Wharf hanggang sa AT&T Park.

Sa paglipas ng mga taon, bumaba na ito sa lupa, nagkaroon ng mga lamat, at unti-unti nang nasisira. Ngayon, nasa panganib ang Seawall sa mga lindol, sakunaat mas malaking pagbaha nang dahil sa pagtaas ng dagat.

Ang Proposisyon A ang unang hakbang upang mapalakas ang Seawall:

- **Magkaroon ng proteksiyon laban sa mga lindol at sakuna.** Mayroong 72% tsansa na magkakaroon ng malaking lindol sa San Francisco sa susunod na 30 taon. Kapag nangyari ito, malamang na hindi ito makakayanan ng Seawall, maliban na lamang kung gagawa tayo ng aksyon.
- **Pigilan ang pagbaha sa downtown at mga tunnel ng MUNI/BART.** Posibleng bahain ang mga tunnel ng BART at MUNI kapag nagkaroon ng malaking bagyo (a 500 year storm, o may isa sa 500 tsansa na maganap) ngayon, na magdudulot ng pagkakaparalisa ng rehiyonal na transportasyon.
- **Pangalagaan ang pang-emergency na suplay ng tubig at mga ruta para sa paglikas.** Kailangan natin ang Embarcadero sa panahon ng sakuna, upang mapahintulutan ang paglikas ng daan-daang libong katao at maipasok ang kritikal na mga suplay na pang-emergency.

- **Maghanda para sa pagtaas ng dagat nang dahil sa pagbabago ng klima.** Inaasahang itataas ng pagbabago ng klima ang lebel ng tubig nang hanggang sa 6 feet (piye) sa pagtatapos ng siglo na ito. Kapag hindi tayo gumawa ng aksiyon, malalampasan ng pagtaas ng tubig ang Seawall at aabot sa Downtown ang panganib na magkaroon ng pagbaha mula sa dagat, bago magtapos ang siglong ito.

Maingat na pinamamahalaan ng Lungsod ang programa para sa mga bond (utang ng gobyerno) nito upang HINDI itaas ng Proposisyon A ang halaga ng buwis sa ari-arian. Magkakaroon ng independiyenteng pamamahala ng mga mamamayan sa paggasta at regular na pag-o-audit sa pinansiya.

Upang mapanatiling ligtas ang San Francisco, pakisamahan kami at bumoto ng 00 sa A.

Mayor London Breed

Superbisor Aaron Peskin

Tagatasa-Tagatala Carmen Chu

*Komisyoner ng Port Doreen Woo Ho**

*Hepe ng Fire Department Joanne Hayes-White**

*Presidente ng Fire Commission Ken Cleaveland**

San Francisco Firefighters Union (Mga Bumero ng San Francisco)

Lokal 798

*Hepe ng San Francisco Police William Scott**

Sheriff Vicki L. Hennessy

*Para lamang sa identipikasyon; pumipirma ang awtor bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng organisasyon.

Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon A

Kung deka-dekada nang bumababa, may lamat at unti-unting nasisira ang baywall ng Embarcadero, ayon sa ipinahahayag ng mga may-panukala sa Prop. A, **dapat sana ay nagsimula nang magbadyet ang Port Commission para sa mga pagkukumpuni sa loob ng nakaraang mga dekada.**

Pero hindi ginawa ito – **mas gusto nilang gastusin ang pera ng mga nagbabayad ng buwis sa mga suweldo at benepisyong daan-daang libo para sa mga opisyal ng Port, at pabayaran sa publiko ang singil para sa binagong "Wall on the Waterfront (Pader sa Aplaya)."**

Malamang na napalobo nang husto ang mga tinatayang pagtaas ng dagat na inihaharap ng mga may-panukala sa Prop. A. May prediksiyong silang tataas nang "hanggang sa 6 feet" ito pagdating ng taong 2100. Gayon pa man, **may pagtayang walang eksaherasyon na inilathala ang U.S. Geological Survey** noong 2006 (<https://pubs.er.usgs.gov/publication/70157139>): "Batay sa mga pagtaas ng dagat sa taong 2000, pagdating ng panahong 2070–2099, ang tinatayang pagtaas ng dagat ay mula sa 11–54 sentimetro" sa mababang bahagi, hanggang sa "17–72 sentimetro para sa pinakamalaki" nang bilang ng pagtaas – kung бага, **mas malaki lang nang 2 feet na pagtaas, na pinakamalaki na, pagdating ng 2100.**

Sakaling may tubig man sa bay o look na makapasok dahil lumampas sa pader at napunta sa mga tunnel ng BART/Muni, ayon sa ipinahahayag ng mga may-panukala na "posibleng" mangyari sa bagyong nangyayari minsan sa 500 taon, **mas murang bombahin na lamang palabas ang tubig kung mangyayari ito at kapag nangyari na ito, kaysa gumasta ng bilyon-bilyon sa pader** na kakaunti lamang ang idudulot na pagkakaiba, at posibleng maging mas murang makumpuni ito makalipas ang ilang taon sa pamamagitan ng bagong teknolohiya sa konstruksiyon.

Ang pagkakaroon ng napakalaking utang nang dahil sa walang katiyakang mga prediksiyon ay magdudulot ng pinsala sa mga residente ng San Francisco sa panahong ito, dahil sa mas matataas na upa at mas matataas na buwis sa ari-arian.

Masamang ideya ito. Bumoto ng HINDI sa Proposisyon A.

Libertarian Party of San Francisco (Partidong Libertaryan ng San Francisco)

www.LPSF.org

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon A

Sinusubukan ng Proposisyon A na ipabayad sa mga may mga ari-arian at umuupa ang kabiguan ng Port Commission na panatilihin sa maayos na kondisyon ang imprastruktura sa dalampasigan.

Nakapanlilihin na termino ang “seawall” – sa katunayan, isa itong pader na nasa tabi ng bay. Maling ipinahihiwatig ng deskripsiyon sa balota na pinoprotektahan ng pasyalang ito sa aplaya at ng mga bato at lupang nasa ilalm nito, **ang buong lungsod** mula sa mataas na tubig at pagbaha. Kalokohan iyan. Iyon lamang mga ari-arian na nasa seksiyon na iyon ng aplaya ang maaapektuhan, **hindi** ang buong lugar ng downtown, at lalo na ang kabuuan ng San Francisco.

Kung gusto ng mga negosyong umuupa ng ari-arian sa aplaya mula sa Port Commission na mas mabuting maprotektahan ang mga ari-ariang iyon mula sa matatapong baywater o tubig mula sa look, sila na lamang mismo ang magbayad para dito.

Suguro, puwede ring i-ambag ng mga opisyal tulad ng Direktor ng Port, **na tumanggap ng mahigit \$340,000 na suweldo at benepisyo noong 2015**, ang bahagi ng kanilang natatanggap na bayad.

Pero mas gusto ng mga politikong pigain ang mga nagbabayad ng buwis (ilang daang milyong dolyar ngayon, sakaling tanggihan natin ang mas mataas na hinihingi) para sa proyektong sinasabi nilang magkakahalaga ng hanggang \$5 bilyon – na numerong malamang na **tinuturingan nang mababa ang gusto talaga nilang gastahin**, ayon sa pag-amin ng isang dating mayor sa kolum sa Chronicle noong Hulyo 2013:

“Hindi na dapat makagulat ang mga balitang tulad ng pagiging lampas nang mga \$300 milyon ang badyet ng Transbay Terminal. Noon pa man,

alam na nating higit na mababa ang pinaka-unang pagtaya kaysa sa tunay na gastos. Tulad noong hindi naman talaga tayo nagkaroon ng tunay na gastos para sa Central Subway o sa Bay Bridge... Sa mundo ng mga pansibikong proyekto, talaga namang down payment o paunang hulog lang ang unang badyet. Kung alam talaga ng mga tao ang tunay na gastos sa umpisa pa lamang, wala nang maaaprubahan. Ang ideya ay masimulan na ito. Magsimula kang humukay sa lupa at gawin mong napakalaki nito kung kaya’t wala nang alternatibo sa pagkakaroon ng pera upang mapuno ito.”

Huwag gantimpalaan ang panloloko at paglulustay. Bumoto ng Hindi sa Proposisyon A.

Libertarian Party of San Francisco (Partidong Libertaryan ng San Francisco)

www.LPSF.org

Sagot sa Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon A

Kritikal na pananggalang para sa buong lungsod ang Seawall ng San Francisco. Panatilihin tayong ligtas sa pamamagitan ng pagboto ng OO sa A.

- **Ang Oo sa A ang magpoprotekta sa atin laban sa mga lindol at sakuna.** Posibleng magresulta ang napakalakas na lindol sa pagkasira ng 100-taong-gulang nang Seawall, kung kaya’t maaapektuhan ang daan-daan libong residente at magkakaroon ng bilyon-bilyong dolyar na pinsala.
- **Ang Oo sa A ang makapipigil sa pagbaha sa downtown at mga tunnel ng MUNI/BART.** Kahit na ngayon, posible nang mapabaha ang mga tunnel ng BART at MUNI ng napakalakas na bagyo, kung kaya’t masasapanganib ang mga buhay at mapaparalisa ang rehiyonal na transportasyon.
- **Ang Oo sa A ang makapapanatiling ligtas mga pang-emergency na suplay at ang ruta sa paglikas.** Kailangan natin ang Embarcadero sa panahon ng sakuna, upang mapahintulutan ang paglikas ng daan-daang libong katao at maipasok ang kritikal na mga suplay na pang-emergency.
- **Ang Oo sa A ang maghahanda sa San Francisco sa pagtaas ng dagat nang dahil sa pagbabago ng klima.** Kritikal na hakbang na dapat isagawa ang pagsasaayos sa ating Seawall, at nang makapaghanda para sa pagtaas ng tubig nang hanggang sa 6 feet sa pagtatapos ng siglo.

- **Ang Oo sa A ay HINDI magtataas ng halaga ng buwis sa ari-arian.** Maingat na pinamamahalaan ng Lungsod ang programa para sa mga bond nito upang HINDI itaas ng Proposisyon A ang halaga ng buwis sa ari-arian. Magkakaroon ng independiyenteng pamamahala ng mga mamamayan sa paggasta at regular na pag-o-audit sa pinansiya.

Upang mapanatiling ligtas ang San Francisco, pakisamahan kami at bumoto ng OO sa A.

Mayor London Breed

Superbisor Aaron Peskin

Tagatasa-Tagatala Carmen Chu

*Komisyoner ng Port Doreen Woo Ho**

*Hepe ng Fire Department Joanne Hayes-White**

*Presidente ng Fire Commission Ken Cleaveland**

San Francisco Firefighters Union Lokal 798

*Hepe ng San Francisco Police William Scott**

*Para lamang sa identipikasyon; pumipirma ang awtor bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng organisasyon.

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



B

Mga Gabay ng Lungsod ukol sa Pagiging Pribado ng Impormasyon

Dapat bang amyendahan ng Lungsod ang Tsarter upang magsama ng guidelines o panuntunang gabay para sa pagiging pribado ng impormasyon, at itakda sa City Administrator (Administrador ng Lungsod) na magpanukala ng ordinansa sa pagiging pribado ng impormasyon na naayon sa mga gabay, sa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor)?

OO ←
HINDI ←

Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Kung Ano Ito Ngayon: May mga batas ang Lungsod na nagkaka-loob ng ilang proteksiyon sa pagiging pribado ng personal na impormasyon na kinokolekta, itinatago, ibinabahagi o ginagamit ng Lungsod at ng mga kontratista nito. Walang komprehensibong polisiya ang Lungsod ukol sa proteksiyon ng personal na impormasyon.

Ang Mungkahi: Ang Proposisyon B ay pag-amyenda sa Tsarter na magkakaloob ng mga panuntunang gabay sa mga ahensiya at opisyal ng Lungsod kapag isinasaalang-alang nila ang mga mungkahing batas, regulasyon, polisiya at gawi na nagpoprotekta sa pagiging pribado ng impormasyon. Nakatuon ang mga gabay na ito sa pagtitiyak na ang pangongolekta, pagtatago, pagbabahagi o paggamit ng personal na impormasyon ay bukas sa lahat, naa-access o nakukuha, walang pagkiling, may pahintulot ang lahat ng panig, may seguridad, at limitado sa pagpapatupad ng naayon sa batas na layunin.

Itatakda ng Proposisyon B sa Administrador ng Lungsod na magmungkahi ng ordinansa sa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) ukol sa pangongolekta, pagtatago, pagbabahagi o paggamit ng personal na impormasyon bago sumapit ang Mayo 29, 2019. Kailangang maglaman ang ordinansa ng mga patakaran para sa:

- Lungsod;
- Ikatlong partido na may mga kontrata o kasunduan sa pag-upa sa Lungsod;
- Ikatlong partido na may mga permiso, grant (tulong pinansiyal) o lisensiya na ibinigay ng Lungsod.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “OO”: Kapag bumoto kayo ng “oo,” gusto ninyong amyendahan ang Tsarter ng Lungsod upang magsama ng mga panuntunang gabay para sa pagiging pribado ng impormasyon, at itakda sa Administrador ng Lungsod na magpanukala ng ordinansa sa pagiging pribado ng impormasyon, na naayon sa mga gabay, sa Board of Supervisors.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “HINDI”: Kapag bumoto kayo ng “hindi,” ayaw ninyong gawin ang mga pagbabagong ito.

Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) Tungkol sa “B”

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon B:

Sa aking opinyon, kapag inaprubahan ng mga botante ang panukalang pag-amyenda sa tsarter, magkakaroon ito ng kaunti hanggang katamtamang epekto sa gastos ng gobyerno, depende sa mga gagawin para ipatupad ang aspeto ng polisiya sa pagiging pribado ng impormasyon na nakalarawan sa pag-amyenda.

Nagtatakda ang panukalang pag-amyenda ng Privacy First Policy (Polisiyang Inuuna ang Pagiging Pribado ng Impormasyon) upang magbigay ng gabay sa Lungsod kapag isinasaalang-alang ang pagpapatupad ng mga batas, regulasyon, polisiya, at gawi na nagbibigay ng proteksiyon sa pagiging pribado ng impormasyon, kasama na ang 11 prinsipyo na bumubuo sa polisiya. Hindi puwedeng ipatupad ang pag-amyenda na ito sa paraan na hindi alinsunod sa mga ordinansang naaprubahan na ng mga botante ukol sa pagiging pribado ng impormasyon, bukas na mga miting, o pampublikong rekord.

Pagsapit ng Mayo 31, 2019, magmumungkahi ang Administrador ng Lungsod ng ordinansang nagtatakda ng mga pamantayan at patakaran para sa pangongolekta, pagtatago, pagbabahagi, at paggamit ng personal na impormasyon para sa mga gawi ng Lungsod, kasama na ang pagpasok sa kontrata sa mga ikatlong partido at kung naglalabas ng mga permiso, lisensiya, at iba pang karapatan. Nakabatay ang gastos sa pagpapatupad sa panukalang pag-amyenda ng tsarter, sa mga desisyon na gagawin ng Board of Supervisors sa pamamagitan ng lehislatibong proseso, at nang maipatupad ang ordinansang Privacy First Policy.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50% + 1 na botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 56.



Kung Paano Napunta sa Balota ang "B"

Noong Hulyo 24, 2018, bumoto ang Board of Supervisors ng 9 sa 0 upang mailagay ang Proposisyon B sa balota. Bumoto ang mga Superbisor ayon sa sumusunod:

Oo: Brown, Cohen, Kim, Mandelman, Peskin, Ronen, Safai, Stefani, Yee.

Hindi: Wala.

Pinahintulatang Huwag Sumali: Fewer, Tang.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50% + 1 na botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 56.



Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon B

Simple lamang ang katwiran para sa Proposisyon B, ang Privacy First Policy (Polisiyang Inuuna ang Pagiging Pribado ng Impormasyon): may batayang karapatan sa pagiging pribado ang lahat ng residente at bisita ng San Francisco.

Magtatakda ang Privacy First Policy ng bagong patakaran para sa lahat ng lungsod sa kabuuan ng bansa na gustong protektahan ang karapatan sa pagiging pribado ng kanilang mga mamamayan. Pinamamahalaan man nila ang artificial intelligence (artipisyal na katalinuhan o mga sistema ng computer) o pinangan-gasiwaan ang mabilis na pag-unlad sa teknolohiyang pang-surveillance o pamamatyag, mayroong mahalagang papel na ginagampanan ang mga lokal na demokrasya sa nagbabagong larangan ng pamamahala sa pagiging pribado ng datos.

Bilang sentro ng mga inobasyon sa teknolohiya, kailangang nasa unahan ang San Francisco sa pagprotektahan sa pagiging pribado ng datos. Nangangahulugan ito ng:

- Pagtitiyak na protektado ang inyong personal na impormasyon, kasama na ang inyong seksuwal na oryentasyon, lahi, bansang pinagmulan, o kinabibilangang relihiyon, mula sa walang batayang pangongolekta at pagsisiwalat.
- Pamamahala sa paraan ng pagbabahagi ng nakokolektang impormasyon tungkol sa inyo sa mga tagapagtupad ng batas, advertiser na ikatlong partido o iba pang partido na may mga pribadong espesyal na interes.

- Pagbibigay sa inyo ng oportunidad na tumanggap magbigay ng pahintulot sa pangongolekta at paggamit ng inyong personal na impormasyon.
- Pagpapahintulot sa inyong makapag-ikot-ikot sa lungsod, makipagkita sa mga kaibigan at mag-organisa ng mga grupo nang hindi nasusubaybayan sa oras mismo na ginagawa ninyo ang mga ito.
- Pagtitiyak na ligtas ang inyong personal na impormasyon mula sa hindi awtorisadong pagkuha o aksidenteng pagkasira.

Isinumite ang Privacy First Policy sa balota sa pamamagitan ng pagboto ng lahat ng miyembro ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) ng San Francisco para dito, at espesipikong inendorso ito nina:

- Superbisor Malia Cohen, Presidente
- Superbisor Sandra Lee Fewer
- Superbisor Jane Kim
- Superbisor Rafael Mandelman
- Superbisor Aaron Peskin
- Superbisor Hillary Ronen
- Superbisor Norman Yee

Bumoto ng Oo sa Proposisyon B - panahon na para Unahin ang Pagiging Pribado ng Inyong Impormasyon!!

Mga Superbisor Malia Cohen, Sandra Lee Fewer, Jane Kim, Rafael Mandelman, Aaron Peskin, Hillary Ronen, Norman Yee

Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon B

Hindi kasingsimple ng sinasabi ng mga tagapanukala ang katwiran para sa Proposisyon B. Walang saysay na pagsusumikap ang Prop. B upang protektahan ang pagiging pribado ng impormasyon. Gayon pa man, ibibigay nito sa mga halal na opisyal ang kapangyarihan na baguhin ang naipasa na ng mga botante na Sunshine Ordinance (Ordinansang Nagtitiyak na Bukas ang mga Pamublikong Rekord at Miting) ng San Francisco.

Sumasang-ayon kami na kailangang protektahan ang pagiging pribado ng impormasyon. Pero malayo sa pagiging panangga para maprotektahan ang pagiging pribado ng lahat ng impormasyon ang Prop. B, at hindi nito mabibigyan ang ating mga halal na opisyal ng kapangyarihan na makagawa ng marami, kung mayroon man, upang maprotektahan ang pagiging pribado ng impormasyon, bagay na hindi na nila kayang gawin. Sa halip, magtatakda ito ng hindi malinaw na adyenda sa pagiging pribado ng impormasyon na maipatutupad ng ating mga halal na opisyal na hinaharap, nang walang direktang opinyon mula sa inyo, na botante. Walang makapagsasabi kung ano ang magiging resulta nito.

Tinututulan namin ang pagbibigay ng awtorisasyon sa mga halal na opisyal na baguhin nang sila-sila lamang ang Sunshine Ordinance ng San Francisco, na naipasa na ng mga botante

bilang batas ukol sa pagiging bukas ng gobyerno. Nasabi nga noon ni James Madison, na isa mga naging tagapagtatag ng ating bansa: "Knowledge will forever govern ignorance; and a people who mean to be their own governors must arm themselves with the power which knowledge gives. (Habambuhay na pamamahalaan ng kaalaman ang kamangmangan, at ang mga taong gusto maging tagapamahala ng kani-kanilang buhay, ay kailangang armas ang kanilang mga sarili sa pamamagitan ng kapangyarihang ibinibigay ng kaalaman.)" Kailangan natin ng malakas na Sunshine Ordinance upang matiyak na tayo, at hindi ang mga halal na opisyal, ang may huling salita kung paano pinatatakbo ang San Francisco.

Banta ang Prop. B sa Sunshine Ordinance ng San Francisco – ang pinakapolisiya na nagtitiyak na puwedeng papanagutin ng publiko ang mga halal na opisyal at ang mga naglilingkod sa gobyerno. Hinihikayat namin kayong bumoto ng HINDI.

Society of Professional Journalists (Samahan ng mga Propesyonal na Mamamahayag), Northern California Chapter

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon B

Pinagbabantaan ng Proposisyon B ang makasaysayang Sunshine Ordinance ng San Francisco sa pamamagitan ng pagbibigay ng solong kapangyarihan sa mga halal na opisyal na gutay-gutayin ito. Hinihikayat namin kayong bumoto ng hindi.

Nagkakaroon ng pananagutan sa kanilang aksiyon ang mga pampublikong opisyal at naglilingkod sa gobyerno sa pamamagitan ng pagpapanatili sa pagkakaroon ng access ng publiko sa impormasyon tungkol sa gobyerno. Bukod sa pagbibigay sa mga mamamayan ng pag-access o pagkakaroon ng pamamaraang makakuha ng mga rekord ng gobyerno at makapunta sa bukas na miting, lumikha ang inaprubahan ng mga botante na Sunshine Ordinance ng independiyenteng pangkat, ang Sunshine Ordinance Task Force, upang matiyak na talagang masusunod ng mga opisyal ng lungsod ang mga batas ukol sa pagiging bukas para sa pagsisiyasat.

Bibigyan ng kapangyarihan ng Prop. B ang mga opisyal ng lungsod upang amyendahan ang Sunshine Ordinance, basta't "not inconsistent (hindi binabago-bago)" ang "purpose or intent (layunin o intensiyon)" ng batas. Malabo ang pagkakasulat nito, at posibleng bigyan ng kapangyarihan ang mga opisyal na limitahan ang pag-access ng mga rekord ng gobyerno, o palitan ang komposisyon ng Sunshine Ordinance Task Force upang maging mas mabait sa mga politiko o pangnegosyong interes na sinasabi nila mismo na gusto nilang rendahan.

Bagamat layunin nating tugunan ang isang totoong problema, sa pangkalahatan, ang Prop. B ay pahayag ng mga hindi malinaw na gabay na posibleng humantong sa mga bagay na nakapipin-sala o hindi inaasahan. Sinasabi ng mga opisyal na hindi nila gagamitin ang pag-amyenda upang mapigilan ang pag-access, at kailangang pagkatiwalaan natin sila sa mahusay na pagpapasya sa paggamit ng kanilang mga bagong kapangyarihan. Gayon pa man, sinasalungat niyan ang batayan ng ating mga batas ukol sa pagiging bukas ng gobyerno, na nagtitiyak sa kakayahan ng publiko na papanagutin ang mga opisyal ng gobyerno.

Hindi dapat binibigyan ang mga politiko ng kakayahan na hadlangan ang karapatan ng publiko na malaman kung ano ang nangyayari sa City Hall – ang ating karapatan na malaman kung paano tumatakbo ang lungsod at kung paano nito ginagasta ang pera mula sa ating mga buwis. Hinihikayat namin kayong bumoto ng HINDI sa Prop. B.

Society of Professional Journalists (Samahan ng mga Propesyonal na Mamamahayag), Northern California Chapter

Sagot sa Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon B

Hindi lamang legal na imposible ang anumang pahiwatig na posibleng pahinain ang mga batas ukol sa pampublikong mga rekord, nakakukuha pa ito ng atensiyon mula sa mahahalagang karapatan ukol sa pagiging pribado ng impormasyon, na isusulong sana ng Proposisyon B.

Sumasang-ayon kami na tumutulong ang pampublikong pag-access sa impormasyon ukol sa gobyerno upang mapanagot ang mga pampublikong opisyal sa kanilang mga aksiyon. Iyan ang dahilan kung bakit malinaw na nakasaad sa Proposisyon B na hindi ito puwedeng ipatupad upang pahinain ang Sunshine Ordinance o anumang iba pang batas ukol sa mga pampublikong rekord.

Sumasang-ayon din ang mga tagapagtanggol ng mga pampublikong rekord na hindi na napapanahon ang Sunshine Ordinance, na ipinasa ng mga botante noong 1999. Mula sa mga hindi na gumagana na tagapagtalagang awtoridad, na maaayos lamang sa pamamagitan ng pagbabalik ng usaping ito sa mga botante, hanggang sa mga usapin ukol sa pag-access sa mga digital na rekord habang nagbabago ang teknolohiya, kailangang isaayos ang Sunshine Ordinance upang lalo pang maging bukas sa pagsisiyasat ang mga pampublikong rekord at magkaroon ng pag-access sa mga ito.

Iyan ang dahilan kung bakit sa katunayan, *pinipigilan* ng Proposisyon B ang Lupon ng mga Superbisor sa pag-amyenda sa mga batas ukol sa mga pampublikong rekord, at sa ganoon, mapalakas ang mga ito at mapanagot ang mga pampublikong opisyal - kasama na ang Lupon ng Superbisor.

Kahit na mayroon pa nitong kakaibang oposisyon na ito, inaasahan namin ang pagsusulong sa inyong karapatan sa pagiging pribado ng impormasyon – at sa inyong pag-access sa mga pampublikong rekord.

Bumoto ng **Oo sa Proposisyon B**, at ilagay sa Unahan ang Pagiging Pribado ng Inyong Impormasyon!

Aaron Peskin, Superbisor, Distrito 3



C

Karagdagang mga Buwis sa Negosyo para Mapondohan ang mga Serbisyo sa Homeless o Walang Tahanan

Dapat bang magpataw ang Lungsod ng karagdagang buwis sa negosyo at lumikha ng nakatuong pondo para masuportahan ang mga serbisyo sa homeless na tao at pigilan ang kawalan ng tahanan, kasama na ang isang buwis na 0.175% hanggang 0.69% sa gross receipts (buwis sa kabuuang kita) na mahigit \$50 milyong nakukuha ng negosyo sa San Francisco, at isa pang buwis na 1.5% sa ilang gastos sa payroll (pasahod) ng mga administratibong opisina sa San Francisco, at sa gayon, makokolekta ng tinatayang \$250–300 milyon sa pinagsamang kita sa buwis taon-taon, at kung saan, walang petsa ng pagtatapos para sa mga buwis na ito?

OO ← 
HINDI ← 

Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Kung Ano Ito Ngayon: Nangongolekta ang Lungsod ng buwis sa gross receipts mula sa maraming negosyo na may mga operasyon sa San Francisco. Kasalukuyang nasa 0.16 porsiyento hanggang 0.65 porsiyento ang pinakamataas na porsiyento ng buwis sa gross receipts.

Ang ilang negosyo na mahigit sa \$1 bilyon ang gross receipts, 1,000 ang empleyado sa kabuuan ng bansa, at may mga administratibong opisina sa San Francisco, ay nagbabayad ng buwis para sa administratibong opisina batay sa kanilang payroll, sa halip na sa gross receipts. Para sa mga negosyong ito, 1.4 porsiyento ng kanilang gastos sa payroll ang porsiyento ng buwis.

Hindi sakop ng mga buwis na ito ang ilang negosyo, kasama na ang ilang nonprofit na organisasyon, bangko at kompanya ng seguro.

Nangangailangan ng pag-apruba ng botante ng San Francisco ang pagtataas ng limitasyon sa paggasta sa kita mula sa buwis.

Ang Mungkahi: Magpapatay ang Proposisyon C ng karagdagang buwis sa negosyo na:

- Para sa mga negosyong nagbabayad ng buwis sa mga gross receipt, karagdagang buwis na 0.175 porsiyento hanggang 0.069 porsiyento sa mga gross revenue sa San Francisco na mahigit \$50 milyon;
- Para sa mga negosyong nagbabayad ng buwis para sa administratibong opisina, karagdagang buwis na 1.5 porsiyento ng kanilang gastos sa payroll sa San Francisco.

Hindi ipapataw ang karagdagang mga buwis na ito sa:

- Ilang organisasyong nonprofit at negosyong hindi saklaw ng lokal na pagbubuwis, tulad ng mga bangko at kompanya ng seguro;
- Mga kita na hindi saklaw ng buwis sa mga gross receipt; at
- Mga kita mula sa komersiyal na pagpapauapa na pinapatawan ng Early Care and Education Commercial Rents Tax (Buwis sa Komersiyal na Pagpapauapa para sa Maagang Pangangalaga at Edukasyon) ng Lungsod.

Idedeposito ng Proposisyon C ang karagdagang kita mula sa buwis na ito sa nakatuong pondo para sa paglilingkod sa mga taong homeless o walang tahanan at pag-iwas sa homelessness o kawalan ng tahanan. Pagpapasyahan ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) sa bawat piskal na taon kung paano ipamamahagi ang karagdagang mga pondo mula sa mga bagong buwis na ito, na may ganitong mga limitasyon:

- Hindi bababa sa 50 porsiyento upang matiyak ang permanenteng pabahay para sa mga taong homeless;
- Hindi bababa sa 25 porsiyento para sa mga serbisyo sa kalusugan ng isip, na espesipikong dinisenyo para sa mga taong homeless na may mga malalalang problema sa behavioral health o kalusugan ng pag-uugali;
- Hanggang sa 15 porsiyento para sa mga serbisyo sa mga tao na naging homeless kamakailan lang o nanganganib na maging homeless; at
- Hanggang sa 10 porsiyento para matiyak ang pagkakaroon ng pansamantalang shelter o matutuluyan at pag-access sa mga programang hygiene o kalinisang pangkalusugan para sa mga taong walang tahanan.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50% + 1 na botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 56.

Pamamahalaan ang pondo ng Mayor at ng Board of Supervisors. Susubaybayan ng tagapayong komite ang pondo.

Tataasan ng Proposisyon C ang limitasyon sa paggasta ng Lungsod sa taunang kita mula sa buwis, nang hanggang sa apat na taon.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “OO”: Kapag bumoto kayo ng “oo,” gusto ninyong magpataw ng karagdagang mga buwis sa negosyo at lumikha ng nakatuong pondo para masuportahan ang mga serbisyo sa homeless na tao at pigilan ang kawalan ng tahanan.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “HINDI”: Kapag bumoto kayo ng “hindi,” hindi ninyo inaaprubahan ang karagdagang mga buwis sa negosyo na ito.

Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) Tungkol sa “C”

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon C:

Sa aking opinyon, kapag inaprubahan ang panukalang-batas ng mga botante, magbubunsod ito ng pagkakaroon ng bagong kita mula sa buwis na humigit-kumulang \$250 milyon hanggang sa \$300 milyon taon-taon, simula sa 2019. Nakatuon ang mungkahing buwis sa nabigyan na ng depinisyon na mga serbisyo para sa homeless, kasama na ang mga serbisyo sa pabahay, shelter, pag-iwas, at kalusugan ng isip.

Sa kasalukuyan, nagtatasa ang Lungsod ng buwis sa negosyo sa humigit-kumulang 13,000 kompanya sa lungsod, at nakabatay ang karamihan sa mga ito sa naibigay na gross receipts ng kompanya. Inaasahang makakalap ang kasalukuyang buwis na ito ng humigit-kumulang \$880 milyon sa piskal na taon (FY) 2018–19 para sa General Fund (Pangkalahatang Pondo) ng Lungsod. Magtatakdang ang mungkahing ordinansa ng karagdagang nakatuon na buwis sa gross receipts para sa humigit-kumulang 300 hanggang 400 na mga negosyong ito, sa porsiyentong nasa pagitan ng 0.175 porsiyento at 0.69 porsiyento ng gross receipts na mas mataas sa \$50 milyon, depende sa uri ng negosyo. Mga negosyong masasakop ng mungkahing buwis ang kasalukuyang bumubuo sa humigit-kumulang 15 hanggang 20 porsiyento ng mga batayang pinagkukunan ng trabaho sa lungsod, at nagbabayad ang mga ito ng humigit-kumulang sa 40 porsiyento ng mga buwis sa negosyo ng lungsod.

Idedeposito ang makakalap na kita sa Our City, Our Home Fund (Pondong Ating Lungsod, Ating Tahanan) na gagamitin para sa mga espesipikong serbisyo sa homeless. Ang mga programang pabahay, kasama na ang mga subsidyo para sa pag-upang pang-maikling panahon, permanent supportive housing (perma-

nenteng pabahay na nagbibigay ng suporta), at permanenteng subsidyo sa upa ay paglalaanan ng hindi bababa sa 50 porsiyento ng mga gastos, o \$125–150 milyon taon-taon. Tatanggap ang pang-maikling panahon na residensiyal na shelter at programa para sa hygiene ng hanggang sa 10 porsiyento, o \$25–30 milyon taon-taon. Tatanggap ang mga programa para sa pag-iwas ng mga nasa panganib na maging homeless, o naging homeless kamakailan, ng hanggang sa 15 porsiyento, o \$38–45 milyon taon-taon. Panghuli, paglalaanan ang mga serbisyo sa kalusugan ng isip, na para sa mga indibidwal na homeless, ng hindi bababa sa 25 porsiyento, o \$63–75 milyon taon-taon. Noong FY 2017–18, naglaan ang Lungsod ng humigit-kumulang \$380 milyon para sa katulad na mga serbisyo.

Nililikha rin ng panukalang-batas ang Oversight Committee (Komite para sa Pamamahala) na Our City, Our Home upang masubaybayan ang administrasyon ng espesyal na pondo, at gumawa ng mga rekomendasyon sa Board of Supervisors at Opisina ng Mayor, at nang matiyak na pinamamahalaan ang pondo nang naaayon sa mungkahing ordinansa.

Kung Paano Napunta sa Balota ang “C”

Noong Hulyo 16, 2018, nagbigay ng sertipikasyon ang Department of Elections (Departamento ng mga Eleksiyon) na mayroon nang sapat na bilang ng katanggap-tanggap na mga lagda ang inisyatibang petisyon na humihiling na mailagay ang Proposition C sa balota, upang maging kuwalipikado ang panukalang-batas para sa balota.

Itinatakda ang pagkakaroon ng 9,485 lagda upang mailagay ang isang inisyatibang ordinansa sa balota. Katumbas ang numerong ito ng 5% ng kabuuang bilang ng mga tao na bumoto para sa Mayor noong 2015. Ipinapakita ng random check o ala-suwerteng pagsusuri sa mga lagdang isinumite ng mga nagmungkahi ng inisyatibang petisyon bago ang huling araw ng pagsusumite na Hulyo 9, 2018 na mas malaki ang kabuuang bilang ng katanggap-tanggap na lagda kaysa sa itinatakdang kailangan na bilang.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50% + 1 na botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 56.



Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon C

Ang Proposisyon C ang susi sa paglutas sa homelessness o kawalan ng tahanan sa San Francisco ngayon.

Nilikha ang mapangahas na planong ito ng mga taong nasa unahan ng krisis sa pagiging homeless o walang tahanan at abot-kayang pabahay. Isa itong totoong solusyon – hindi lamang dagdag na window dressing o palamuting solusyon ng City Hall.

Ibabalik sa atin ng Prop C ang San Francisco na mahal natin: kung saan pinangangalagaan ang mga taong homeless, kasama na ang mga may kapansanan, mga pamilya at may sakit sa isip – at kung saan *lahat* tayo ay makapaglalakad nang ligtas at may seguridad sa isang malinis at may dignidad na lungsod.

Nagsisimula ito sa paghiling sa pinakamalalaking korporasyon ng lungsod – *hindi sa regular na mga taga-San Francisco* – na magbayad ng karagdagang buwis upang pondohan ang mga serbisyong ito. Kayang-kayang magbayad ng mas malaki ng mga nasa itaas na 1% na mga kompanyang ito, na nagbabayad mula sa kita ng mahigit \$50 milyon kada taon, at kung saan marami sa kanila ang katatanggap pa lamang ng malaking pagkakatipid sa buwis mula kay Donald Trump.

Pagkatapos, itinutuon nito nang direkta ang pondo tungo sa pagtatayo ng permanenteng mga abot-kayang pabahay, pagpigil sa mga pagpapalis, paggamot para sa kalusugan ng isip at paggamit ng droga at iba pang sangkap, mga programa para sa kalinisan ng katawan, at mga shelter o matutuluyan. HINDI PUWEDENG gamitin ang perang ito ng mga politiko ng CITY HALL para sa anumang iba pang layunin.

Ang Proposisyon C ay:

- Magpoprotekta sa **7,000** taga-San Francisco mula sa pagkawala ng kanilang tahanan
- Maglilipat sa mahigit **4,000** kabahayan mula sa lansangan tungo sa abot-kayang bahay

- Magkakaloob ng masinsinang pangangalaga para sa kalusugan ng isip at naka-base sa kalyeng pangangalaga para sa pang-aabuso na droga at iba pang sangkap sa mahigit **4,000** indibidwal na malubhang naaapektuhan
- Magpopondo sa mga banyo at sentrong pansanitasyon sa kabuuan ng lungsod.
- Magbibigay sa **1,000** kataong nasa wait list (listahan ng naghihintay mabigyan ng serbisyo) para sa shelter gabi-gabi, ng matutulugan na wala sa lansangan
- Magbabalik sa malilinis, ligtas, at magagandang kalye na siyang karapat-dapat sa mga taga-San Francisco

Ang Proposisyon C ang ating huli at pinakamagandang pagkakataon upang harapin ang kawalan ng tahanan, tugunan ang krisis sa pagiging abot-kaya ng pabahay, at protektahan ang lungsod na mahal natin.

Napipinsala ng krisis sa kawalan ng tahanan ang lahat sa atin.

Pakisamahan kami at bumoto ng Oo sa C.

Affordable Housing Alliance (Alyansa para sa Abot-kayang Pabahay)
Coalition for San Francisco Neighborhoods (Koalisyon para sa mga Komunidad ng San Francisco)

Mental Health Association of San Francisco (Asosasyon para sa Kalusugan ng Isip ng San Francisco)

United Educators of San Francisco (Nagkakaisang mga Edukador sa San Francisco)

Chinatown Community Development Center (Sentro para sa Pagpapaulad ng Komunidad ng Chinatown)

GLIDE Foundation

San Francisco Tenants Union (Unyon ng mga Nangungupahan sa San Francisco)

SEIU 1021

Coalition on Homelessness (Koalisyon sa Kawalan ng Tahanan)

Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon C

Sumasang-ayon ang lahat na isang krisis ang homelessness o kawalan ng tahanan, at naniniwala ang lahat na kailangan natin ng mga bagong ideya, mas mahusay na plano, at batayang mga reporma kung paano tayo naghahatid ng serbisyo.

Ang malungkot dito, hindi nagtataglay ang Prop C ng alinman sa mga ito.

Gumagasta na ang San Francisco ng \$382 milyon kada taon para sa mga programa sa kawalan ng tahanan – nang hindi pa natin nabibilang ang bahagi ng mga badyet ng pulisya, sunog, at kalusugan ng San Francisco na nakatuon sa pagharap sa mga epekto ng kawalan ng tahanan. Gagasta ang Prop C ng karagdagang \$300 milyon kada taon.

Naka-garantiya nang set-aside (isinasantabing halaga) na \$682 milyon kada taon iyan.

Kung ihahambing:

- Tumatanggap ang Department of Children Youth and Families (Departamento ng mga Bata, Kabataan at Pamilya) ng \$46 milyon taon-taon
- Mga Parke: \$77 milyon
- Mga Aklatan: \$84 milyon
- Muni: \$387 milyon

Kapag bumoto kayo ng Oo sa Prop C, pipirmi na ninyo ang \$682 milyon – na halos kasinlaki ng taunang pinagsamang badyet ng pulisya at ng para sa sunog o ang kabuuang gastos ng sistema para sa pampublikong kalusugan ng lungsod – nang walang detalyadong plano, walang reporma, at walang itinatakda sa pagganap.

Sinasabi ng mga may-panukala na huwag mag-alala dahil ang “malalaking korporasyon” ang magbabayad. Gayon pa man, sinasabi mismo ng pagsusuri ng lungsod na tatatamaan ng buwis ang mga negosyo na bumubuo sa 40 porsiyento ng batayang buwis ng lungsod at maaapektuhan ang mga trabahong pang-middle-class o panggitnang uri.

Sinulat ang Prop C ng Coalition on Homelessness (Koalisyon sa Kawalan ng Tahanan) at iba pang ahensiya na tatanggap ng milyon-milyong pondo mula sa panukalang-batas.

Nagkakaloob ang karamihan sa mga ahensiyang ito ng mahahalagang serbisyo, pero anumang proposisyon na walang batayang mga reporma, detalyadong plano, at mahihigpit na hakbang para sa pagpapanagot, ay malaking halaga lamang ng matatanggap na pera para sa kanila, at hindi solusyon sa krisis.

Bumoto ng HINDI sa Prop C.

Gwendolyn Kaplan, Lider para sa Maliliit na Negosyo

*Henry Karnilowicz, Presidente ng San Francisco Council of District Merchants Associations (Konseho ng mga Mangangalakal ng Distrito ng San Francisco)**

Hotel Council of San Francisco (Konseho ng mga Hotel ng San Francisco)

Hispanic Chambers of Commerce of San Francisco (Hispanikong Konseho ng mga Mangangalakal ng San Francisco)

Chinatown Merchants Association (Asosasyon ng mga Mangangalakal sa Chinatown)

*Para lamang sa identipikasyon; pumipirma ang awtor bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng organisasyon.

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon C

Bumoto ng HINDI sa Proposisyon C. Gumagasta na ang San Francisco ng mahigit sa \$382 milyon kada taon sa kawalan ng tahanan nang kakaunti ang pagpapanagot at hindi mahuhusay ang resulta.

Gumagasta na ang gobyerno ng lungsod ng San Francisco ng mas malaki per capita o kada tao – \$12,551 kada tao – na higit pa kaysa sa anumang malaking lungsod sa Amerika, upang tugunan ang kawalan ng tahanan. Pero mahirap ibigay ang argumento na nakakukuha ang mga taga-San Francisco ng mabuting kapalit, o katanggap-tanggap na resulta, para sa nagastos na halaga.

Iyan ang dahilan kung bakit napakasamang ideya ng Prop C. Ipinapanukala nito ang pinakamalaking pagtaas ng buwis sa kasaysayan ng San Francisco – \$300 milyon kada taon – nang walang plano para sa paggasta ng pera, o mga hakbang sa pagpapanagot sa dose-dosenang ahensiya na tatanggap ng pondo.

Nasabi na ng homelessness czar (pinunong tagapag-ugnay para sa kawalan ng tahanan) ng Lungsod, na bagamat ginagawa nila ang “trabaho ng Diyos,” mayroong duplikasyon ng mga serbisyo at kakulangan ng pagpapanagot sa mahigit sa 70 ahensiyang kasalukuyang nagkaka-loob ng mga serbisyo para sa homeless mula sa pagkakakontrata ng lungsod. Kung, gaya nga ng sinabi ni Einstein, “ang depinisyon ng kabalihan ay ang paggawa ng parehong bagay at pag-asa ng ibang resulta,” hindi maingat na nag-iisip ang mga botante kung iboboto nila ang Prop C at aasa na magkakaroon ng pagbabago.

Malala pa rito, sinasabi ng sariling pagsusuri ng Lungsod sa Prop C na ginawa ng Office of Economic and Workforce Development (Opisina para sa Pagpapaunlad ng Ekonomiya at mga Manggagawa) na malamang na mawala ang marami sa mga trabahong pang-middle class sa pagbebenta at pagmamangupaktura sa kabuuan ng lungsod.

Kawalan ng tahanan ang pinakamalaking problema na hinaharap ng San Francisco, pero hindi ito maaayos kailanman nang walang inobati-bong plano at reporma sa kasalukuyang sistema – at wala ni isa man sa mga ito ang Prop C.

Mayroong natatanging oportunidad ang ating bagong hinalal na Mayor, na si London Breed, upang ipagkaisa ang lungsod, at nang magkaroon ng planong nakabatay sa consensus o mapagkakasunduan at iharap ito sa mga botante kung nangangailangan ng mas malaking pera. Hanggang sa mangyari ito, samahan ang Presidente ng San Francisco Council of District Merchants (Konseho ng mga Mangangalakal ng Distrito ng San Francisco) Henry Karnilowicz*, ang Lider ng Maliliit na Negosyo Gwen Kaplan, ang Dating Tagapangulo ng San Francisco Democratic Party (Partidong Demokratiko) Mary Jung, ang San Francisco Chamber of Commerce, ang San Francisco Committee on Jobs (Komite ng San Francisco para sa mga Trabaho), ang Building Owners and Managers Association of San Francisco (Asosasyon ng mga May-ari at Tagapamahala ng mga Gusali) at si Superbisor Katy Tang at bumoto ng HINDI sa Prop C.

*Inilista ang titulo para lamang sa layunin ng identipikasyon

John Bozeman, Building Owners and Managers Association of San Francisco (Asosasyon ng mga May-ari at Tagapamahala ng mga Gusali)

Sagot sa Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon C

Mapangahas na plano ang Prop C upang harapin ang ating krisis sa kawalan ng tahanan, sa pamamagitan ng pagpopondo ng maliit na buwis sa pinakamalalaking korporasyon ng San Francisco.

Ang mga korporasyon ding ito – na ang karamihan ay tumanggap ng bilyon-bilyong pagkabawas sa buwis mula kay Donald Trump – ang siya ngayong namumuno sa oposisyon sa Prop C. **Huwag paloko.**

Napipinsala ng krisis sa kawalan ng tahanan ang lahat sa atin. Naranasan na ng bawat taga-San Francisco ang epekto sa mga kalye sa totoong buhay, nang dahil sa krisis sa pabahay, sakit sa isip, at epidemya sa opyo.

Bumabangga sa pader ang pinakamahirap na komunidad ng San Francisco sa tuwing humihingi sila ng tulong. Mayroong mahigit 1,000 katao sa waitlist ng ating mga shelter, at mahigit 7,000 homeless na kabahayan sa waitlist para sa pabahay, samantalang libo-libong taga-San Francisco ang nagiging homeless kada taon, na hindi naman kinakailangang mangyari.

Gayon pa man, sinasabi sa atin ng pinakamalalaking kompanya ng San Francisco na patuloy na magdusa, dahil ayaw nilang magbayad ng maliit na buwis na kalahati ng isang porsiyento sa *kita na mahigit sa 50 milyong dolyar.*

Heto ang facts o mga katunayan:

- Maingat na sinulat ang Prop C ng mga tao na nasa harapan ng krisis sa pagiging homeless – hindi ng City Hall. Nakatuon ito sa mga napatunayan nang resulta.
- Isang pragmatiko at kongkretong panukalang-batas ang Prop C na magbibigay ng tirahan sa **1,000** katao, tutulong sa **7,000** kabahayan na maiwasan ang kawalan ng tahanan, at lilikha ng **4,000** bagong tahanan na may pangangalagang nagbibigay ng suporta.

- Babaguhin ng Prop C ang ating sistema para sa paggamot ng kalusugan ng isip at pang-aabuso sa droga, para magkaloob ng pangangalaga na wala tayo ngayon.
- Magkaloob ang Prop C ng mga banyo sa kabuuan ng lungsod upang manatiling may sanitasyon at malinis ang ating mga kalye.

Hindi na makapaghihintay pa ang San Francisco. Kailangan na natin ng aksiyon ngayon. Pakisamahan kami sa pagharap sa krisis na ito sa kabuuan ng lungsod at bumoto ng OO sa C.

Affordable Housing Alliance
Coalition for San Francisco Neighborhoods (Koalisyon para sa mga Komunidad ng San Francisco)
National Alliance on Mental Illness (Pambansang Alyansa sa Sakit sa Isip), San Francisco
Sierra Club
United Educators of San Francisco (Nagkakaisang mga Edukador sa San Francisco)
SEIU 1021
GLIDE Foundation
San Francisco Tenants Union (Unyon ng mga Nangungupahan sa San Francisco)
Coalition on Homelessness, San Francisco (Koalisyon sa Kawalan ng Tahanan)

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



D

Karagdagang Buwis sa mga Negosyo ng Cannabis; Pagpapalawak sa mga Negosyong Pinapatawan ng Buwis sa Negosyo

Dapat bang magpataw ang Lungsod ng mga bagong buwis sa negosyo ng cannabis simula sa 2021, na may mga porsiyentong mula 1% hanggang 5% sa gross receipts sa negosyo ng cannabis sa San Francisco, kung saan puwedeng babaan ang mga porsiyentong ito ng Board of Supervisors, o taasan nang hanggang sa 7%; at dapat bang patawan ng Lungsod ang marami sa mga buwis sa negosyo nito sa negosyong mahigit sa \$500,000 ang gross receipts sa San Francisco pero walang pisikal na presensiya rito; at sa gayon, makakokolekta ng tinatayang \$2–4 milyon taon-taon sa pinagsamang mga kita sa buwis sa 2019 at 2020, at tinatayang \$7–16 milyon taon-taon simula sa 2021, at kung saan walang petsa ng pagtatapos para sa mga bagong ipinapataw at ipinatutupad na buwis na ito?

OO ←  
HINDI ←  

Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Kung Ano Ito Ngayon: Nangongolekta ang Lungsod ng buwis sa gross receipts mula sa maraming negosyo na may operasyon sa San Francisco. Kasalukuyang nasa 0.075 porsiyento hanggang 0.65 porsiyento ang kasalukuyang porsiyento ng buwis sa gross receipts. Pinapatawan ang mga negosyo ng cannabis ng buwis sa gross receipts.

Sa pangkalahatan, hindi saklaw ng buwis sa mga gross receipt ang negosyong may kabuuang gross na kita na \$1 milyon o mas mababa pa rito sa San Francisco. May ilan ding iba pang negosyo na hindi saklaw, kasama na ang ilang organisasyong non-profit, bangko at kompanya ng seguro.

Nangongolekta ang Lungsod ng gross receipts at iba pang buwis sa mga negosyong tumutugon sa mga natukoy na mga kondisyong kaugnay ng mga gawain sa loob ng San Francisco.

Nangangailangan ng pag-apruba ng botante ng San Francisco ang pagtataas ng limitasyon sa paggasta sa kita mula sa buwis.

Ang Mungkahi: Simula sa Enero 1, 2021, magpapataw na ang Proposisyon D ng bagong buwis sa mga gross receipt ng negosyo ng cannabis na:

- 2.5 porsiyento ng unang \$1 milyon ng mga gross revenue (kabuuang kita) mula sa pagbebenta sa tindahan ng mga produkto ng cannabis;
- 5 porsiyento ng mga gross revenue na mahigit \$1 milyon mula sa pagbebenta sa tindahan ng mga produkto ng cannabis;

- 1 porsiyento sa unang \$1 milyon ng mga gross revenue mula sa mga gawain ng cannabis na negosyo, na bukod pa sa pagbebenta sa tindahan ng mga produkto ng cannabis; at
- 1.5 porsiyento ng mga gross revenue na mahigit \$1 milyon mula sa mga gawain ng cannabis na negosyo, na bukod pa sa pagbebenta sa tindahan ng mga produkto ng cannabis.

Hindi ipapataw ang karagdagang mga buwis na ito sa:

- Mga kita mula sa pagbebenta sa tindahan ng cannabis na ginagamit bilang gamot;
- Unang \$500,000 ng mga gross revenue;
- Mga kita mula sa ilang gawain na hindi direktang kaugnay ng mga negosyo ng cannabis; o
- Ilang negosyo na hindi saklaw ng buwis sa mga gross receipt ng Lungsod, kagaya ng ilang organisasyong non-profit.

Puwedeng babaan o taasan ng Board of Supervisors ang porsiyento ng buwis, nang hanggang sa pinakamataas nang porsiyento na 7 porsiyento sa bawat kategorya. Sa pamamagitan ng two-thirds (dalawa sa tatlong bahagi) na pagboto ng Board, puwedeng taasan nang hanggang sa 1 porsiyento kada taon ang buwis sa anumang kategorya.

Mapupunta ang mga kita mula sa karagdagang buwis na ito sa General Fund (Pangkalahatang Pondo) na puwedeng gamitin ng Lungsod para sa anumang pampublikong layunin.

Tataasan ng Proposisyon D ang limitasyon sa paggasta ng Lungsod sa taunang kita mula sa buwis, nang hanggang sa apat na taon.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50% + 1 na botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 56.

Bukod rito, simula Enero 1, 2019, babaguhin na ng Proposisyon D ang kodigo sa buwis ng Lungsod, at nang maipataw ang marami sa mga buwis sa negosyo ng Lungsod sa ilang negosyo na tumatanggap ng mahigit sa \$500,000 na gross revenue sa San Francisco, at walang pisikal na presensiya sa Lungsod.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “OO”: Kapag bumoto kayo ng “oo,” gusto ninyong:

- Magpataw ng bagong buwis sa negosyo ng cannabis; at
- Ipataw ang marami sa mga buwis sa negosyo ng Lungsod sa ilang negosyo na walang pisikal na presensiya sa Lungsod.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “HINDI”: Kapag bumoto kayo ng “hindi,” hindi ninyo inaaprubahan ang mga buwis at modipikasyong ito.

Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) Tungkol sa “D”

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon D:

Sa aking opinyon, kapag inaprubahan ang ordinansang ito, magresulta ito sa pagtaas ng kita sa buwis ng Lungsod nang tinatayang \$2–4 milyon sa 2019, na lalaki sa \$7–16 milyon taon-taon, simula sa 2021. Pangkalahatang buwis ang buwis na ito at idedeposito ang mga kita sa General Fund.

Amyendahan ng panukalang-batas na ito ang Business Tax and Regulations Code (Kodigo sa Buwis sa Negosyo at mga Regulasyon) ng Lungsod, upang patawan ang negosyo ng cannabis ng porsiyento ng buwis na nasa pagitan ng isang porsiyento at limang porsiyento, depende sa uri ng gawain sa negosyo ng cannabis at halaga ng mga gross receipt ng negosyo, simula sa Enero 1, 2021. Bukod rito, hindi isasama ng panukalang-batas ang unang \$500,000 ng mga gross receipt, at hindi rin isasama ang pagbebenta sa tindahan ng cannabis na para sa paggamot. Puwedeng iayon ang porsiyento ng buwis sa pagitan ng zero porsiyento at pitong porsiyento, sa anumang panahon, sa pamamagitan ng two-thirds na boto ng Board of Supervisors, pero hindi puwedeng taasan ang porsiyento nang mahigit sa 1 porsiyento taon-taon. Tinatayang makakalapa ang bahagi ng ordinansang ito ng \$5–12 milyon taon-taon, simula sa 2021.

Bukod rito, pahihintulutan ng ordinansa ang Lungsod na patawan ng buwis ang mga negosyong walang pisikal na presensiya rito, basta’t lampas sa \$500,000 taon-taon ang mga benta ng mga negosyo ito. Nakabatay ang mga implikasyon sa kita ng probisyon na ito sa direktang pagtanggap ng mga lokal na wholesaler, tindahan, at konsumer sa mga shipment o pagpapa-

dala mula sa hindi lokal na negosyo, kung ihahambing sa pagpapadala sa pamamagitan ng iba pang distributor o tagapamahagi na pinapatawan na ng buwis sa negosyo. Sa kasalukuyan, halos hindi pa ito nangyayari sa Lungsod. Tinataya namin ang pang-maiksing panahon na kita na \$2 hanggang 4 milyon taon-taon bilang resulta ng pagbabagong ito, na may potensiyal para sa malaking karagdang kita sa buwis, depende sa kabuuang benta mula sa mga bagong itinatakdang negosyo na tagabayad ng buwis. Para sa bawat karagdang \$1 bilyon sa gayong pagbebenta, tataas ang kita ng Lungsod nang humigit-kumulang sa \$1.5 milyon.

Kung Paano Napunta sa Balota ang “D”

Noong Hulyo 31, 2018, bumoto ang Board of Supervisors ng 8 sa 3 upang mailagay ang Proposisyon D sa balota. Bumoto ang mga Superbisor ayon sa sumusunod:

Oo: Brown, Cohen, Fewer, Peskin, Safai, Stefani, Tang, Yee.

Hindi: Kim, Mandelman, Ronen.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50% + 1 na botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 56.



Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon D

Ang Prop D ay makatarungan at nakabatay sa datos na pagbu-buwis sa mga negosyo ng cannabis na malaki ang kita, at nang matiyak na nagbabayad sila ng kanilang makatwirang bahagi sa pagtatayo ng isang industriyang responsable at inklusibo.

Noong 2016, bumoto ang California upang maging legal ang cannabis at pahintulutan ang mga lungsod na gaya ng San Francisco na buwisang ang mga kaugnay na negosyo.

Ang San Francisco ang huling malaking lungsod sa California na nagpasa ng buwis sa cannabis.

Mula sa mga natutunan sa karanasan ng iba pang lungsod, nakipagtrabaho ang San Francisco sa malawak na hanay ng mga komunidad at may interes sa industriya upang makapagdisenyo ng makatarungang istruktura ng pagbubuwis.

Maipagmamalaki ng buong komunidad ang pangwakas na naging resulta. Naka-istruktura ang Prop D upang mapanatiling abot-kaya ang halaga ng cannabis, mabigyan ng insentibo ang mga lokal na negosyong nagmamanupaktura nito, masuportahan ang mga start-up o nagsisimulang negosyo na papasok pa lamang sa merkado, makapagkaloob ng pagsusuri ng industriya batay sa mga datos, at mailagay ang mga negosyong Equity (para sa katarungan) sa kapantay na katayuan.

Pahihintulutan ng Prop D, na inaasahang makakokolekta ng ~\$10 Milyon kada taon, ang pagbibigay ng kontribusyon ng mga negosyo ng cannabis na pinakamalalaki ang kita sa:

- Edukasyon ukol sa mga epekto ng cannabis
- Mga programang compassion o pagpapamalasakit para sa pasyenteng mababa ang kita

- Mga programang equity o katarungan sa pagkapantay-pantay para sa may-ari ng negosyo na napipinsala nang dahil sa labis-labis na mga polisiya
- Pagsasanay at edukasyon para sa bagong mga nagtatrabaho sa negosyo ng cannabis
- Pagpapatupad ng mga batas ng lungsod ukol sa pagpapahintulot ng cannabis

Hindi tayo dapat mag-iwan ng milyon-milyong dolyar sa mesa na posible namang makapagpondo sa mahahalagang resources o mapagkukunan sa ating komunidad.

Espesipikong ineendorso ang Prop D nina/ng:

Superbisor Malia Cohen
Superbisor Norman Yee
Superbisor Katy Tang
Superbisor Catherine Stefani
Superbisor Vallie Brown

Bumoto ng Oo sa Proposisyon D – Edukasyon, Pag-access, at Katarungan ukol sa Cannabis

Superbisor Malia Cohen
Superbisor Norman Yee
Superbisor Katy Tang
Superbisor Catherine Stefani
Superbisor Vallie Brown

Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon D

Mahaba at mahirap ang naging paglaban natin upang maging legal ang marijuana. Nasabik ang mga konsumer nang sa wakas, nagbukas na ang mga dispensary o nagbebenta ng gamot sa San Francisco para sa legal at panlibangang produkto na ligtas, nasubok na, at may kontrol ang kalidad. Gayon pa man, posibleng masira ito ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor), na siyang nagsumite ng Proposisyon D, bago pa man magkaroon ito ng pagkakataon.

Maling inaakala ng Board of Supervisors na napakamatagumpay ng mga negosyo ng cannabis, at napag-aalaman natin na marami sa kabuuan ng California ang sa katunayan, ay nahihirapan nang dahil sa maliliit na kita. Dahil dito, sa katunayan ay binababaan ng maraming lungsod ang mga buwis sa cannabis.

Sinasabi ng Board of Supervisors na kailangang bayaran ng mga negosyo sa cannabis ang kanilang makatarungang bahagi, pero nagbabayad na ang mga ito ng buwis sa negosyo, at nagbabayad din ng itinatakadang payroll tax (buwis na ipinapataw sa nag-eempleyo at empleyado) at ng buwis sa kita- iyan ang kanilang makatarungang bahagi. Hindi na makatarungan at abusado na, sa madaling salita, ang pagdaragdag ng panukalang buwis na bukod pa sa mga buwis na ito!

Kapag naipasa ang buwis na ito, haharap ang mga konsumer ng mas mataas pang presyo ng cannabis kaysa sa ngayon; may panganib na mawala sa San Francisco ang legal at ligtas na panlibangang marijuana, at sa halip, magbunsod ng paglaki ng ilegal na merkado ng cannabis. Tiyak na hindi natin ikararantal iyan.

Itatakda ng pagkakasulat ng Proposisyon D na mapupunta ang kita mula sa buwis sa General Fund (Pangkalahatang Pondo) ng lungsod, na walang espesipikong kontribusyon sa edukasyon, sa pagsasanay, o ni sa pagpapatupad. Pero inililihis tayo ng Board of Supervisors, at iba ang sinasabi nila sa atin. Hindi ba't gusto sana ninyong bigyan na lang tayong mga botante ng tamang impormasyon ng mga burokrata ng San Francisco? Papanagutin natin sila at bumoto tayo ng HINDI sa Prop D. Nararapat lamang na magkaroon tayo ng tapat na paggabay upang magkaroon tayo ng mabuting pakiramdam tungkol sa ating desisyon pagdating ng Araw ng Eleksyon.

Alamin pa ang tungkol dito sa at www.richiegreenberg.com.

Richie Greenberg

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon D

Anuman ang sukatan, kulang sa pag-intindi sa hinaharap ang Proposisyon D, at mapipinsala nito ang mga negosyong may kaugnayan sa cannabis nang dahil sa mas mataas na gastusin, kung kaya't mawawalan sila ng negosyo, at maitutulak ang mga konsumer pabalik sa pagbili ng marijuana sa ilegal na merkado, kung saan mas kaunti ang pagsubok sa produkto at mas mababa ang kalidad. Kapag naaprubahan ito, walang mapagsisilbihan na kapaki-pakinabang na layuning pampubliko ang karagdagang buwis na ito. Sakim na pagkamkam ng pera lamang ito ng City Hall. Mapupunta ang mga kita sa buwis, hindi sa pagpopondo ng edukasyon o sa mga programa para sa rehabilitasyon, kundi sa General Fund, na palagi nang lumalawak at walang pananagutang burukrasya ng Lungsod. Magsabi ng hindi sa Proposisyon D. Panatiliing ligtas at legal ang pagkonsumo.

Richie Greenberg

Sagot sa Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon D

Nilikha ang Proposisyon D nang kasama ang opinyon ng mga edukador, may-ari ng negosyo, pasyente, at tagapagtupad ng mga regulasyon. Makatarungang paraan ang batas upang panatiliing may pananagutan ang mga negosyo ng cannabis, samantalang sinusupportahan ang maliliit na negosyo, mga may operasyon para sa equity o katarungan sa pagkakapantay-pantay, at pasyenteng mababa ang kita sa kabuuan ng Lungsod.

Pahihintulutan ng kitang ito na gumamit ang San Francisco ng pamamaraang nakabatay sa mga datos sa pagpapaunlad nito ng responsable, makatarungan, at ligtas na industriya ng cannabis. Sa pamamagitan ng pagdidirekta sa pera sa pangkalahatang pondo, matutugunan ng lungsod ang mga nagbabagong pangangailangan sa pagdaan ng panahon.

Tutulong ang Prop D sa pagbabayad para sa tulong sa mga usaping legal, pag-access o pagkakaroon ng pinansiya, at pagsasanay sa mga manggagawa. Tutulong ito upang makalikha ng mga nagtatrabahong mahusay na nakapagsanay, may panlipunang responsibilidad at naka-union, at nang matiyak na makukuha ng lahat ang mga pakinabang mula sa bagong industriya.

Tutulong ang Prop D sa mas simple at epektibong proseso ng pagkakaroon ng permit, na batay sa kaligtasan, at magbibigay prayoridad sa kaligtasan ng publiko at lilimitahan ang ilegal na merkado.

Mayroong isang pagkakataon ang San Francisco para makapagtayo ng industriyang makatarungan, ligtas, at responsable.

Ineendorso ang Prop D ng San Francisco Equity Group (Pangkat para sa Katarungan sa Pagkakapantay-pantay sa San Francisco).

Bumoto ng Oo sa Proposisyon D – Edukasyon, Pag-access at Katarungan ukol sa Cannabis

Malia Cohen, Presidente, Board of Supervisors

San Francisco Equity Group

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



E

Alokasyon ng Bahagi ng Buwis sa mga Hotel para sa Paggamit sa Sining at Kultura

Dapat bang mamahagi taon-taon ang Lungsod ng hanggang sa 1.5% ng kasalukuyang batayang buwis sa mga hotel para sa espesipikong paggamit sa sining at kultura, nang hindi tinataasan ang kasalukuyang buwis sa mga hotel?

OO ←
HINDI ←

Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Kung Ano Ito Ngayon: Kasalukuyang nagpapataw ang Lungsod ng buwis sa mga hotel para sa pagpapaupa ng mga kuwarto sa hotel. Ang buwis ay 14 porsiyento (na 8 porsiyentong batayang buwis at 6 porsiyentong tax surcharge o karagdagang buwis). Napupunta ang buwis sa General Fund (Pangkalahatang Pondo), at puwedeng ilaan ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) at ng Mayor para sa anumang pampublikong layunin.

Ang Arts Commission (Komisyon sa Sining) ay ahensiya ng Lungsod na tumatanggap ng pera mula sa General Fund. Ang Arts Commission ay:

- Nagpopondo sa mga programa sa sining para sa kabataan, komunidad at edukasyon sa sining;
- Nag-aapruba sa mga disenyo ng mga istrukturang pag-aari ng Lungsod;
- Namamahala sa mga sentrong pangkultura na pag-aari ng Lungsod; at
- Pumipili ng likhang-sining para sa mga gusali at pampublikong espasyo ng Lungsod.

Bukod sa pagpopondo sa Arts Commission, pinatatakbo rin ng Lungsod ang iba pang programa na nagpopondo sa mga organisasyong nonprofit upang masuportahan ang mga gawaing pansining at matulungan ang mga komunidad na mapanatili ang kaniilang natatanging pamanang pangkultura.

Ang Mungkahi: Ipamamahagi ng Proposisyon E ang hanggang sa 1.5 porsiyento ng makakalap na pera mula sa kasalukuyang 8 porsiyentong batayang buwis sa mga hotel para sa mga natukoy na pansining at pangkulturang layunin. Hindi nito babaguhin ang porsiyento ng buwis sa mga hotel na 14 porsiyento.

Sa bawat piskal na taon, itatakda nito sa Lungsod, na gumawa ng distribusyon ng nakatakandang mga dolyar na halaga para sa mga naitalagang pansining at pangkulturang paggamit:

- \$16.3 milyon upang suportahan ang mga organinsasyong nonprofit na pangkultura;
- \$6.4 milyon para sa mga programang kaugnay ng Cultural Equity Endowment (Pagtataguyod ng Katarungan sa Larangan ng Kultura);
- \$3.8 milyon para suportahan ang mga pag-aari ng Lungsod na pangkomunidad na sentrong pangkultura;
- \$3 milyon para suportahan ang mga komunidad na nagtatrabaho para mapanatili ang pamanang kultura sa mga komunidad ng Lungsod; at
- \$2.5 milyon para tugunan ang mga pangangailangan ng komunidad sa sining, ayon sa itatakda ng plano sa alokasyon para sa mga serbisyong pangkultura.

Puwedeng magbago ang mga dolyar na halaga batay sa matatanggap na kita sa buwis.

Pagkatapos magawa ang lahat ng distribusyong ito sa isang piskal na taon, mapupunta ang natitirang bahagi ng mga pondo sa General Fund.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “OO”: Kapag bumoto kayo ng “oo,” gusto ninyong mamahagi ang Lungsod ng hanggang sa 1.5 porsiyento ng kasalukuyang batayang buwis sa mga hotel para sa mga espesipikong pansining at pangkulturang layunin.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “HINDI”: Kapag bumoto kayo ng “hindi,” ayaw ninyong gawin ng Lungsod ang distribusyong ito.

Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) Tungkol sa “E”

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon E:

Sa aking opinyon, kapag inaprubahan ang panukalang pag-amenda ng mga botante, magkakaroon ito ng malaking epekto sa gastos ng gobyerno. Itinutuon ng panukalang batas ang bahagi

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 66 $\frac{2}{3}$ % + 1 na botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 56.



ng kita ng Lungsod mula sa buwis sa mga hotel na kasalukuyang nagagamit para sa anumang pampublikong layunin, tungo sa mga espesipikong serbisyo na pansining at pangkultura. Kapag inilipat ang mga pondo sa mga layuning ito, hindi na magagamit ang mga ito para suportahan ang iba pang paggasta ng Lungsod.

Kasalukuyang nakakokolekta ang buwis sa mga hotel ng humigit-kumulang sa \$370 milyon na puwedeng gamitin para sa anumang pang-gobyernong layunin. Maglalaan ang panukalang pag-amyenda ng humigit-kumulang sa walong porsiyento ng kabuuang kita mula sa buwis sa mga hotel sa mga espesipikong pansining at pangkulturang serbisyo. Kasalukuyang naglalaan ang Lungsod ng kita mula sa General Fund sa maraming katulad na layunin. Kapag inihambing sa kasalukuyang mga antas ng paggasta na ito, na \$22.4 milyon sa piskal na taong (FY) 2017–18, tataas ang pondong nakalaan para sa mga paggamit na natukoy ng pag-amyenda, nang humigit-kumulang \$5 milyon sa FY 2018–19, at tataas nang hanggang humigit-kumulang \$13 milyon sa FY 2021–22.

Kapag inilipat ang mga pondo sa mga layuning ito, hindi na magagamit ang mga ito para suportahan ang iba pang paggasta ng Lungsod. Kasama sa pagbabagong ito ang humigit-kumulang \$5 milyon taon-taon mula sa pangkalahatang discretionary budget (pondong pinagpapasyahan ng mga may-awtoridad) ng Lungsod, at humigit-kumulang \$8 milyon mula sa mga itinatak-dang pagpopondo na ipinasa ng mga botante para sa pampublikong transportasyon, serbisyo sa kabataan, mga aklatan, paaralan at iba pang serbisyo.

Kung Paano Napunta sa Balota ang "E"

Noong Hulyo 31, 2018, bumoto ang Board of Supervisors ng 11 sa 0 upang mailagay ang Proposisyon E sa balota. Bumoto ang mga Superbisor ayon sa sumusunod:

Oo: Brown, Cohen, Fewer, Kim, Mandelman, Peskin, Ronen, Safai, Stefani, Tang, Yee.

Hindi: Wala.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 66²/₃% + 1 na botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 56.



Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon E

Protektahan ang Sining at Kultura nang hindi nagtataas ng buwis. Bumoto ng OO sa E.

Ang sinig at kultura ang puso ng San Francisco. Nakikinabang ang mg bata araw-araw sa hands-on (sila mismo ang gumagawa) na edukasyon sa mga lugar na tulad ng Exploratorium; naghahatid ang mga kilala sa mundo na mga institusyon sa performing arts o sinig ng pagganap, na tulad ng San Francisco Symphony, Ballet at Opera, ng mga programa sa musika, sayaw at wika sa mga paaralan; napanatili ang ating diversity o pagkakaiba-iba, at pamanang kultura sa mga lugar na tulad ng Calle 24, SOMA Pilipinas Filipino Cultural Heritage District at African American Art & Culture Complex; at napalalakas ng maliliit na organisasyon sa sinig at kultura na nasa komunidad at ng mga indibidwal na artista, ang pinaka-istruktura at kasiglahan ng bawat komunidad ng San Francisco.

Gayon pa man, sa pagdaan ng mga taon, lumiit na ang pondo para sa sinig at kultura – kung saan may pagtutuon noon mula sa buwis sa mga hotel. Dahil dito, nahihirapan ang maraming artista, at hindi na kayang magbayad ng mga organisasyong pansinig sa komunidad ng renta sa mga lugar kung saan deka-dekada na silang naroroon, tulad ng Bayview, SoMA, Chinatown at Mission.

Ang pag-Oo sa E ang magpoprotekta at magbabalik sa pondo para sa lahat ng sinig sa San Francisco, nang hindi nagtataas ng anumang buwis, sa pamamagitan ng muling pagtutuon ng 1.5% ng 14% na buwis sa hotel tungo sa sinig. Gagamitin ang pondong ito para sa:

- **Pagdadala ng sinig sa mga bata at paaralan** upang mahikayat sila na maging malikhain, at magkaroon ito ng mga dididendo o magagandang resulta na panghabambuhay.
- **Pagsuporta sa mga Distritong Pangkultura at sinig sa komunidad** upang mayroong sinig at kultura para sa lahat ng taga-San Francisco.

- **Pagpapanatiling malakas sa ating ekonomiya**, dahil nakatutulong ang mga sinig ng San Francisco upang mahikayat ang mga turista na pumunta rito, kung saan nakapag-aambag sila ng 1.7 bilyong dolyar taon-taon sa ekonomiya ng Lungsod.

Pinamumunuan ang Proposisyon E ng San Francisco Arts & Culture Coalition (Koalisyon para sa Sinig at Kultura ng San Francisco) na kumakatawan sa mga organisasyon sa sinig at kultura na nagkakaisa upang maipanumbalik ang puso ng ating lungsod – ang sinig at kultura.

Pakisamahan kami. Bumoto ng Oo sa E.

Mayor London Breed

Superbisor Katy Tang

Superbisor Aaron Peskin

*Tom DeCaigny, Direktor ng mga Gawaing Pangkultura, San Francisco Arts Commission (Komisyon sa Sinig ng San Francisco)**
Hotel Council of San Francisco (Konseho ng mga Hotel ng San Francisco)

United Educators of San Francisco (Nagkakaisang mga Edukador sa San Francisco)

San Francisco Arts Education Project (Proyekto para sa Edukasyon sa Sinig ng San Francisco)

San Franciscans for the Arts (Mga Taga-San Francisco para sa Sinig)

*Para lamang sa identipikasyon; pumipirma ang awtor bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng organisasyon.

Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon E

Hindi tapat ang pahayag na hindi magtataas ng buwis ang panukalang alokasyon ng Prop E, na ituon ang 1.5% ng buwis sa hotel tungo sa sinig at kultura, samantalang gayon din naman ang suma ng gagawin nito -- **babawasan nito ang badyet ng Lungsod sa lahat ng iba pang serbisyo, kung kaya't lilikha ito ng pagdidiin para sa pagtataas ng buwis na pangmaikasing panahon.**

Ang buwis sa kuwarto sa hotel, na ipinakilala noong 1961 na 6%, ay 14% na ngayon. Malaking panghikayat nito ang pagbabayad ng mga taong hindi bumoboto rito. Dahil ibinabayad ito bilang dagdag sa mga buwis na 1.06% hanggang 2.25% sa dalawang distrito sa pagbubuwis kung saan naroroon ang karamihan sa mga hotel ng Lungsod (ang Distrito ng Napalawak nang Moscone at ang Tourism Improvement District o Distrito para sa Pagpapaunlad ng Turismo). Lubusan nang lumaki ang kitang nakokolekta nito sa loob ng mga taon, pero pana-panahon pa rin ito at nakabatay sa mga pinakabagong nangyayari sa negosyo at turismo. **Kung nakahihikayat sa mga bisita ang pagtutuon ng buwis sa hotel tungo sa sinig, may tendensiya namang ilayo sila ng mas matataas na presyo ng hotel.** Kahina-hinala ang anumang pahayag na binabayaran ng alokasyon sa sinig mula sa buwis sa hotel ang sarili nitong mga gastos.

Hindi pang-ekonomiya ang totoong mga usapin dito. Indi-indibidwal ang panlasa sa sinig at palagi itong nagbabago. Itinuring noon na pornograpiya ang “*dejeuner sur l’herbe*” ni Manet, at gayon din ang mga litrato ni Mappleworth. Nagtampok ng mga paghahabla bilang sinig ang mga instalasyon ni Christo sa kabuuan ng US. Hindi itinuring na propaganda sa Tsina ang mga kaisipan ni Chairman Mao.

Opera o hip hop? Dapat bang ang Lungsod ang magkaroon ng huling salita sa pamamagitan ng komisyon nito sa sinig at mga subsidyo? Nakadepende ang masiglang sinig na tinatamasa ng Lungsod ngayon sa mga indibidwal, at hindi sa mga pampublikong opisyal na gumagawa ng mga pagpapasyang ito.

Bumoto ng HINDI sa E.

Libertarian Party of San Francisco (Partidong Libertaryan ng San Francisco)

www.LPSF.org

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon E

Hindi ang suporta para sa sining ang usapin, kundi ang subsidyo ng gobyerno.

Kasalukuyang magagamit ang kita mula sa buwis sa hotel ng San Francisco para sa anumang layunin ng gobyerno. Nagkakaloob ito ng pinakamalaking pagkakataon na mag-iba-iba sa pagbibigay ng alokasyon sa mga pondong ito tungo sa pinakamatataas na prayoridad ng Lungsod sa anumang panahon. Kung gayon, bakit gusto ngayon ng Lungsod na italaga ang malaking bahagi ng mga pondong ito ng mga nagbabayad ng buwis sa sining sa mga susunod na taon?

Mas mataas bang prayoridad ang sining kaysa sa pampublikong transportasyon, mga serbisyo sa kabataan, aklatan, paaralan at iba pang serbisyo? Ang mga ito ang mga bagay sa badyet na sinasabi ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) ng Lungsod na magkakatimbang na mababawasan ng mungkahing alokasyon sa sining.

If it ain't broke, don't fix it (Kung hindi sira, huwag ayusin). Hindi makalilikha ng yumayabong at independiyenteng komunidad ng mga artista ang pagpapahintulot sa mga burukrata na pumili at magpasya kung sino-sinong artista ang popondohan. Ang kailangan lamang nila ay publikong mapagmahal sa sining at sinusupportahan ang paborito nitong mga artista sa pamamagitan ng pagbili ng kani-ang mga likha, pagdalo sa kanilang mga palabas, o pagiging patron ng mga organisasyong pansining na non-profit.

Mapipinsala lamang ng mga subsidyo ng gobyerno ang ating malalaki at masisiglang lugar ng sining. **Ipapalit nila ang pinili ng komite ng gobyerno na paboritong mga proyekto at artista upang pondohan, sa halip na ang mga pinili ng maraming indibidwal.**

Sa pangkalahatan, hindi maayos na gumagana ang mga itinatakda at set-aside (isinasantabing halaga) ng gobyerno. Napamamalagi ang mga alokasyon sa pondo at lumilikha ang mga ito ng pansarling interes sa mga artista na kailangang mangampanya para sa mga ito. Kalahok dito ang mga komiteng gumagawa ng mga grant (tulong pinansiyal), na may pamantayan sa pagpili kung saan hindi maiiwasang mapapaboran ang pulitikal na pagkiling kaysa sa artistiko at popular na panghikayat. Makikita na punong-puno ang kasalukuyang mga isinumiteng grant sa San Francisco ng kawalan ng kalinawan at pagkakaroon ng pahiwatig sa pagpapahalaga sa “mga inisyatiba para sa hustisyang panlipunan” at “cultural equity o kata-rungan sa pagkakapantay sa kultura.”

Posibleng makalikha ang mga subsidyo sa sining ng parehong mga problema na mayroon ang paglulustay at korupsiyon na nakikita sa pagbabangko, merkado ng pabahay, at iba pang larangan, kasama na ang mga bailout o pagliligtas ng mga nagbabayad ng buwis sa mga kompanya, at ang pagpapahina ng dating malalakas na institusyon at komunidad.

Suportahan ang sining! Bumoto ng HINDI sa E.

Libertarian Party of San Francisco (Partidong Libertaryan ng San Francisco)

www.LPSF.org

Sagot sa Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon E

Protektahan ang sining nang hindi nagtataas ng buwis. Bumoto ng Oo sa Prop E.

Palagi nang may ugnay sa pagitan ng Buwis sa Hotel ng San Francisco at ng komunidad sa sining. Nang unang binuo ang Buwis sa Hotel noong 1961, intensiyon na nitong suportahan ang ating mga lokal na artista at organisasyong pansining.

Sa pagdaan ng mga taon, nawala na sa mga sining ng San Francisco ang sampu-sampung milyong dolyar ng pondo habang umaangat ang ating ekonomiya. Dahil dito, naghirap o nagsara ang mga organisasyong pansining, umaalis na ang mga artistang hindi kayang mamuhay sa San Francisco, at nawawala na sa atin ang mga oportunidad na mapalawak ang edukasyon sa sining para sa ating mga anak.

Hindi pagtataas ng buwis ang Proposisyon E. Simpleng ibinabalik lamang ng panukalang ito ang dati na at naaprubahan na ng botante na mga prayoridad para sa pagpopondo mula sa buwis sa hotel, na inilipat ng Lungsod sa ibang layunin sa pagdaan ng mga taon. Muli nitong ginagawan ng alokasyon ang nariyan nang mga dolyar mula sa buwis sa orihinal na layunin ng mga ito- ang sining at kultura- nang walang pagtataas ng buwis.

Kailangang lokal tayong kumilos upang protektahan ang sining. Ipinanukala na ni Presidente Trump ang pagtatanggal sa lahat ng

pederal na pagpopondo sa sining sa kanyang badyet. Panahon na upang kumilos tayo sa lokal upang ipakita ang ating mga progresibong pinahahalagahan at mamuhunan sa ating pinakamaingting na prayoridad.

May dahilan kung bakit nasa Proposisyon E ang halos buong suporta ng mga halal na lider, organisasyong pangkomunidad, taga-pagtaguyod ng abot-kayang pabahay, organisasyon para sa mabuting gobyerno, at mga hotel ng Lungsod na nangongolekta ng buwis.

Ito ay dahil isang paraan na matalino at may pampinansiyang responsibilidad ang Proposisyon E, upang maprotektahan ang ating mga sining sa San Francisco nang hindi nagtataas ng anumang buwis.

Bumoto ng Oo sa Prop E.

Superbisor Katy Tang

Hotel Council of San Francisco

United Educators of San Francisco (Nagkakaisang mga Edukador sa San Francisco)

San Franciscans for the Arts (Mga Taga-San Francisco para sa Sining)

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Mga Madalas Itanong (FAQs)

Sinagot ng Komite para Gawing mas Simple ang Balota

? Sino ang makaboboto?

Mga mamamayan ng U.S., 18 taong gulang o mas matanda pa, na nakarehistrong bumoto sa San Francisco sa o bago sumapit ang deadline ng pagpaparehistro.

? Kailan ang deadline para magparehistrong bumoto o i-update ang impormasyon sa aking rehistrasyon?

Ang deadline ng pagpaparehistro ay Oktubre 22, labinlimang araw bago dumating ang Araw ng Eleksyon. (Hindi umabot sa deadline? Bisitahin ang sfelections.org, "Rehistrasyon para sa mga Espesyal na Kalagayan")

? Kailan at saan ako makaboboto sa Araw ng Eleksyon?

Maaari kayong bumoto sa inyong lugar ng botohan o sa City Hall Voting Center (Sentro ng Botohan sa City Hall) sa Araw ng Eleksyon mula 7 a.m. hanggang 8 p.m. Ang address ng inyong lugar ng botohan ay nasa likod na pabalat ng inyong Pamplet ng Impormasyon para sa Botante. Matatagpuan din ninyo ito sa sfelections.org/pollsite o tumawag sa (415) 554-4310. Ang City Hall Voting Center ay nasa labas ng Room 48.

? Mayroon bang anumang paraan para bumoto bago ang Araw ng Eleksyon?

Opo. Ang inyong mga opsiyon ay ang mga sumusunod:

- **Bumoto sa pamamagitan ng mail (koreo).** Sagutan at i-mail ang Aplikasyon para sa Vote-by-Mail na nakalimbag sa likod na pabalat ng pamplet na ito, kumpletuhin ang aplikasyon online sa sfelections.org/vbm, o tumawag sa (415) 554-4310 para humiling na bumoto sa pamamagitan ng mail. Ipadadala sa inyo ang isang vote-by-mail na balota. Dapat **matanggap** ng Departamento ng mga Eleksyon ang inyong kahilingan sa, o bago sumapit ang Oktubre 30, o
- **Bumoto nang personal** sa City Hall Voting Center, simula sa Oktubre 9 (tingnan ang pahina 5 para sa mga petsa at oras).

? Kapag hindi ako gumamit ng aplikasyon o nakatawag, maaari ba akong makakuha ng vote-by-mail na balota sa ibang paraan?

Opo. Maaari kayong magpadala ng nakasulat na kahilingan sa Departamento ng mga Eleksyon. Kasama **dapat** sa kahilingang ito ang: nakalimbag na address ng tirahan ninyo, address kung saan ninyo gustong i-mail ang balota, petsa ng kapanga-

nakan ninyo, nakasulat na pangalan ninyo, at ang inyong **pirma**. I-mail ang inyong kahilingan sa Departamento ng mga Eleksyon sa address na nasa likod na pabalat ng pamplet na ito o i-fax ito sa (415) 554-4372. Dapat **matanggap** ang inyong kahilingan sa, o bago sumapit ang, Oktubre 30.

? Kung ako ay nahatulang may-sala sa isang krimen, maaari pa rin ba akong bumoto?

Opo, maaari. Kuwalipikado kayong magparehistro at bumoto kung kayo ay:

- Nahatulang may-sala sa kasong misdemeanor o nakakulong sa bilangguan ng county at nagsisilbi ng sentensiya para sa kasong misdemeanor.
- Nakakulong sa bilangguan ng county dahil ang pagkakakulong ay isang kondisyon ng probation.
- Naka-probation.
- Nasa programa ng mandatory supervision.
- Nasa programa ng post-release community supervision (pamamahala ng county probation matapos makalaya).
- Nakumpleto na ang inyong parole.

Kung naghihintay kayo ng paglilitis o kasalukuyang nililitis, ngunit hindi pa nahatulang may-sala, maaari kayong magparehistro at bumoto.

? Ang aking ika-18 kaarawan ay pagkatapos ng deadline ng pagpaparehistro ngunit sa, o bago ang Araw ng Eleksyon. Maaari ba akong bumoto sa eleksyong ito?

Opo. Maaari kayong magparehistrong bumoto sa mismong, o bago ang, araw ng deadline ng pagpaparehistro, at bumoto sa eleksyong ito—kahit na hindi pa kayo 18 noong nagparehistro kayo.

? Bago pa lamang akong naging mamamayan ng U.S. Maaari ba akong bumoto sa eleksyong ito?

Opo.

- Kung naging mamamayan kayo ng U.S., bago o sa mismong araw ng deadline ng pagpaparehistro (Oktubre 22), maaari kayong bumoto sa eleksyong ito, ngunit kailangan kayong magparehistro nang hindi lampas sa deadline;
- Kung naging mamamayan kayo ng U.S. *pagka-araan* ng deadline ng pagpaparehistro, ngunit bago o sa mismong Araw ng Eleksyon, maaari kayong magparehistro **at** bumoto sa City Hall Voting Center bago mag-8 p.m. sa Araw ng Eleksyon kapag may katibayan ng pagiging mamamayan.



❓ **Lumipat ako sa loob ng San Francisco ngunit hindi ko na-update ang aking rehistrasyon bago dumating ang deadline ng pagpaparehistro. Maaari ba akong bumoto sa eleksyong ito?**

Opo. Ang inyong mga opsiyon ay ang mga sumusunod:

- Pumunta sa City Hall Voting Center, sa mismong Araw ng Eleksyon o bago sumapit ito, kumpletuhin ang form para sa pagpaparehistro ng bagong botante **at** bumoto; o
- Pumunta sa inyong bagong lugar ng botohan sa Araw ng Eleksyon at bumoto sa probisyonal na balota. Maaari ninyong hanapin ang address ng inyong bagong lugar ng botohan sa pamamagitan ng pag-type ng inyong bagong address ng tirahan sa *sfelections.org/pollsite*, o tumawag sa (415) 554-4310.

❓ **Mamamayan ako ng U.S. na nakatira sa ibang bansa. Paano ako makaboboto?**

Maaari kayong magparehistrong bumoto at mapadalhan ng vote-by-mail na balota sa pamamagitan ng pagkumpleto ng Federal Post Card Application. I-download ang aplikasyon mula sa *fvap.gov* o kumuha nito mula sa mga embahada, mga konsulado o mga opisyal ng military na tumutulong sa pagboto.

❓ **Kung hindi ko alam kung ano ang gagawin kapag nakarating na ako sa lugar ng botohan, mayroon bang makatutulong sa akin doon?**

Opo. Tutulungan kayo ng mga manggagawa sa lugar ng botohan, o maaari ninyong tingnan ang *sfelections.org* o tumawag sa Departamento ng mga Eleksyon sa (415) 554-4310 para sa tulong, bago o sa mismong Araw ng Eleksyon.

❓ **Maaari ko bang dalhin ang aking Halimbawang Balota o ang aking sariling listahan sa voting booth?**

Opo. Nakatutulong kung nakapagpasiya na kayo bago pa kayo pumunta sa lugar ng botohan kung sino o ano ang iboboto ninyo. Ang inyong Halimbawang Balota ay makikita sa Ingles na bersiyon ng Pamplet ng Impormasyon para sa Botante. Maaari ninyong gamitin ang alinman sa dalawa, ang Halimbawang Balota o ang Ballot Worksheet na nasa loob nitong pamplet, para sa layuning ito.

❓ **Kailangan ba akong bumoto sa bawat labanan at panukalang-batas na nasa balota?**

Hindi po. Bibilangin ang inyong mga ibinoto kahit na hindi kayo bumoto sa bawat labanan at panukalang-batas.



Elections Commission (Komisyon para sa mga Eleksyon)

Ginagampanan ng Elections Commission ang pagiging awtoridad sa paggawa ng polisiya at pangangasiwa sa lahat ng pampubliko, pederal, pang-estado, pandistrito at munisipal na eleksyon sa Lungsod at County ng San Francisco. Nakatalaga sa Komisyon ang pagtatakda ng mga pangkalahatang polisiya para sa Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon), at responsibilidad nito ang tamang pamamahala sa Departamento hangga't naaayon sa mga probisyon ng Tsarter ukol sa badyet at pinansiya.

Roger Donaldson, Presidente
itinalaga ng City Attorney (Abugado ng Lungsod)

Viva Mogi, Bise Presidente
itinalaga ng District Attorney (Abugado ng Distrito)

Jill Rowe
itinalaga ng Public Defender (Pampublikong Tagapagtanggol)

Charles Jung
itinalaga ng Mayor (Punong-bayan)

Charlotte Hill
itinalaga ng Board of Education (Lupon ng Edukasyon)

Christopher Jerdonek
itinalaga ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor)

Tulongan Kaming Panatilihin ang Kawastuan ng Listahan ng Botante: Abiso tungkol sa Residency Confirmation Postcards (Mga Postcard para Kumpirmahin ang Paninirahan)

Sa Pebrero 2019, magpapadala sa mail ang Departamento ng mga Eleksyon sa ilang botante ng Residency Confirmation Postcards (Mga Postcard para Kumpirmahin ang Paninirahan). Ipadadala sa mail ang mga postcard sa mga botanteng hindi nakaboto sa anumang eleksyon nitong nakaraang apat na taon, at hindi binago o kinumpirma ang impormasyon na nasa rekord ng kanilang rehistrasyon bilang botante sa panahong iyon.

Ang mga botanteng makatatanggap ng postcard at patuloy na naninirahan sa San Francisco ay kailangang tumugon sa loob ng 15 araw para kumpirmahin ang address ng kanilang tahanan upang manatili sa listahan ng mga aktibong botante.

Ilalagay sa listahan ng “hindi aktibong botante” ang mga botanteng hindi tutugon. Nakarehistro pa rin at kuwalipikadong bumoto ang “hindi aktibong” mga botante pero hindi na magpapadala ang Departamento sa mail ng mga materyales para sa eleksyon sa kanila.

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon sa (415) 554-4310, sulatan ang sfvote@sfgov.org, o bisitahin ang tanggapan ng Departamento sa City Hall, Room 48.

★ Batas sa mga Karapatan Ng Botante ★

Ikaw ay may mga sumusunod na karapatan:

- 1. Karapatang bumoto kung ikaw ay isang nakarehistrong botante.** Ikaw ay karapat-dapat bumoto kung ikaw ay:
 - isang mamamayan ng U.S. na naninirahan sa California
 - hindi kukulangin sa 18 taong gulang
 - nakarehistro kung saan ka kasalukuyang naninirahan
 - hindi nakabilanggo o parolado para sa isang peloni
- 2. Karapatang bumoto kung ikaw ay isang nakarehistrong botante kahit na ang iyong pangalan ay wala sa listahan.** Ikaw ay boboto gamit ang isang pansamantalang balota. Ang iyong boto ay ibibilang kung ang mga opisyal sa mga halalan ay nagpasiya na ikaw ay karapat-dapat bumoto.
- 3. Karapatang bumoto kung ikaw ay nakapila pa nang magsasara ang mga lugar ng botohan.**
- 4. Karapatang magpatala ng isang lihim na balota** nang walang gumagambala sa iyo o nagsasabi sa iyo kung sino o ano ang iboboto.
- 5. Karapatang kumuha ng bagong balota kung nagkamali ka,** kung hindi mo pa naipapatala ang iyong balota. Magagawa mong:
 - Humingi sa opisyal sa mga halalan sa isang lugar ng botohan** ng isang bagong balota; o
 - Palitan ang iyong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo** ng isang bagong balota sa isang opisina sa mga halalan, o sa iyong lugar ng botohan; o
 - Bumoto gamit ang isang pansamantalang balota,** kung hindi mo dala ang iyong orihinal na balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo.
- 6. Karapatang humingi ng tulong sa pagpapatala ng iyong balota** mula sa sinumang pinili mo, maliban sa iyong taga-pag-empelyo o kinatawan ng unyon.
- 7. Karapatang ihulog ang iyong kinumpletong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo sa alinmang lugar ng botohan** sa California.
- 8. Karapatang kumuha ng mga materyal sa halalan sa isang wikang iba sa Ingles** kung may sapat na bilang ng mga tao sa iyong presinto ng pagboto na nagsasalita ng wikang iyon.
- 9. Karapatang magtanong sa mga opisyal sa halalan tungkol sa mga pamamaraan ng paghalal** at masdan ang proseso ng halalan. Kung hindi masagot ng taong tinanong mo ang iyong mga katanungan, dapat silang magpadala sa iyo ng tamang tao para sa sagot. Kung ikaw ay nakakaabala, maaari silang tumigil sa pagsagot sa iyo.
- 10. Karapatang iulat ang anumang labag sa batas o madayang gawain sa halalan** sa isang opisyal sa mga halalan o sa opisina ng Kalihim ng Estado.
 - Sa web sa www.sos.ca.gov
 - Sa pamamagitan ng telepono sa (800) 339-2957
 - Sa mail sa elections@sos.ca.gov



Kung naniniwala kayong ipinagkait sa inyo ang alinman sa mga karapatang ito, tumawag sa kumpidensiyal at walang-bayad na Hotline para sa Botante ng Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957.

🔒 Pagiging Kumpidensiyal ng Impormasyon at Mga Rekord ng Botante

Mga Pinahihintulatang Paggagamitan ng Impormasyon para sa Rehistrasyon ng Botante (*California Elections Code section 2157.2*)(*Kodigo ng mga Eleksyon sa California Seksyon 2157.2*)

Ginagamit ang impormasyong nasa inyong form para sa rehistrasyon ng botante ng mga opisyal ng eleksyon para padalhan kayo ng opisyal na impormasyon tungkol sa proseso ng pagboto, tulad ng lokasyon ng inyong lugar ng botohan, at ang mga isyu at mga kandidatong lilitaw sa balota.

Ipinagbabawal ng batas ang komersiyal na paggamit ng impormasyon para sa rehistrasyon ng botante at isa itong misdemeanor. Ang ilang impormasyon tungkol sa botante ay maaaring ibigay, kapag hiniling, para sa layunin ng eleksyon, pag-aaral, pamamahayag, pulitika, o pamahalaan, ayon sa pasya ng Kalihim ng Estado. Halimbawa, maaaring ibigay ang impormasyon sa isang kandidato para sa katungkulan o sa komite ng panukalang-batas. Ang sumusunod na impormasyon ay *hindi maaaring* isiwalat para sa ganitong mga layunin:

- Ang inyong numero ng lisensiya sa pagmamaneho,
- Ang inyong numero ng ID ng estado
- Ang inyong numero ng Social Security

- Ang inyong pirma na ipinapakita sa inyong form para sa rehistrasyon ng botante

Kung may anumang tanong kayo tungkol sa pinaggagamitan ng impormasyon tungkol sa botante o kung gusto ninyong magreport ng pinagsususpetsahan na maling paggamit ng ganoong impormasyon, mangyaring tumawag sa Hotline para sa Botante ng Secretary of State: (800) 339-2957.

🔒 Safe at Home Program (Programang Ligtas sa Tahanan)

Maaaring kuwalipikado ang ilang botante na may mga sitwasyong nagsasapanganib sa kanilang buhay para sa status na kumpidensiyal na botante. Para sa karagdagang impormasyon, tawagan ang Safe at Home program ng Kalihim ng Estado nang walang bayad sa (877) 322-5227, o tingnan ang sos.ca.gov.

Ang sinumang botante ay may karapatan ayon sa California Elections Code Sections 9295 at 13314 na humiling ng writ of mandate (utos sa ahensiya ng gobyerno na sumunod sa batas) o ng injunction (utos ng hukom na nagbabawal o nag-aatas), bago pa man ang paglalathala ng Pamplet ng Impormasyon para sa Botante, para iatas na baguhin o burahin ang anuman o ang lahat ng mga materyal na isinumite para sa paglalathala sa Pamplet.

Talatuntunan

Pamplet ng Impormasyon para sa Botante Pinagsamang Pangkalahatang Eleksyon — Nobyembre 6, 2018

A

Accessible voting para sa mga botanteng may kapansanan.....	12
Accessible na Sistemang Vote-by-Mail.....	11
Address ng inyong lugar ng botohan..... (likod na pabalat)	
Aplikasyon para sa vote-by-mail na balota..... (likod na pabalat)	
Aplikasyon para sa permanenteng vote-by-mail na estado..... (likod na pabalat)	

B

Batas sa mga karapatan ng botante.....	81
--	----

D

Direktor, Sulat mula sa.....	2
------------------------------	---

E

Eleksyon sa California.....	9
-----------------------------	---

I

Itanong, Mga madalas na.....	78
------------------------------	----

K

Kandidato at katungkulan, impormasyon tungkol sa mga.....	17
---	----

Kandidato, mga pahayag ng kuwalipikasyon

Kandidato para sa Kinatawan ng Estados Unidos.....	20
Kandidato para sa Asembleya ng Estado.....	22
Kandidato para sa Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad.....	24
Kandidato para sa Direktor ng BART.....	26
Kandidato para sa Lupon ng Edukasyon.....	29
Kandidato para sa Assessor-Recorder (Tagatasa-Tagatala).....	39
Kandidato para sa Public Defender (Pampublikong Tagapagtanggol).....	40
Kandidato para sa Lupon ng mga Superbisor.....	41
Klase sa Ingles, libreng.....	15
Komite para Gawing mas Simple ang Balota.....	3
Kumpidensiyal (Pagiging) at mga rekord ng botante.....	81

L

Layunin ng Pamplet ng Impormasyon para sa Botante at Gabay ng Impormasyon para sa Botante.....	3
Lokal na panukalang-batas na nasa balota at mga argumento, impormasyon tungkol sa.....	53
A: Earthquake Safety Bond (Utang na Pangkaligtasan mula sa Lindol) para sa Embarcadero Seawall.....	58
B: Mga Gabay ng Lungsod ukol sa Pagiging Pribado ng Impormasyon.....	62
C: Karagdagang mga Buwis sa Negosyo para Mapondohan ang mga Serbisyo sa Homeless o Walang Tahanan.....	66
D: Karagdagang Buwis sa mga Negosyo ng Cannabis; Pagpapalawak sa mga Negosyong Pinapatawan ng mga Buwis sa Negosyo.....	70
E: Alokasyon ng Bahagi ng Buwis sa mga Hotel para sa Paggamit sa Sining at Kultura.....	74
Lugar ng botohan, kumpirmahin ang lokasyon.....	4

M

Maagang pagboto.....	5
Makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon..... (loob ng likod na pabalat)	

N

Nagkamali habang bumoboto, paano makakakuha ng balota.....	8
--	---

P

Pagboto sa pamamagitan ng mail o koreo.....	5
Pagboto, Mga instruksiyon sa.....	6
Pag-endorso ng partido.....	18
Permanenteng pagboto sa pamamagitan ng mail, Impormasyon tungkol sa.....	5
Petsa, Mga importante..... (loob ng harap na pabalat)	
Programang Ligtas sa Tahanan.....	81

R

Ranked-choice voting (Pagboto na aantasin ang mga piniling kandidato).....	7
---	---

S

Salitang dapat ninyong malaman.....	56
-------------------------------------	----

W

Website ng Departamento ng mga Eleksyon... (loob ng likod na pabalat)	
Wikang Filipino, Tulong sa.....	15
Worksheet ng Balota.....	83





Worksheet ng Balota

Magtipid ng oras sa pagboto! Isulat ang mga pinili dito.

Gamitin kapag nagmamarka ng inyong balota. Hindi lahat ng botante ay kuwalipikado na bumoto sa lahat ng paligsahan. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang inyong halimbawang balota.

MGA KATUNGKULANG NOMINADO NG BOTANTE

Gobernador (*Bumoto ng isa*) _____

Tenyente Gobernador (*Bumoto ng isa*) _____

Kalihim ng Estado (*Bumoto ng isa*) _____

Kontroler (*Bumoto ng isa*) _____

Ingat-Yaman (*Bumoto ng isa*) _____

Pangkalahatang Abugado (*Bumoto ng isa*) _____

Komisyonado ng Seguro (*Bumoto ng isa*) _____

Senado ng Estados Unidos (*Bumoto ng isa*) _____

Miyembro ng Lupon ng Tagasingil ng Buwis (*Bumoto ng isa*) _____

Kinatawan ng Estado Unidos (*Bumoto ng isa*) _____

Miyembro ng Asembleya ng Estado (*Bumoto ng isa*) _____

MGA KATUNGKULANG HINDI MAKAPARTIDO

Kasamang Mahistrado ng Korte Suprema, Carol A. Corrigan (*Iboto ang "Oo" o ang "Hindi"*) _____

Kasamang Mahistrado ng Korte Suprema, Leandra R. Kruger (*Iboto ang "Oo" o ang "Hindi"*) _____

Namamatnugot na Mahistrado, Korte ng Pag-Apela, Distrito 1, Dibisyon 1, James M. Humes (*Iboto ang "Oo" o ang "Hindi"*) _____

Kasamang Mahistrado, Korte ng Pag-Apela, Distrito 1, Dibisyon 1, Sandra Margulies (*Iboto ang "Oo" o ang "Hindi"*) _____

Kasamang Mahistrado, Korte ng Pag-Apela, Distrito 1, Dibisyon 2, James A. Richman (*Iboto ang "Oo" o ang "Hindi"*) _____

Kasamang Mahistrado, Korte ng Pag-Apela, Distrito 1, Dibisyon 2, Marla Miller (*Iboto ang "Oo" o ang "Hindi"*) _____

Namamatnugot na Mahistrado, Korte ng Pag-Apela, Distrito 1, Dibisyon 3, Peter John Siggins (*Iboto ang "Oo" o ang "Hindi"*) _____

Kasamang Mahistrado, Korte ng Pag-Apela, Distrito 1, Dibisyon 4, Jon B. Streeter (*Iboto ang "Oo" o ang "Hindi"*) _____

Kasamang Mahistrado, Korte ng Pag-Apela, Distrito 1, Dibisyon 4, Alison M. Tucher (*Iboto ang "Oo" o ang "Hindi"*) _____

Namamatnugot na Mahistrado, Korte ng Pag-Apela, Distrito 1, Dibisyon 5, Barbara Jones (*Iboto ang "Oo" o ang "Hindi"*) _____

Superintendente ng Pamublikong Pagtuturo (*Bumoto ng isa*) _____

Miyembro, Lupon ng Edukasyon (*Bumoto ng hindi hihigit sa tatlo*) _____

Miyembro, Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad (*Bumoto ng hindi hihigit sa tatlo*) _____

Direktor ng BART, Distrito 8 (*Bumoto ng isa*) _____

(Ang worksheet ng balota ay nagpapatuloy sa susunod na pahina)





(Worksheet ng balota, nagpapatuloy)

**Assessor-Recorder
(Tagatasa-Tagatala)**

(Mag-antas ng hanggang tatlong pinili)

Unang Pinili

Pangalawang Pinili

Pangatlong Pinili

**Public Defender
(Pamublikong Tagapagtanggol)**

(Mag-antas ng hanggang tatlong pinili)

Unang Pinili

Pangalawang Pinili

Pangatlong Pinili

**Miyembro, Lupon ng mga Superbisor
(distritong may numerong even lamang)**

(Mag-antas ng hanggang tatlong pinili)

Unang Pinili

Pangalawang Pinili

Pangatlong Pinili

MGA PROPOSISYON

TITULO:	OO	HINDI
1: Nagpapahintulot ng mga Bono upang Pondohan ang Tinutukoy na mga Programang Tulong sa Pabahay.		
2: Nagpapahintulot ng mga Bono upang Pondohan ang Kasalukuyang Programang Pabahay para sa mga Taong May Sakit sa Isip [Program for Individuals with Mental Illness].		
3: Nagpapahintulot ng mga Bono upang Pondohan ang mga Proyekto para sa Suplay at Kalidad ng Tubig, Himpilan ng Tubig, Isda, Ligaw na Buhay, Paghahatid ng Tubig, at Kakayahan sa Pagpapatuloy at Pag-iimbak ng Tubig sa Lupa.		
4: Nagpapahintulot ng mga Bonong Nagpopondo ng Konstruksiyon sa mga Ospital na Nagkakaloob ng Pangangalagang Pangkalusugan ng mga Bata.		
5: Binabago ang mga Iniaatas para sa Partikular na mga May-ari ng Ari-arian upang Ilipat ang Batayan sa Buwis ng Kanilang Ari-arian Patungo sa Pamalit na Ari-arian.		
6: Inaalas ang Partikular na Pagpopondo sa Pagkukumpuni ng Daan at Transportasyon. Nag-aatas na ang Partikular na mga Buwis sa Gatong at mga Singil sa Sasakyan ay Aprobahan ng mga Manghahalal.		
7: Pinasusunod sa Pederal na Batas ang Oras ng Mas Mahusay na Paggamit ng Liwanang ng Araw ng California. Nagpapahintulot sa Lehislatura na Palitan ang Panahon ng Oras ng Mas Mahusay na Paggamit ng Liwanang ng Araw.		
8: Isinasailalim sa Pagkontrol ang mga Halagang Sinisingil ng mga Klinika ng Diyalisis ng Bato ng Panlabas na Pasyente para sa Paggamot sa Pamamagitan ng Diyalisis.		
9: Inalis ang Proposisyon 9 sa balota ayon sa utos ng Korte Suprema ng California.		
10: Nagpapalawak ng Awtoridad ng mga Lokal na Pamahalaan upang Magsabatas ng Pagkontrol ng Renta sa Ari-ariang Pantahanan.		
11: Nag-aatas sa mga Empleyado ng Pribadong Sektor na Ambulansiyang Pang-Emerhensiya na Manatiling Matatawagan sa mga Oras ng Pahinga sa Trabaho. Nag-aalis ng Partikular na Pananagutan ng Taga-pag-empleyo.		
12: Nagtatatag ng mga Bagong Pamantayan para sa Pagkulong ng mga Tinutukoy na Pambukid na Hayop, Ipinagbabawal ang Pagbebenta ng mga Di-Sumusunod na Produkto.		
A: Earthquake Safety Bond (Utang na Pangkaligtasan mula sa Lindol) para sa Embarcadero Seawall		
B: Mga Gabay ng Lungsod ukol sa Pagiging Pribado ng Impormasyon		
C: Karagdagang mga Buwis sa Negosyo para Mapondohan ang mga Serbisyo sa Homeless o Walang Tahanan		
D: Karagdagang Buwis sa mga Negosyo ng Cannabis; Pagpapalawak sa mga Negosyong Pinapatawan ng mga Buwis sa Negosyo		
E: Alokasyon ng Bahagi ng Buwis sa mga Hotel para sa Paggamit sa Sining at Kultura		

MGA TALA:

